


MGA TANONG AT MGA SAGOT SA MGA TATAK

 [Isang kapatid na lalaki ang nagsalita sa ibang wika. Isa pang kapatid na lalaki ang nagbigay ng pagpapaliwanag. Ang kongregasyon ay dumalangin ng malakas—Pat.]

Ama naming Makalangit, kami ay totoong nagpapasalamat para sa pagkakataong ito na kami ay nakapagtitipon muli sa palibot ng Salita ng Diyos, sa Presensiya ng Diyos. Kami ay lubos na nagpapasalamat na Ikaw ay sumasa amin, sa umagang ito, upang tulungan kami at upang pagpalain kami. Hinihiling namin ang kapatawaran ng aming mga kasalanan, na ang aming mga lampara nawa’y mapuno ng Langis, at mapag-igi at sumisindi, na gagamitin Mo kami ngayon upang parangalan ang Iyong dakilang Pangalan. Sapagka’t hinihiling namin ito sa Pangalan ng pinakamamahal na Anak ng Diyos, si Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

² Ako ay papasok pa lamang nang marinig ko ang mensaheng iyan na ipinahahayag. Kaya ako’y . . . Ito’y totoo na kailangan nating panatilihin ang ating mga lampara na puno, panatilihin ang ating . . . Alam n’yo, kapag ang . . . Sa pagsindi ninyo hindi kayo makakapagpatuloy sa kung ano ang inyong nagawa, ngayon. Kita n’yo? Sapagka’t, ang apoy, sa pagsusunog ng langis, ay gumagawa ng karbon. Kaya iyan ang dahilan nang pag-aalis ng . . . kailangang ang mga ilawan ninyo ay mapag-igi, dahil sa karbon sa itaas ng—ng mitsa. Marami sa inyong mga tao na kasing edad ko, nang ginagamit pa natin ang—ang lamparang de-langis, kita n’yo, sila . . . Iyan—iyan— iyan ay nagkakaroon ng karbon sa dulo, kung saan iyan ay nasusunog, at dahil doon ito ay makakasagabal sa liwanag. Kaya kailangan palagi mong alisin ang lahat ng karbon mula roon, at upang tayo ay “magmadali sa pagsulong, patungo sa hangganan ng mataas na pagtawag na kay Cristo.”

³ Ngayon, ito’y isang—isang kaaya-aya, magandang umaga, sa labas at loob, habang ang panahon ng Linggo ng Pagkabuhay na ito ay papalapit ngayon.

⁴ At—at papalapit na tayo ngayon sa huling Tatak, mamayang gabi, sa kalooban ng Panginoon. At Ito’y isang napaka hiwagang Tatak, napaka, napaka, sapagka’t ni hindi man lamang Ito—hindi man lamang Ito nabanggit sa mga Kasulatan kahit saan, walang mga simbolo, anumang bagay upang panghawakan. Kailangang dumating Ito ng direkta mismo mula sa Langit.

⁵ At ito’y—ito’y isang—tila isang medyo nakakapagod na oras para sa akin. Naging napakahirap nito, sa buong sanlinggo. Ngayon ito ang aking. . . magiging ang ikawalo kong araw sa isang silid. At napansin ko rito, na marami, sa mga kahilingang ito, medyo kailangan kong mamili. Mayroong marami sa kanila na nagnanais ng mga pakikipanayam. At ako—gusto ko iyan. Nais ko na—na ibigay iyan ngayon, kita n’yo, ngunit ako—hindi ko magagawa mismo ngayon. Dahil, nauunawaan ninyo, na ang—ang kabuuan ng sinisikap nating gawin ngayon ay hanapin ang kapahayagan ng kalooban ng Panginoon, kita n’yo. Pagkatapos ay mayroon tayong pakikipanayam, tungo sa kabilang bahagi ng kung ano pang bagay, kita n’yo.

⁶ At, pagkatapos, at tulad sa pananalangin para sa may karamdaman, iyan sa kabuuan ay iba. Kayo. . . Iyon ay mga pangitain at mga bagay; kayo’y nag-aaral ng kaiba, at kayo—kayo ay napahiran ng naiiba. Katulad lamang iyon ng sinabi ng Biblia na mayroong, “Isang—isang punong kahoy na nakatanim sa tabi ng—ng mga agos ng tubig.” “Mga agos ng tubig,” kita n’yo, siya ring tubig, ngunit mayroong isang sangay na nanggagaling sa gawing *ito*, sa gawing *ito*, at sa gawing *ito*. Depende sa kung anong sangay. Ito’y gayun ding Espiritu.

⁷ Si, Pablo, sa Unang Mga Taga Corinto 12, ay gumawa ng gayun ding bagay, nangusap patungkol sa, “Mayroong maraming mga kaloob, ngunit iyon ay gayun ding Espiritu.”

⁸ Kaya, kita n’yo, kung nagtatrabaho kayo, tulad, sa isang bagay, pagkatapos ay mabago upang humantong dito sa panibago pang bagay sa banda *rito*. Alam n’yo na ang ibig kong sabihin. Inyong—pag-aralan n’yo ang linyang iyan, kinukuha n’yo ang mga tao. . . At ngayon ang kanilang mga puso ay nakahanda ng lahat, “Ano ang mga Tatak na ito?” Ang atensiyon nila, “Ano Iyon?” Gabi gabi, kapag ako ay dumarating dito, mayroong gayon na lamang na pagkabahala, hanggang sa kailangan kong mangusap patungkol sa iba pang bagay; para tipong magawa—magawa itong mapatahimik, kita n’yo, at, pagkatapos, hanggang buksan ng Banal na Espiritu ang Tatak. At pagkatapos—pagkatapos kailangan kong, bawat gabi tulad niyan. Pagkatapos kapag binago natin iyan patungo sa pagpapagaling o ibang bagay, kita n’yo, kayo. . . Ang lahat ng mga tao ay nakahanda na sa isang bagay. Hindi mo halos iyon mababago pabalik sa iba, kaagad-agad.

⁹ At—at pagkatapos, gayun din, nalalaman na mismo sa kalagitnaan ninyo ang mga bagay ay nagaganap, kita n’yo, na ako—ako lamang ay. . . Ako—alam ko. Alam kong inyong—hindi n’yo nakikita ito, kita n’yo. Ako ay sadyang positibo lamang na hindi n’yo nakikita ito, kita n’yo. At sasabihin ninyo, “Kapatid na Branham, iyan ay isang mahirap na bagay para sa iyo na sabihin mo iyan.” Alam kong iyon nga.

10 Ngunit, tingnan, hayaan n'yo lamang akong sabihin ko ito ngayon. Sa palagay ko ito ay mga teyp lamang para sa ating mga sarili, at kung anu-ano pa. Ngunit hayaan n'yong sabihin ko ito, kita n'yo. Na, kayo—hindi n'yo. . . Hindi n'yo nakuha ito, kita n'yo, at hindi n'yo dapat na makuha iyon. Kaya huwag piliting ipaliwanag ang anu pa mang bagay, kita n'yo. Huwag ninyong piliting ilagay ang pagpapaliwanag ninyo roon; kayo lamang—kayo lamang ay lalong napapalayo. Sundin lamang ang payo ko, kung pinaniniwalaan n'yo ako ngayon, kung ang Diyos ay—ay binigyan ako ng biyaya ng Diyos sa inyong paningin.

11 At alam n'yo, na, yaong mga kapahayagan at mga bagay. Ako—ako ay kasa-kasama n'yo na rito sa loob ng mahabang panahon, kita n'yo, at ito'y palaging tama. At ngayon upang lalong patunayan ito ng doble, na tama, iyon ay umaayon mismo sa Salita. Kita n'yo? Kaya, alam n'yong Ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyan ay eksakto. Kita n'yo, Ito'y napatunayan na sa inyo.

12 Ngayon sundin ang payo ko, bilang kapatid n'yo. Huwag ilagay ang sarili ninyong pagpapaliwanag sa anumang bagay. Kayo ay magpatuloy lamang at mabuhay ng isang mabuting buhay Cristiano. Dahil, dadalhin n'yo lamang ang sarili ninyo palayo mula sa tunay na bagay kapag ginawa n'yo iyon. Kita n'yo? Inyo, dadalhin n'yo lamang ang landas ninyo palayo muli mula sa bagay.

13 At lahat kayo ay may kamalayan at nalalaman na mayroong isang bagay na mahiwaga ang nagaganap. At ito ay nagaganap. At batid ko kung ano ito. Ngayon, hindi ko lamang sinasabi iyan; ito'y ang biyaya ng Diyos na pinayagan akong malaman kung ano iyon. Ito'y isang bagay na kamangha-mangha. At ito'y wala na mismo ngayon, at wala ng paraan pa sa mundo para sa inyo upang makita ito. At ito'y. . . Ako. . . Ngunit, kaya tulungan ako, sa pamamagitan ng Bibliang ito sa kamay ko, alam ko kung ano iyon. Ito'y naipangusap na sa inyo, noong una. Kaya sadyang—huwag lamang sikaping maglagay ng anumang pagpapaliwanag, kundi paniwalaan lamang ako, bilang kapatid ninyo. Kita n'yo? Tayo'y nabubuhay sa isang napaka halagang oras. Tayo'y nabubuhay sa isang panahon kung saan ang. . . Buweno, tayoy. . .

14 Ngayon, kayo ay maging totoong mapagpakumbaba lamang, maging isang Cristiano, at sikaping mamuhay para sa Diyos. At mamuhay ng tapat sa inyong kapwa tao, at mahal inyaong mga hindi nagmamahal sa inyo. Huwag sikaping gumawa ng anumang. . . Nakita n'yo, gawin n'yo, ginagawa n'yo lamang ito na isang bagay na mahiwaga, at ginugulo ang tunay na programa ng Diyos. Kita n'yo?

15 Kahapon ng hapon, may bagay na naganap sa silid ko, na ako'y—hindi ko magagawa na—na iwan ito, kita n'yo. At kaya

kayo...At mga dalawang linggo ang nakararaan, mayroong bagay na naganap, ito'y hindi kailan man magagawang... Hangga't ako ay nabubuhay sa mundong ito, ako—hindi ko magagawang lumayo mula roon, kita n'yo. At, kaya, ngunit. . .

¹⁶ At ang—ang iglesya, hindi n'yo dapat malaman ang mga bagay na ito, kaya huwag maglagay ng anumang pagpapaliwanag sa anumang bagay. Kita n'yo? Kayo ay magpatuloy lamang at alalahanin lamang kung anong sinabi sa inyo. Mamuhay ng isang Cristianong pamumuhay. Pumunta sa inyong simbahan. Maging isang tunay na liwanag kahit nasaan man kayo, at mag-aalab lamang para kay Cristo, at sabihin sa mga tao na kung gaano n'yo Siya kamahal. At hayaang ang inyong mga patotoo ay may kalakip ng pag-ibig, sa lahat ng pagkakataon, sa mga tao. Kita n'yo? Dahil, kung hindi n'yo gagawin, ililihis n'yo ang sarili ninyo patungo sa isang bagay roon, at pagkatapos kayo'y—kayo'y wala na sa tamang landas. Kita n'yo, sa bawat pagkakataong tinatangka ninyong gawin ito, nagawa n'yo ito. Kita n'yo? Kaya huwag lamang, huwag, huwag tangkaing gumawa ng anumang pagpapaliwanag.

¹⁷ At lalung-lalo na, ngayong gabi, kapag ang Tatak na iyan ay dumating sa harapan n'yo, kita n'yo, huwag lamang tangkaing ipaliwanag Ito. Kayo ay magpatuloy lamang at maging mapagpakumbaba lamang, at magpatuloy na taglay ang gayun ding simpleng Mensahe.

¹⁸ Ngayon sasabihin ninyo, “Kapatid na Branham, iyan ba'y...Tayo, bilang ang Iglesya ng buhay na Diyos, hindi ba dapat tayo'y...” Buweno, habang sinisikap kong...Tumingin dito, nais kong sabihing...Sabihing, “Buweno, bakit hindi ko magawa? Kailangan kong magkaroon...” Hindi. Ngayon, huwag.

¹⁹ Tandaan, sinasabi ko ito para sa kabutihan n'yo. Kita n'yo, sinasabi ko ito upang maunawaan ninyo. Kung pinaniniwalaan n'yo ako, ngayon, makinig sa kung anong sinasabi ko sa inyo. Kita n'yo? Kita n'yo?

²⁰ Ngayon, dito, ngayon heto ang isang pook, at, iya'y, tatawagin natin iyan na isang pook pakinigan, kita n'yo. At sa loob nito'y, mayroong radyo, kita n'yo, at mayroong mga babala at mga bagay na magagawa. Tulad ng isang tabak sa inyong kamay, kita n'yo, ito ay maaaring pumulot mula sa masama o pumulot mula lamang habang ito'y...ito'y kumukuha ng mensahe nito, kita n'yo.

²¹ Ngayon, ngunit ngayon, halimbawa, sa ordinaryong tao, mayroong napakaraming mga kulto at mga samahan na naglitawan, mula sa mumunting mga pagbubuhos ng Espiritu, hanggang ang lahat ng mga tao ay natatangay sa isang sari-saring bagay, humayo at magpapasimula ng pang-munting kilusan, at, alam n'yo na, at bagay. Kita n'yo? Hindi n'yo

gustong gawin iyan ngayon. Kita n'yo? Ngayon, tandaan lamang, manatili lamang sa paraan na kung ano kayo.

22 At sasabihin ninyo, “Buweno, ipinakita ng Panginoon . . .” Hindi. Ngayon maging maingat lamang, kita n'yo.

23 Tumingin dito. Hayaang ipakita ko sa inyo ang isang bagay, kita n'yo. Alam n'yo ba na mayroong sampung libong mga tinig sa silid na ito mismo ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Sa literal, mga tinig ng mga tao na nanggagaling sa pamamagitan ng mga elektronikang daluyong ng radyo! Bakit hindi n'yo sila naririnig? Sila ay mga tinig. Iyan ba'y tama? [“Amen.”] Sila ay dumadaluyong mismo rito ngayon. Mayroong mga anyo ng tao at mga katawang kumikilos mismo sa silid na ito ngayon. Iyan ba'y tama? [“Amen.”] Buweno, bakit hindi n'yo sila nakikita? Kita n'yo? Sila ay narito, mga aktuwal na tinig tulad ng aking tinig. Buweno, bakit hindi n'yo naririnig ito? Kita n'yo? Ito'y kailangang tumama muna sa isang bagay, upang ihayag ito. Kita n'yo? Ngayon naunawaan n'yo na? [“Amen.”]

24 Ngayon huwag lamang ipaliwanag ang anumang bagay. Kung gusto ng Diyos na ipaalam sa inyo ang anumang bagay, ipadadala Niya ito sa inyo. Kita n'yo? Kaya sadyang maging totoong, tunay na solido ngayon. Panghawakan iyon, may bagay na naganap. At ngayon maging totoong . . . Nauunawaan ninyo kung anong ibig kong sabihin, hindi ba? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] At sadyang maging . . . Huwag tangkaing gawin ang sarili ninyo na kakatwa, upang maging isang Cristiano, sapagka't inyong—dadalhin ninyo ang inyong sarili palayo mula sa Diyos. At kayo—kayo—kayo . . .

25 Kung nauunawaan n'yo ito, ito yaong Ikatlong Hatak. Kita n'yo? Inyong—dapat napag-unawa ninyo iyan, noong isang araw. Kita n'yo? Kaya kung gayon, tandaan lamang, hindi magkakaroon ng anumang pagpapanggap tulad ng mayroong sa ibang dalawa. Kita n'yo? Kaya, ito'y kasing layo ng inyong—dapat n'yong malaman ngayon. Sadyang—tandaan lamang iyan . . .

26 Kita n'yo, ngayon, mayroong bagay na nagaganap sa silid na ito, at mayroong Bagay dito. Mayroon—mayroong, aktuwal, sa silid na ito, mga Anghel, Tinig ng Diyos. Kita n'yo? Ngunit paano n'yong . . . Hindi n'yo . . . Kung hindi ninyo marinig ang natural na tinig, nang walang isang bagay upang Ipadala ito palabas, paano ninyo maririnig ang espirituwal na Tinig?

27 Ngayon maari ninyong paniwalaan kunwari na mayroong isang tao na umaawit ng isang awiting *ito*. Sila ay maaring ni wala naman doon, kita n'yo. Ngunit kapag aktuwal na tinamaan nito ang kristal na dapat tamaan, kung gayon ito ay nagbibigay ng isang tunay na pagpapaliwanag, at ipinapakita, pinatutunayan ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan.

Nakita n'yo kung anong ibig kong sabihin? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁸ Ngayon, ang Espiritu ng Diyos, kapag Ito ay nangusap sa pamamagitan ng tunay na Salita, pinagtitibay Nito ang Kaniyang Sarili, upang ipakita ang Kaniyang Sarili, na Ito'y tama. Naunawaan n'yo na ngayon? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti.

Ngayon tayo ay dumalangin lamang, muli.

²⁹ Makalangit na Ama, kami ngayon ay handa upang un... buksan ang mga takip ng Aklat ng ito, at bilang ang pisikal na bahagi ng—ng pagsisikap na ibigay pabalik sa kung ano ang Iyong binuksan sa amin sa espirituwal na kalalagayan. At ngayon ako ay dumadalangin, Diyos, na tulungan Mo ako upang maibigay ang tamang pagpapaliwanag sa mga katanungang sa mga tanong na ito. Na iyon nawa ay masabi na—na sila ay... Sila'y makatulong sa mga tao. Sila ay makapagbigay sa kanila ng pang-unawa. At idinadalangin ko na ibibigay Mo sa akin ang pang-unawa, na akin nawang maipaabot Ito sa Iyong mga tao, na sila nawa ay magkaroon ng pang-unawa, upang sama-sama kami ay makapamuhay sa kaluwalhatian at karangalan ng Diyos, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³⁰ Ngayon, nais ko lamang sabihin iyan.

³¹ At akala ko ay kinokontrol ng bagay na ito *dito* ang mga teyp na iyon, ngunit hindi pala, kita n'yo. At ito ay isang— isang ilawan ng lamesa. At akala ko'y ang taga-kontrol ng teyp ay dati naririto. Ngunit sinabi sa akin na gumawa lamang ng senyas sa mga kapatiran sa—sa silid doon, ang silid ng rekording, at kanilang malalaman kung kailan ititigil ang mga teyp, at kung kailan hindi.

³² Kita n'yo, ang mga teyp ay mayroong pang-buong mundong ministeryo sa lahat ng dako, kita n'yo, sa lahat ng dako. Ito ay tumutungo sa lahat ng uri ng mga wika at lahat ng bagay. Kaya mayroong mga bagay na ating sasabihin mismo rito, hindi natin sasabihin sa kung saan pang dako, nakita n'yo, at iyan ang dahilan na ating itinigil ito.

³³ Ngayon, ang pagsagot sa mga tanong ay isang mahirap na bagay. Kaya, ako—ako ngayon... Sa—sa—sa pagsagot nito, ang halos lahat ng mga ito, ang halos lahat sa mga katunungan, sa labas ng... Ngayon, bawat isa... Ang ilan sa kanila ay ni hindi patungkol sa Mensahe, sa anumang paraan, ngunit ako ay tutungo upang... o sa Mga Tatak man, ngunit aking sisikapin na sagutin ang mga iyon. At iyon ay ibinigay sa akin, at tulad ng kung paano sila nasabihan. Sinabi na sa akin ang karamihan sa mga iyon. O, isang malaking bilang niyon ay patungkol sa mga kahilingan para sa panalangin, at ang may karamdaman at nahihirapan. At—at iba't-ibang mga bagay tulad niyan, ito ay nagpatuloy, at kaya ito ay hindi tumutukoy ng anumang

bagay sa anumang katanungan na dapat sagutin. At pagkatapos sila. . .Ako ay binigyan ng isang bungkos na—na patungkol sa iba't-ibang mga bagay, ang Kasulatan at mga bagay; ngunit marahil, kung tayo ay may panahon, sisikapin nating sagutin yaon sa abot ng ating makakaya. Ngayon, at kung ako ay makagawa ng isang pagkakamali, aba, tandaan, ito'y hindi sinasadyang maging isang pagkakamali.

³⁴ Kaya ang lahat ba ay nakadarama ng mabuti? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Amen. Hindi ba ito ay napaka. . .Pag-usapan ang tungkol sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus, anong kamangha-manghang dako, anong kamangha-manghang panahon!

³⁵ Sa lahat ng pagkakataon na ako ay nasa likuran ng pulpito sa tabernakulo, ako ay hindi kailanman, hindang-hindi, sa anumang panahon ng aking ministerio, hindi pa kailanman gumawa tungo sa mga dako ng Diyos at sa mga espirituwal na dako tulad sa pagkakataong ito; lagpas sa anumang bagay na nagawa ko sa anumang panahon ng ministerio, sa anumang pagtitipon saan mang dako, tulad nito. Karamihan, ito'y nasa pagpapagaling. Ito ay paghahayag ng mga Katotohanan, sa pamamagitan ng siya ring Espiritu, siya ring Espiritu.

³⁶ At ako—ibinukod ko ang aking sarili, ng lubusan, at umuupa sa isang dako, o tutungo kakain sa isang dako. At ako ay sadyang nag-iisa, kaya ito'y talagang naging isang dakilang pagkakataon.

³⁷ At ngayon, kaagad-agad, kung hindi sa umaga, o sa susunod na umaga, Ako. . .Malamang, kung tayo'y makakatapos sa takdang oras, ako ay sadyang mananalangin para sa may karamdaman sa umagang ito, kung hindi masyadong magtatagal ang mga katanungang ito.

³⁸ Kaya ako—ako ay kailangang makapaghanda sa aking sarili sa kaunting panahon, kita n'yo. Ang isip ng tao ay makatatagal lang ng ganoon katagal. Kita n'yo? At kapag kayo ay dumako sa isang dako kung saan kayo ay nakaupo ng isang oras, pinamamanhid ng Presensiya ng Diyos, at ang Haligi ng Apoy ay nakabitin diyan sa harapan n'yo, kayo—hindi kayo makakapanatili riyan ng masyadong matagal, kita n'yo. Ang tao ay hindi kayang, hindi kayang tagalan ito.

³⁹ At kaya, ngayon, ang mga katanungang ito ay talagang mainam. Pinasasalamat ko, at ang karunungan at mga bagay na ginamit ng mga tao. Ngayon, para sa isang nauna. At sisikapin kong sagutin yaon. At pagkatapos kung ako—hindi ko makuha ito ng tama, buweno, inyo—patawarin n'yo ako kung gayon.

⁴⁰ At kung kayo ay mayroong ibang pagpapaliwanag, at naniniwala na ang inyong ideya hinggil dito ay tama, buweno, magpatuloy lamang mismo pasulong. Hindi iyan makasasakit,

sapagka't wala halos ni isa o dalawa sa kanila na pumapatungkol sa anumang bagay tungkol sa kaligtasan. Ito'y tanging. . .

⁴¹ Karamihan sa mga katanungan ay, naitanong, sa kabilang bahaging ito ng kapig- . . . o sa Pag-agaw ng Iglesya. Kaya, kita n'yo, ito'y mga katanungan patungkol dito, na siyang darating at magaganap, doon sa kabilang mga bahagi. Dahil, tayo ngayon ay lagpas na sa kapanahunan ng iglesya, sa ating mga pagtuturo sa—sa Aklat. Tayo'y lagpas na, doon sa panahon ng pagtawag sa isang daan at apatnapu't-apat na libo. Ngayon ang naunang isa rito:

1. Ang limang matatalinong dalaga ba, ng Mateo 25, ay mga tagapagsilbi sa—sa Nobya, o sila ba ang Nobya? Kita n'yo? Kung ang mga matatalinong dalagang ito ang mga tagapagsilbi sa Nobya, nasaan ang Nobya?

⁴² Kita n'yo, ngayon, sa abot ng aking pang-unawa, ang limang dalagang ito. . . Mayroong sampo sa kanila, alam n'yo, na lumabas, kita n'yo. At ito rito ay isang simbolo lamang, o isang parabula, kita n'yo, na—na aking sasabihin sa inyo. Kita n'yo, mayroong sampu sa kanila. Siyempre, mayroong higit pa sa sampu. Iyan lamang ay ginawang isang bilang. Ngunit, pagkatapos, ang—ang mga matatalinong dalaga ay mayroong Langis sa kanilang mga ilawan. Ang mga di-matatalino ay walang Langis sa kanilang mga ilawan.

⁴³ “Kaya kung ang sampung iyon doon, ng Mateo, kung . . .” Ito ang—ang katanungan ng tao. “Kung ang sampung iyon, doon, iyan ba ay nangangahulugan na iyan ang magiging ang . . . o ang limang ito, pala, iyan ay magiging lima lamang, kita n'yo, limang tao lamang?” Hindi, ito ay hindi nangangahulugan ng ganiyan.

⁴⁴ Ito ay isang simbolo lamang, ng mga dalaga, kita n'yo, ng dalaga na lumabas na may Langis sa kanilang ilawan. Sila ay isang bahagi ng Nobyang iyan. At sa aking pagkaunawa . . .

⁴⁵ At pagkatapos napansin ninyo, ngayon, na sila ang mga dalaga ng huling pagbabantay. Dumating pababa tuloy-tuloy sa mga pagbabantay, mayroong pitong pagbabantay. At sa ikapitong pagbabantay, ang oras ng hatinggabi, na ating kasalukuyang nakikita ngayon, kita n'yo. Ngayon, sa hatinggabi pagbabantay na ito, ang mga dalagang ito ay nagising at pinag-igi ang kanilang mga ilawan, at pumasok; habang ang nangatutulong na dalaga . . .

⁴⁶ “Ngayon ang bahaging ito dito, itong lima,” kung iyan ang ibig sabihin ng katanungan, anong ibig sabihin, “mayroon lamang bang lima?” At mayroon tayong maraming nga katanungan dito, tungkol sa—sa pitong libo, at iba pa. Ngayon, iyan, iyan ay isang simbolo lamang, ang bahagi niyon. At lahat ng nangagising sa huling kapanahunang ito rito, ang ikapitong pagbabantay, na . . . “Kung wala kundi—kundi lima na nagising

sa panahong iyon, na nailipat, pumasok kasama ng Nobya, at iba pa, ang Nobyo? Ngayon kung sila mismo . . .”

47 Hindi iyan nangangahulugan na magkakaroon lamang ng lima. Sapagka't, sila ay nangatatulog, lahat pababa sa kabuuan ng mga kapanahunan; tulad ng ating napag-aralan sa sanglinggong ito, kita n'yo.

48 Sa mga araw ni—ni Pablo, ang anghel ng iglesya sa Epesus; si Pablo, nagtayo ng iglesyang ito, bilang ang mensahero nito. Tandaan, si Pablo, na nagtatag ng iglesya sa Efeso, ay naging ang mensahero sa iglesyang iyan. At ang Espiritu, na nasa lupain ng panahong iyon, ay isang Espiritung leon. At ang leon ay ang Leon sa tribu ni Juda, na siyang si Cristo, at si Cristo ay ang Salita. Si Pablo, taglay ang Salita sa kapanahunang iyon! Libo-libo ang mga nangatulog sa kapanahunang iyan. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

49 Pagkatapos dumating ang sumunod na kapanahunan, at ang panahon ang iglesya ay lumagay sa—sa madilim na kapanahunan, ang Espiritu ng guya ay lumabas; gumawa, naghirap, at nagsakripisyo, at ibinigay ang kanilang mga buhay. Libu-libong maka libu-libong ulit ang nangatulog, sa ilalim ng pagpapamartir at lahat na. Sila'y naghihintay, kita n'yo.

50 Pagkatapos, at ang sumunod na kapanahunan ay dumating, ang Lutheran, ang kapanahunan ng repormasyon. Diyan lumabas ang pinaka matatalino, sa katusuhan ng tao. Kung inyong napansin, ang tao ay lumabas na taglay iyan, at, nang gawin niya, idinagdag niya ang sarili niyang katusuhan. Iyan ang nagkasal sa kaniya tungo sa kabilang bahagi, kita n'yo. Kita n'yo? Kung nanatili lamang siya sa karunungan ng Diyos, nagreperorma lamang at humihila palabas . . . Ngunit anong ginawa niya? Pagkaraan ng taong iyan na may dala ng mensahe, si Luther; pagkaraan ng kamatayan ni Luther, sila ay nagkaroon ng isang organisasyong Lutheran.

51 Pagkaraan ng kamatayan ni Wesley, nagkaroon sila ng isang organisasyong Metodista. Kita n'yo? Hayan, patuloy kayong nagtutungo sa ganiyang paraan. Ito—ito ay sadyang . . . Ginawa nito iyan. Ngayon nais ko na—na—na pansinin ito, kita n'yo. Ngayon maaring may magtanong tungkol sa Pentekostal, na siyang ang—ang ikatlong kapanahunan.

52 Kita n'yo, bawat isa ng mga kapanahunang iyon ay kumuha lamang ng isang tubog sa Banal na Espiritu. Pag-aaring ganap ay isang gawa ng Banal na Espiritu; pagpapagiging banal ay isang gawa ng Banal na Espiritu; ngunit ang bautismo ay ang Banal na Espiritu. Iyan ang dahilan na ito ay nangailangan ng isang maka-Propetang panghuhula na bumaba. Walang mensahero sa kapanahunan, dahil ang Espiritu Santo ang Siya mismong dumating, sa Kaniyang kapuspusan Niya, ukol sa bautismo.

53 Ngunit sa katapusan ng kapanahunan, tulad ng palaging pagwawakas nito tungo sa iba pa, natuklasan natin doon, pagkatapos, ang mensahero isinugo. At lahat ng mga pag-aalangang ito at mga bagay ay ilalagay sa kanilang mga dako tulad niyan, pagkatapos ang Pag-agaw ay darating para sa Iglesya.

54 Ngunit tulad ng marami ay pinaghahalu-halo lahat itong mga iba't-ibang mga bagay, "Ang araw na magdidilim, ang buwan..." Inilagay nila iyan pabalik dito sa Cristianong kapanahunan. Sadyang hindi nila nakita yaong tatlong katanungan ay naitanong sa ating Panginoon doon, kita n'yo, nang sagutin Niya sila.

55 Ngayon, kagabi, palagay ko wala nang anu pa mang katanungan. Kinuha natin ang bawat isa sa mga katanungang iyon at inilagay sila mismo sa ilalim ng mga Tatak. At ang mga Tatak ay ang buong Aklat na sama-sama, Ito mismo.

Naniniwala ka ba diyani, doktor? [Isang kapatid na lalaki ang nagsabi ng, "Oo."—Pat.]

56 Kita n'yo, ang buong bagay ay sadyang nabalot na magkakasama. At kinuha natin kung anong sinabi ni Jesus dito. Nagtanong sila ng tatlong katanungan, kita n'yo, "Kailan magaganap ang mga bagay na ito? Ano ang magiging tanda ng Iyong Pagdating? At ano ang katapusan ng sanlibutan?" At Siya ay dumating mismo pababa... At hinila natin iyon, bawat isa, sa ilalim niyan, liban sa isa. Ano iyan? Ikapitong Tatak. Bakit? Kita n'yo, hindi ito hayag. Iyan nga. Bawat isa sa kanila ay lumabas ng tama. Pinagsunod-sunod ko sila, ng tamang-tama, pabalik at papunta.

57 At, ako, nang sumulat ako kagabi, at nakarating roon at kailangan na... Bumalik ako upang tumingin sa aking lumang tala na kinuha ko mula—kinuha ko mula roon. Buweno, nakita ko kung saan ko inilagay ang isa sa ibang lugar, tulad niyan. Pinag-aralan ko ang mga iyon, papunta't pabalik. Iyan ang ginawa ko. Sa palagay ko ay naunawaan ninyo ito. Kayo, nakuha n'yo ba ito? Kita n'yo?

58 Naisulat ko rito kung anong isusulat ko sa kabila *nitong* isang bahagi, at naisulat ito banda *rito*. Inilagay—inilagay silang pareho, 9, 11, o 9, 6, o ano...o 6 at 11, at—at—at 9 at 11, na hindi dapat ganoon. Ito ay kabaliktaran, ang sumunod na talata sa ilalim nito. Kita n'yo? At iyan nga ito, ang—ang sagot, sa pagitan ng salot at ng digmaan, kita n'yo. Diyan nga kung saan ito naroon.

59 Kaya ako ay sadyang napakasaya! Ako ay sadyang nagsasaya tulad sa isang—isang...Ako'y nasisiyahan sa kasiglahan mula sa kapahayagan. Kaya, ako—inilagay ko ito, ito banda rito. Nakaupo roon na may isang lapis, o isang panulat, at inilagay ko ang 11 sa bawat dako, kung saan ito ay hindi

dapat na naroon. Sa palagay ko ito ay 9 sa halip na 11 para sa kabilang panig.

⁶⁰ Ngunit ngayon nakita n'yo ba kung gaano ganap na ganap silang nagkasunod-sunod? Ngayon, huwag kalilimutan iyan. Sila ay nakasunod-sunod hanggang sa Ikaanim, at tumigil, kita n'yo. At masdan ang—masdan ang pagbubukas ng mga Tatak; ito ay bumaba hanggang sa Ikaanim, at tumigil. Sadyang, “Katahimikan sa Kalangitan,” iyan lang lahat ng sinabi nito, “sa loob ng kalahating oras.”

⁶¹ Ngayon—ngayon, sa mga ito, kita n'yo, ako . . . kailangan kong magmadali at sagutin ang mga ito. Dahil, kita n'yo, bawat isa sa kanila ay isang sermon, apat na linggo ang tagal, kita n'yo, sa—sa bawat isa, at kayo nagpapalayo lamang ay lalayo sa isang bagay pa. Ngunit ako—hindi ko sinasadyang gawin iyan, dahil gusto kong makuha ang katanungan ng lahat, hangga't makakaya ko.

⁶² Ang mga dalagang ito, kita n'yo, sila ay binubuo ng . . . Iyan ay bahagi lamang nila, sa kapanahunang iyan, kita n'yo. Bawat kapanahunan ay mayroong mga dalaga. Kita n'yo? Isang—isang Tatak . . .

Ang anghel ay dumating sa iglesya. “Sa anghel ng iglesya sa Efeso ay isulat.” Kita n'yo?

⁶³ Pagkatapos dumako banda rito, pagkatapos pagkaraan ng pagsulat sa iglesya ng Efeso, paghambingin iyan pabalik, isang Tatak ang nabuksan. Iyan lamang ang paraan na dinadala natin ito, sinisikap na makuha itong lahat patungo sa inyo, (kita n'yo ang ibig kong sabihin?) kung kalooban ng Panginoon.

⁶⁴ Ano ang unang nasa kanila? Mga kapanahunan ng iglesya. Tama ba iyan? Sumunod na bagay, ang mensahe sa mga kapanahunan ng iglesya. Malinaw bang nakuha ng lahat iyan ngayon? Kita n'yo?

⁶⁵ Una, nakuha natin ang mga kapanahunan ng iglesya, at nakuha ang kasaysayan, inilatag ang mga konseho ng Nicaea at mga konseho bago-Nicaea, at lahat ng bagay na matatagpuan natin sa kasaysayan, at natuklasan na ang tamang pagpapaliwanag ng Salita ay tamang-tama sa kasaysayan. At dinala ito patungo sa araw na ito, sa Laodiceang ito. At kayo—hindi na ninyo kailangang magkaroon pa ng kasaysayan niyan; ito ay gumagawa ng kasaysayan ngayon, kita n'yo. Hayan nga ito. At, pagkatapos, ipinakita kung anong magaganap sa kapanahunang ito.

⁶⁶ Ngayon tayo ay bumalik sa mga Tatak, at buksan ang Tatak na iyan. Binuksan ng Diyos ang Tatak na iyan para sa atin. Ano iyan? Una, mayroong isang mensahero, kapanahunan ng iglesya; sumunod ay ang Pitong Tatak.

67 Ngayon, natuklasan natin ang kabulukan na tumama sa ikapitong kapanahunan ng iglesya. Ngunit ang Ikapitong Tatak ay hindi naghahayag ng anumang bagay, anong magaganap dito. Kita n'yo? Sapagka't, sa katapusan ng kapanahunan ng iglesyang iyan ay darating ang isang makapropetang kaloob upang ihayag ang mga bagay na ito. Kita n'yo? Sinusundan n'yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Tama. Ngayon pansinin kung paanong ang bawat isa sa mga Tatak na iyon. . .

68 Pagkatapos ako ay tumungo banda rito, at ang tatlong katanungang iyon na itinanong kay Jesus Cristo, "Ano, kailan magaganap ang mga bagay na ito, 'Walang maiiwan na isang batong nakapatong sa isa pa'?" Kailan magaganap ang bagay na ito, itong sentrong relihiyon ng mundo, at panibagong maitatayo? Kita n'yo, kailan ito magaganap?" Pagsakay ng anti-cristo! Kita n'yo? At ano ang lumabas upang salubungin ito? Ang Salita, ang Salita laban sa salita.

69 Pagkatapos ito ay namalagi sa pulitika at lahat ng ibang bagay pa, at doo'y lumabas ang pagpapakasakit ng guya. Kita n'yo? Iyan tamang-tama ang ikalawa rito. At gayon nga ang sinabi ni Jesus, sa Mateo 24, kita n'yo. Pagkatapos tayo ay bumaba mula diyan, tungo sa katalinuhan ng mga repormador, ang taong Hayop ay lumabas upang salubungin ito. Iyan ang naganap. Pagkatapos tayo ay tumungo, sa sumunod, sa Ikaapat na Tatak, nang ang anti-cristo ay naging isang kalipunan ng iba't-ibang klase ng mga tao, at nagkaroon ng isang pangalan, "Kamatayan."

70 Ngayon masdan kung anong sinabi ni Jesus, "At itatapon niya siya sa mga apoy, at papatayin maging ang kaniyang mga anak." Iya'y kamatayan, na nakasakay. Iya'y kapwa Protestante at Katoliko, marka ng kamatayan sa bawat isa sa kanila. Kita n'yo, "Siya at ang kaniyang mga anak ay pupuksain." Kaya kung kayo ay nananangan sa inyong denominasyon, mas makabubuting lumayo mula roon mismo ngayon na.

71 At pagkatapos nang ito ay dumating sa Ikapitong Tatak, si Jesus ay tumigil mismo roon. Binuksan Niya ang Ikaanim na Tatak, sa pagsasabing, "Ang buwan ay magiging dugo, at kadiliman at lahat na." Ang mga bagay na ito ay magaganap. Tayo ay dumating mismo sa banda rito at binuksan ang Ikaanim na Tatak. Pagkaraan na ang Ikaanim na Tatak ay mabuksan, pagkatapos ay bumalik agad at ipinakita ang gayun ding bagay.

72 Hayan na kayo, na mayroong tatlong magkakaibang mga dako sa Kasulatan, pinagtugma-tugma silang sama-sama kasama ang kaphahayagan. Kita n'yo? Masdan. Ang dako na sinabi ni Jesus ang gayun; ang dako na nang buksan Niya ang Aklat, ito ay naitago mula pa ng itatag ang sanlibutan; at pagkatapos ang kaphahayagan ng araw na ito rito, inilalagay ito

mismo roon, pinagtutugma ang tatlo ng sama-sama. At ang tatlo ay isang patotoo. Kaya, ito'y totoo. Ito'y ganap na totoo.

⁷³ Ngayon, ang mga dalagang ito na sumama rito, sila ay yaong mga nangatulog, at pagkatapos ang buong katawan sama-samang binubuo ng grupong iyan. Iyan ay tumungo upang buuin ang...kita n'yo, upang buuin ang—ang matatalinong mga dalaga. At ang mga di-matatalinong dalaga ay yaong mga nagpasimulang bumalik doon sa gayun ding oras na ang mga matatalinong dalaga ay nagpasimula, anti-cristo, at sila ay yaong mga nagtangkang bumili ng Langis.

⁷⁴ Ngayon tumingin lamang dito at tingnan kung gaano kaperpekto, kahit saan kayo pumunta. Kung ako ay makatatayo rito at ipangusap ang mga bagay na nahayag sa silid na iyan, sasabihin ko sa inyo, hindi ito maaabot ng inyong kaisipan. Ngunit paano ninyo gagawin ito, kung kayo ay mayroong buong bagay dito?

⁷⁵ At pagkatapos kayo, sa papaano mang paraan, kapag kayo ay bumukod sa mga tao, kung gayon ito ay magpapasimulang magbukas ng mga hiwaga. Pagkatapos ay nakakakita kayo ng mga bagay na ni ayaw ninyong subukang sabihin sa mga tao, din. Dahil, kita n'yo, kung ito ay mangyari, magpapasimula sila ng mga munting 'isms.'

⁷⁶ At pagkatapos tingnan natin kung anong nagawa ng munting kaloob na ito ng pagpapagaling, paano nito nilito ang iglesya. Bawat isa ay mayroong isang sensasyon, bawat isa ay mayroon *nito*; at sa kaibuturan ng aking puso, (alam ng Diyos na ito'y ang katotohanan), alam kong ito'y hindi tama, dahil ganoon ang sinabi Niya sa akin. Kita n'yo? Ngunit ito ay isang bulaang panggagaya, upang ilihis lamang ang mga tao palayo. Ngayon, iya'y tama. Ngayon, ngunit, kita n'yo, hindi ninyo masabi ang mga bagay na iyon. Pinaka mainam na iwan na lamang itong mag-isa.

⁷⁷ At natatandaan n'yo ba ang Ikatlong Hatak? Ang sabi Niya, "Huwag sasabihin kaninuman." Anong sinabi ko tungkol diyan? Ilan ang nakaalala niyan? Tiyak. Natatandaang, nakatayo roon, pinipilit na suotan ang munting butas na iyon sa munting sapatos na iyon, sa pangitain? Ang sabi Niya, "Hindi mo matuturuan ang mga Pentekostal na mga sanggol ng supernatural na mga bagay."

⁷⁸ Ang sabi ko, "Ito ang magiging Ikatlong Hatak, at Ito ay hindi mahahayag, kaya tulungan ako, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos."

Ngayon—ngayon, tayo'y—tayo mismo ay nasa huling kapanahunan na ngayon. Hindi na masyadong magtatagal hanggang sa ang Luklukan ng Awa ay magiging Luklukan ng Paghatol. Habang nakikita ninyo ang mga bagay na ito na pumapasok, at ang mga taong ito na pumapasok, mas

makakabubuting pumasok na kayo, din, kung hindi pa kayo nakakapasok. Kita n'yo?

⁷⁹ Ngayon, “Nagkatipon-tipon sa Makalangit na mga dako,” kita n'yo, ito ay nangangahulugan din ng higit pa kaysa pagsasaya lamang. “Sa Makalangit na mga dako,” kung talagang kayo ay nagkatipon-tipon kay Cristo, ito'y isang nakakapangilabot na bagay.

⁸⁰ Nakatayo sa tabi ng . . . iyang Anghel ng Panginoon, palagay ninyo kayo ay magsisisigaw at magsisihyaw lamang. Iyan, ito'y hindi ganiyan. Mamamatay kayo sa takot, halos. Kita n'yo? Kaya, kita n'yo, mayroon—mayroong isang kaibahan sa pagsasaya at palukso-luksong pagsasayaw lamang, na ayos lang, at pagkatapos ay pagtungo sa tunay na bagay. Kita n'yo? Kita n'yo? Diyan ay kung saan naroroon ang takot. Ito ay isang nakakatakot na bagay. Hindi sa ikaw ay takot kaya ikaw ay napahamak; kundi dahil talagang nasa harapan ng isang maka-anghel na Katauhan, at ang Espiritu Santo Mismo na nakatayo roon.

⁸¹ Ngayon, iyan ay magiging bahagi ng Nobya. Iya'y kung ano ang tutungo upang buuin ito, kita n'yo, lahat iyon na mga nangatatutug. At hindi ba natin lubusang makita . . .

[Ang kagamitang rekording ng teyp ay tumigil. Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . idinalangin ngayon na ipagkaloob Mo ang kagalangan ng mga tao, sa pamamagitan ng mga panyong ito, na pinapatungan. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ngayon, maayos na ba ito ngayon? [Ang kapatiran nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Salamat sa inyo. May sinumang nakatapak ng anong bagay? [Isang kapatid na lalaki ang nagsabing, “Mayroong napaka-raming mga rekorder sa linyang iyan.”] Napakaraming mga rekorder ay naglagay ng masyadong puwersa roon. Kita n'yo? O sige, pagpalitin na lang. Kumuha na lamang ng isang teyp at palitan ang teyp, at gawin itong nakahinto rian. Ngayon, pansinin ngayon ang sumunod na katanungan.

2. Ang mga ebanghelistang ba ay dapat na magpatuloy sa larangan?

⁸² “Sa panahong ito,” siyempre, ang ibig nilang sabihin. Dapat, sa lahat anumang paraan. Huwag magbabago ni kaunti. Kung si Jesus ay darating sa kinaumagahan, mangaral sa araw na ito tulad ng kung ito ay magiging sampung taon pa mula sa araw na ito, ngunit mamuhay ng tila ito'y magiging sa oras na ito na.

⁸³ Huwag—huwag mag-alangan ngayon. Iyan ang sinisikap kong ibabala sa inyo, kita n'yo. Sadyang huwag maging kakatwa, kaiba. Huwag magbabago ng anuman. Ngunit kung kayo ay gumagawa ng bagay na mali o gumagawa ng kasamaan, magsisi, kita n'yo, manumbalik sa Diyos. Magpatuloy sa inyong maka-ebanghelyong paglilingkod tulad ng palagi ninyong ginagawa.

84 Kung kayo ay nagtatayo ng isang bahay, itayo lamang ito. Kung si Jesus ay darating bukas, matagpuan kang tapat sa iyong tungkulin. Kung ikaw ay nagtatayo ng isang simbahan, magpatuloy, itayo ito. Mas mamarapatin kong ilagay ang aking salapi sa isang bagay na tulad niyan, kaysa matagpuang taglay ito sa aking bulsa. Kita n'yo?

85 Kaya sadyang—magpatuloy lamang, magpatuloy tulad ng dati. Nauunawaan na ba ng lahat ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Magpatuloy lamang, at magpatuloy lamang mismo tulad ng dati. Ngayon, sadyang—huwag lamang titigil. Huwag gagawa ng anumang... Sadyang magpatuloy lamang mismo tulad ng dati. Manatiling pinaglilingkuran ang Panginoon.

86 Ngayon, halimbawa, kung ikaw ay—kung ikaw ay nakikipagtrabaho para sa isang tao, at alam mong ito ay labing limang minuto pa bago ang oras ng pagtigil. “Buweno,” sasabihin mong, “uh, sadyang labing limang minuto pa, kaya maari na siguro akong tumungo roon at umupo.” Ikaw ay babawasan para sa labing limang minutong iyan.

87 Kung ikaw ay nagtatanim ng trigo; itanim ang iyong trigo. Ikaw ay naghuhukay ng patatas; magpatuloy, hukayin silang palabas. Sabihing, “Buweno, walang sinumang kakain na niyon”? Iyan ay walang anumang pagkakaiba. Hukayin silang palabas, kahit papano. Kita n'yo? Oo. Magpatuloy lamang tulad ng dati.

88 May natanggap akong sulat mula sa isang tao noong isang araw. May isang tao ang nagsabi, sabi, “Buweno, ang panahon ay malapit na. Ibenta na ang bukid. Ngayon hindi mo na kakailanganin ang pagkain na ikinabubuhay mo mula sa, sa bukid,” sabi, “pagkat ang Milenyum na ito ay mag-uumpisa na, at hindi mo na kakailanganin iyan. Kaya ikaw ay magpatuloy lamang. . . At habang ang panahon ng Kapighatian ay nagpapatuloy, ang mga anak mo ay hindi ligtas, kaya sadyang hayaan silang. . . Hayaan—hayaan ang mga anak na kunin ang bukid, kung saan sila ay makakakain mula roon, ngunit ipagbili mo ang lahat ng bukirin mo,” at—at, o bagay na tulad niyan. At, oh, nakuha nila ito. . .

89 Sabi ko, “Oh, naku!” Kung alam ko na darating Siya bukas, at ako ay isang magsasaka, ilalagay ko ang pananim ko ngayon. Tiyak. Kung ginawa Niya akong isang magsasaka, ako ay mananatili mismo sa aking tungkulin. Iya'y tama. Kung ginawa Niya akong isang mekaniko, sabi nino. . .

90 Mayroong nagsabi, noong isang araw, sabi niya, “Isang tao ang pumasok at sabi, ‘Nagsabing, kapatid na lalaki, alam mo kung ano?’ Sabi niya, ‘Ibibigay ko sa iyo ang ikalawang paris ng mga susi. Bumili ako ng isang bagong kotse.’ Sabi niya, ‘Ibibigay ko sa iyo ang ikalawang paris ng mga susi,’ sinabi sa

kaniyang pastor. Sabi, 'Ibibigay ko sa iyo ang ikalawang paris ng mga susi, dahil baka dumating ang Pag-agaw, alam mo na, at,' sabi, 'Hindi ko na kakailangan pa ito.'" Hindi makakasama roon ang Pastor, kita n'yo. Oh! Iya'y paghahanda, hindi ba? Mabuti. Ngunit iya'y—iya'y ang paraan nga nito, kita n'yo, hindi tayo dapat na maging ganiyan.

⁹¹ Dapat tayong maging isang—isang may maliwanag na pag-iisip, purong Cristiano, kita n'yo, na ako ay inilagay dito upang gumawa ng tama hanggang sa huling sandali. Mayroon akong trabahong gagawin, at ako ay matatagpuang tama matapat sa pagtupad sa tungkulin ko. Kung Siya ay darating ngayong umaga, nais kong nakatayo mismo rito sa pulpito.

⁹² Sasabihin ninyo, "Kapatid na Branham, kung Siya ay darating ngayong umaga, hindi ba dapat ikaw ay nasa labas roon?" Hindi, ginoo!

⁹³ Ito ang aking pagtupad sa tungkulin. Ako'y tatayo mismo rito, nangangaral, kapag Siya ay dumating, nangungusap ng katulad ng mga bagay na sinasabi ko. Pagkatapos, kapag Siya ay dumating, ako'y kikilos lamang mismo palabas kasama Niya, kita n'yo.

⁹⁴ Kung ako ay nag-aasarol ng patatas, ako ay mag-aasarol lamang, sadyang sa abot ng aking makakaya. Kapag Siya ay dumating, bibitiwan ko na lamang ang asarol at aalis.

Natatandaan n'yo sa taon ng jubileo? Kung sila ay nagaasa-nagaasarol na may isang asarol, nagpapatuloy lamang silang nag-aasarol. Alam nila na marahil ang taon ng jubileo ay mga sampung minuto pa, at ang trumpeta ay tutunog sa taon ng jubileo. Sila ay patuloy lamang na naghahagis ng mga dayami, anuman ang ginagawa nila. Ngunit kapag ang trumpeta ay tumunog, kung gayon ay bibitiwan nila ang kalaykay, at aalis. Kita n'yo, iyan, nagpapatuloy lamang na naghahagis ng dayami hanggang sa ang trumpeta ay tumunog. Tama.

[Isang ingay ang narinig mula sa isang bagay na malapit—Pat.] Tanong, "Ayon sa pagbubukas..." Iyan ba'y... May nangyari ba? Huh? Iyan—iyan ay gumawa ng isang ingay hanggang dito. Isang katanungan:

3. Ayon sa pagbubukas ng Ikalimang—Ikalimang Tatak, si Moises at si Elias ay kailangang—kailangang mamatay. Paano naman si Enoc?

⁹⁵ Hindi ko alam. Kita n'yo? Ako—ako... Kung hindi ko alam, sasabihin ko lamang sa inyong hindi ko alam. Kita n'yo? Ako—hindi ko—hindi ko alam lahat ng mga kasagutan, mga kaibigan. Ako—hindi ko alam. At kung hindi ko alam, sasabihin ko sa inyong hindi ko alam. Kung alam ko... Hindi ko sasabihin sa inyo hanggang sa malaman ko, kita n'yo. Ngunit ako—hindi ko alam.

⁹⁶ Madalas kong pagtakhan ang tungkol diyan, ako mismo. Naroon si Enoc . . . Nakita ko si Moises na dumating, at si Elias na bumalik, at sila’y pinatay, kita n’yo, ngunit ngayon si Enoc ay nailipat bago ang panahon. Madalas kong isipin, at pagtakhan, ako mismo. “Buweno, ano, paano naman iyan?”

⁹⁷ Ngunit, gayun pa man, heto ang tanging pampalubag-loob na masasabi ko, ay ito. Ngayon pansinin, si Moises ay naglingkod lamang sa Diyos ng apatnapung taon. Kita n’yo? Siya ay isang—siya ay sangdaan at dalawampu. Ngunit dalawampung taon . . . Ang unang apatnapung taon, ang ibig kong sabihin, kinukuha niya ang kaniyang edukasyon. Iyan ba’y tama? Ang ikalawang apatnapung taon, inaalís ito ng Diyos mula sa kaniya. At ang ikatlong apatnapung taon, pinaglingkuran niya ang Diyos. Kita n’yo? Tama. Ngunit si Enoc ay lumakad ng limang daang taon sa harapan ng Diyos, at walang kapintasan.” Kita n’yo? Kita n’yo? Kaya, si Moises ay bumalik upang maglingkod ng ilang panahon pa; siya at si Elias.

⁹⁸ Ngayon, iyan, hindi ko sinasabing iyan ay tama, kita n’yo. Ibinigay ko lamang sa inyo iyan para isang kaisipan, kita n’yo. Ngunit upang sabihin lamang kung anong bahagi, hindi ko alam. Hindi ko talaga masasabi sa inyo kung anong—anong nangyari roon, o kung anong gagawin ng Diyos.

4. Ano ang—ang pangalan ng . . . na mapapasa mga tao sa Apocalipsis 3:12?

⁹⁹ Ako—hindi ko alam. Oo. Sabi Niya, “Bibigyan sila ng isang bagong pangalan.” Ako—ako—hindi ko alam kung ano iyon, kita n’yo. Ito’y malamang na mahahayag kapag tayo ay nakarating doon, ngunit ako—hindi ko alam kung ano ito ngayon, kita n’yo. Kita n’yo, gagawin Niya iyan. Kita n’yo? Binigyan niya sila ng isang bagong pangalan na—na sila lamang ang nakakaalam, sila mismo. Kita n’yo?

5. Ngayon, Kapatid na Branham, mayroon bang anumang Kasulatan na nagpapahintulot ng kasal pagkatapos ng diborsiyo? Ito ay napaka importante.

¹⁰⁰ Sinasabi nitong, “Importante.” Buweno, iyan ang dahilan . . . Ito ay hindi nakapatungkol dito. Hanggang sa abot ng aking nakikita, kapatid kong lalaki, o kapatid na babae, sinuman marahil ito, wala, liban na ang iyong asawa ay patay na. Dahil, sabi ng Biblia, “Tayo ay nakatali sa kanila habang sila’y nabubuhay.” Kita n’yo?

¹⁰¹ Kaya, bilang—bilang batay sa “anumang Kasulatan?” Iyan ang itinanong rito, “Mayroon bang Kasulatan?” Kita n’yo? “Mayroon bang anumang Kasulatan?” Wala akong matagpuan, kita n’yo, wala akong matagpuan.

Dahil, sinabi ni Pablo na ang—ang kasal na mag-asawa, “Kung ang asawa ay patay na, pagkatapos sila ay malaya na kung gayon na magpakasal sa kaninumang naisin nila sa

Panginoon.” Ngunit hanggang doon, ngunit, masdan, kinuha ninyo ito, “Hanggang ang kamataya’y paghiwalayin tayo.” Iyan nga. Kayo ay nakagawa ng isang pangako sa ibabaw niyan, kita n’yo.

¹⁰² Kaya, sa palagay ko ay wala. Ngayon, kung mayroong . . . Kung may natagpuan kayong ilan, at ito’y talagang tama, aba, o—o sige. Ngunit, sa ganang akin, ako—wala akong matagpuang anumang.

6. Ano ang ibig sabihin ng “tingnan na huwag mong masaktan ang langis at ang alak”, sa Apocalipsis 6:6?

¹⁰³ Ito’y ang Banal na Espiritu. Kita n’yo? Katatapos pa lamang natin diyan. Malamang isang tao, alam n’yo, na pumasok na medyo huli ng kaunti para sa Mensahe, sila . . . buweno, para sa iba pang mga teyp, kita n’yo.

“Huwag saktan ang langis at ang alak.” Ano ang kahulugan ng langis at alak?

¹⁰⁴ Ang Langis, gaya ng pagkuha natin nito sa simbolo, ay nangangahulugang ang Banal na Espiritu. Kita n’yo? Ang Alak ay ang . . . at langis, ay magkasamang pinag-ugnay, sa Biblia, sa pagsamba. Kita n’yo? At ang alak, gaya ng ipinalagay natin, diya’y kung saan ko nakuha ang ideya, “Ang kasiglahan.” Ang alak ay nagpapasigla. At ang alak, sa kaniyang—sa kasalungat na pagtitipo nito sa natural nito, mula sa kasiglahan, ay ang kapahayagan.

¹⁰⁵ Ngayon isipin lamang. Anong nagpapasigla sa Iglesia? Kapahayagan. Kita n’yo? Kaya, ang alak, ang bagong alak, ay magiging . . . Ngayon masdan. Ang langis at alak ay magkasama, sa sakripisyo; tumungong magkasama, sa—sa pagsamba ng iglesia. Ngayon pansinin, nagkatipong magkasama, magkasamang nakaugnay.

¹⁰⁶ Kung mayroon kayong isang konkordans, tingnan ninyo at makikita ang isang buong sunod-sunod kung saan ang alak at langis ay pinagtagpong magkasama sa pagsamba. Kung mayroon kayong isang—isang Cruden’s, aba, sinasabi iyan doon.

¹⁰⁷ Ngayon pansinin dito. Ngunit ngayon, kita n’yo, ang langis ay palaging ang Banal na Espiritu. Natagpuan natin iyan sa banda ng Ezekiel. At natagpuan natin iyan sa Lumang Tipan. Natagpuan natin lahat ito sa kabuuan ng Bagong Tipan.

¹⁰⁸ Bakit natin pinapahiran ang may karamdaman ng langis? Pinapahiran natin ang may karamdaman ng langis dahil ito ay sumisimbolo sa pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa kanila. Kita n’yo? Gayun din, ang matatalinong dalaga ay mayroong Langis; at ang di-matalino ay walang Langis, Espiritu, kita n’yo. Ngayon, iyan ay ang Langis. At pagkatapos ang alak, ito—ito’y . . . Kung ang langis ay sumasagisag, sumasagisag sa Diyos. Ang Diyos ay Espiritu. Kita n’yo?

109 Ang Diyos ay Salita. “Sa pasimula ay ang Salita; ang Salita ay sumasa Diyos. Ang Salita ay nagkatawang tao, at iyan ay Diyos.” Ngayon, kung gayon, kung ang Salita ngayon sa . . . nakaupo rito sa isang natural na anyo ngayon, ang alak ay tulad ng tubig, na, o ang kapahayagan na naghahayag nang pagpapaliwanag ng Salitang iyan, na siyang nagpapasigla sa mananampalataya, kita n’yo. Naku, sadyang sinasabi nilang, “Hindi ko pa nakita Ito noong una! Naku! Luwalhati!” Ano iyan? Kita n’yo, kasiglahan, kita n’yo, ng kapahayagan.

110 Hindi ko iyan alam hanggang noong isang araw, sa pag-upo roon, alinman. Kita n’yo? Ngayon, iya’y, “Ano ang langis at alak. . .” Iyon ay, “Tingnan na hindi mo masaktan.” Iyon ang mangangabayo ng maitim na kabayo. At iyan ay sa panahon ng madilim na kapanahunan, ang ikatlong kapanahunan ng—ng iglesya. Pansinin. At, doon, “Mayroon na lamang kaunti Nito na natitira, kaunting kaunti na lamang, ngunit huwag sasaktan Ito.”

111 At ako ay naniniwala kung nakuha n’yo iyan, ang—ang Ikatlong Tatak, sa teyp, inyong. . . matatagpuan n’yo iyan doon, kung saan ipinaliwanag natin ito ng detalyado, o detalye, pala.

7. Kapatid na Branham, ang Aklat ng Buhay ba ng Cordero, at ang Aklat ng Buhay, ay siya ring Aklat?

112 Tiyak, kita n’yo, dahil diyan ay kung saan lahat ng katubusan ay naisulat, sa Aklat na ito. Kita n’yo? Ang kanilang mga pangalan ay nasa loob Niyon. Sasabihin ninyo, “Buweno, ang pangalan namin ay nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero, Kapatid na Branham. Ako—inilagay ko ito, noong isang gabi.” Hindi, hindi mo inilagay. Hindi, hindi mo inilagay. Natagpuan mo lamang na ito ay Naroon, noong isang gabi, kita n’yo, dahil ang kanilang mga pangalan ay naisulat na bago pa itatag ang sanlibutan. Kita n’yo? Iya’y, ito lahat ay siya ring Aklat, kita n’yo.

8. Ngayon, Kapatid na Branham, totoo ba na—na bawat Hudyo, na isinilang mula ng dumating si Cristo, ay maliligtas? At sinu-sino ang sangdaan at apatnapu’t apat na libo? Sila ba yaong mga itinalaga upang matatakan ng Espiritu Santo? At ano ang kanilang misyon?

113 Mayroong halos tatlong katanungan sa isa, diyan. Ngunit, heto, isang nauna:

Totoo—totoo ba na bawat Hudyo na isinilang mula kay Cristo, na dumating sa mundo, ay maliligtas?

114 Hindi. Walang maliligtas, tanging yaon lamang na ang mga pangalan ay nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago itatag ang sanlibutan, Hudyo man o Gentil. Kita n’yo? Iyan lang lahat. Ang Aklat ang humahawak sa hiwagang iyan, at inihahayag lamang iyan ng Aklat ngayon; hindi pangalan ng bawat isa, kundi kung ano ang hiwaga ng Aklat ay, habang tinatawag nito

ang mga pangalang iyon. Sa wakas nauunawaan n'yo na ba iyan ngayon? Kita n'yo?

115 Hindi sinasabi ng Aklat, “Ngayon, si Lee Vayle ay maliligtas sa panahon ng kapanahunan ng iglesyang ito, o—o si Orman Neville,” o—o sinuman. Hindi, hindi nito sinasabi iyan. Ipinapakita lamang nito ang hiwaga, binuksan kung ano ang hiwaga ng bagay sa atin. Ngunit tayo, sa ating sarili, sa pamamagitan ng pananampalataya, pinaniwalaan Ito. Iyan ang sinabi ko noong nakaraang gabi.

116 Mayroong nagsabing, “Buweno, hindi ko na kailangang pagsikapan pa ito. Sinabi ni Kapatid na Branham na mayroon lamang isa na maliligtas mula sa Jeffersonville.” Kita n'yo? Ngayon, kita n'yon, ito'y nagpapakita ng isang parabula. Iyan—iyan—iyan ay hindi, iyan—ito'y hindi ganiyan. Maaring mayroong libu-libong maliligtas. Hindi ko alam. Umaasa bawat isa sa kanila ay ligtas, kita n'yo, ngunit hindi ko alam.

Ngunit heto ang paraan na nais kong paniwalaan ito, “Ang ang isang iyan.” Kayo ay maniwala ng gayun din para sa inyo. Kung hindi ninyo, kung gayon mayroong bagay na mali sa inyong pananampalataya; hindi kayo tiyak kung anong ginagawa ninyo.

117 Paano kayo—paano kayo makalalakad tungo roon sa harap ng kamatayan, kung hindi ninyo talagang tiyak kung kayo'y ligtas o hindi? Kita n'yo? Paano kayo makapaparito at sabihin sa pilay na taong ito nakahiga rito, bulag at nakabaliku, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tumayo ka! Pinagaling ka na ni Jesus Cristo”?

118 Paano mo matatagalan, ang matanda malamig at matigas na katawang nakahiga roon, na patay, at patay na sa loob ng maraming oras at mga oras, at nakahiga roon, malamig at matigas na; at sabihing, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, tumayo ka sa iyong mga paa”? Ikaw ay mas makabubuting, kailangang malaman mo kung ano ang sinasabi mo. Kita n'yo?

119 Buweno, sabihing, “Inaangkin ng kamatayan ang lahat ng bagay. Ito'y wala nang lahat.” Oo, ngunit kapag ang Salita ng Diyos ay nahayag, at alam mong ito'y ang Diyos, binabago niyan ang mga bagay. Iya'y tama.

120 Ngayon, oo, ang mga Hudyong ito ay hindi. . . Hindi lahat ng mga Hudyo ay maliligtas. Hindi, ginoo. Hindi sila maliligtas; tanging yaon lamang na. . . Kapag Siya ay nangungusap ng—ng tungkol sa Hudyo, “Hudyo,” bilang isang pangalan lamang na ibinigay na kanila makaraang lisanin nila. . . Ako ay naniniwala, si Nebuchadnezzar, noon, ay pinssimulang tawagin silang “Hudyo,” una, dahil ang angkan ni Juda ay kinuha roon. At sila ay binigyan ng isang pangalan na “Hudyo,” ngayon, dahil

silang ay dumating mula sa Judaea, at nakuha nila ang pangalan na Hudyo.

121 Ngunit, ngayon, ang Israel ay iba. Israel, at Hudyo, sa kabuuan ay magkaiba. Bawat Hudyo—bawat Hudyo ay hindi Israelita, kita n'yo. Hindi, siya ay isang Hudyo lamang. Ngunit, noon, ang Israel. . . Hindi kailan man sinabi ni Pablo na lahat ng mga Hudyo ay maliligtas. Ang sabi niya, “Lahat ng Israel ay maliligtas.” Bakit? Ang pangalan ng Israel, iya'y—iya'y ang pangalan ng katubusan, mula pa roon sa pasimula. Kita n'yo? At lahat ng Israel ay maliligtas, ngunit hindi lahat ng Judea—Judaismo ay maliligtas. Kita n'yo?

122 Tulad lamang ng mga Gentil, magkakaroon ng isang. . . Mayroong libu-libong maka libu-libong ulit ng—ng mga tao, oo, literal na mga milyun-milyon, sa mga organisasyong ito, at tinatawag nilang “Cristiano, iglesya ni Cristo,” at lahat ng mga gayong pangalan tulad niyan. Iya'y hindi nangangahulugan ni isang bagay. Hindi. . . Iya'y hindi nangangahulugang sila'y maliligtas.

Sinasabi ng mga tao, “Ngayon, kailangan mong mapabilang *dito* o *diyan*, isang organisasyon, isang tiyak na organisasyon. Kung ang pangalan mo ay wala sa aming aklat, ikaw ay mapapahamak.” Ngayon, iya'y kulto. Kita n'yo? Iya'y kulto. Kita n'yo?

123 Mayroon lamang isang paraan na ikaw ay maliligtas, at, iyan ay, “Hindi siya na may ibig, o siya na tumatakbo, siya na. . . Kung gayon, ito'y ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang paunang-kaalaman, ay nagtalaga ng isang Iglesya sa Kaniyang kaluwalhatian, at iya'y yaong mga ligtas. Tama. Ngayon, ang iyong pananampalataya ay talagang naka-angkla Roon!

124 Sasabihin ninyo, “Buweno, ang pananampalataya ko ay naka-angkla Roon.” At tingnan kung anong uri ng buhay ang iyong ipinamumuhay. Nakita mong ikaw ay ni hindi nararapat para Doon. Ang angkla mo ay mali. Nailagay mo ito sa buhanginan sa halip na sa isang bato. Iigigiba ito ng unang munting alon. Uh-huh.

125 Hayaang ang Salita ay mahayag sa isang bagay. “Hindi Iyan itinuturo ng iglesya ko Iyan!” Ipinapakita niyan agad mismo na ikaw ay hindi naka-angkla sa anumang bato. Ikaw ay nasa buhanginan. Uh-huh. Iya'y tama. Kaya, ngayon nakita n'yo, ngayon.

At ang sangdaan at apatnapu't apat na libo, sila ba yaong mga itinalaga?

126 Opo, ginoo. Iya'y Israel, espirtual na Israel.

127 Isipin lamang, magkakaroon ng mga milyun-milyon sa kanila roon. Hindi ko alam kung gaano na karami ang naroon

ngayon; sa palagay ko ay isang buong grupo, ngunit hindi sila lahat maliligtas dahil sila ay nasa Hudaea. Kita n'yo?

Mayroon ba kayong anumang ideya kung gaano karami na ang naroon ngayon? Hindi ko alam. Ngunit sila malamang. . . Makaraan ang susunod na paguusig na ito ay magsimulang magbangon. . . Sila ay nagtitipon sa pamamagitan. . . Alam n'yo, mayroon akong isang teyp hinggil sa kanila, tutungong kanluran kasama ko ngayon sa—sa isa sa—sa—sa iglesyang Covenant na nasa. . .

¹²⁸ Ito'y ang matanda lamang. . . Oh, nakalimutan ko na ngayon. Pinasimulan nito ang. . . Taglay nila ang mga yon sa Africa. Repormang Olandes. Ito'y ang iglesyang Repormang Olandes, ay ang Covenant. Ngayon, kung mayroon mang sinuman sa inyo na nakaupo rito, sasabihin ko sa inyo kung bakit. Kayo ay nananatiling nanghahawakan pa rin diyan sa matandang Katesismong Heidelberg, at iyan eksakto ang dahilan na kayo ay nananatiling nasa. . . Repormang Olandes pa rin. Kaya, maaring pagandahin kayo sa pamamagitan ng isang pangalang Amerikano. Iya'y—iya'y ang bagay sa likod nito, dahil kayo ay nagtuturo mula riyan sa gayun ding katesismo, ang matandang Heidelberg. Tanungin ninyo ang inyong mga pastor kung iya'y di tama. Kita n'yo? Kaya, ngayon, pansinin ito.

Isang sangdaan at apatnapu't apat na libo, sila ang siyang mga itinalaga upang matatakan ng Espiritu Santo?

¹²⁹ Opo, ginoo. Iya'y eksaktong tama. O sige. Ngayon kung mayroong anumang. . . Ngayon kung ako'y. . .

Kung hindi ako sumagot, upang umangkop sa inyo, bakit, marahil ako'y. . . Maaring ako ay mali, kita n'yo. Ngunit, ito, ito'y abot ng aking pagkaunawa, kita n'yo. Ito ang abot ng aking pagkaunawa.

9. Kapatid na Branham, gaya ng iyong. . . hinggil sa binhi ng serpiyente. . . (Uh-oh, hindi ko napanansin ang isang ito. Nakalusot ang isang ito sa akin.) . . . binhi ng serpiyente sa linggong ito, nasa kaayusan ba na itanong ang katanungang ito? Hiniling sa akin ng aking mga kaibigan na ipaliwanag ang Genesis 4:1, at hindi ko kaya. Tutulungan mo ba ako?

¹³⁰ Ito'y—ito'y wala sa paksa. Ngunit, kahit paano, ako'y—ako'y—sisikapin ko ang makakaya ko, sa tulong ng Diyos. Tingnan natin ngayon. Hayaan n'yo ayusin ko, ng kaunti lamang. Sa palagay ko diyan ay kung saan niya sinabing, “Ako ay nagkaroon isang anak na lalaki mula sa Panginoon.” Ako—ako'y naniniwalang ito nga. Sa palagay ko sinabi iyan ni Eva roon. Titingnan ko, para tiyak.

¹³¹ Dahil, sabi ko, noong isang gabi, pito. . . sa halip na. . . pitong daan sa halip na pitong libo. Kaya pinagniyerbiyos ako nito ng husto, kita n'yo, at kayo'y sadyang kailangang

nagmamasid. At ang kaaway sa bawat panig, at kayo—kayo’y may malay diyen, kita n’yo. Oo, iyan ito.

*At nakilala ni Adam si Eva na kaniyang asawa;
at siya’y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi,
Nagkaanak ako ng lalaki sa tulong ng Panginoon.*

¹³² Ngayon, sasagutin ko lamang kayo ng isang katanungan, kapatid kong lalaki, o kapatid na babae. At ngayon, tandaan, hindi—hindi sa pagpapatama sa iyo, hindi. Sinisikap kong tulungan ka, kita mo. Mahal kita, at mahal ko ang tao na maaring naging isang kritiko hinggil rito. Ngunit sa palagay ko ang taong ito ay hindi isang mapagpuna. Sabi nila, “Tulungan mo ako,” kita n’yo, dahil pinaniniwalaan ito ng mga tao, ngunit sila’y hindi lamang napahayagan ng sapat, sa pamamagitan ng Espiritu, upang malaman kung anong sasabihin sa tao na nagtanong sa kanila niyan.

¹³³ Ngayon, sinasabi niya rito kung ano ang katanungan, walang pag-aalinlangan, na sinasabi nilang, “Sinabi ni Eva na nagkaanak siya ng lalaking ito mula sa Panginoon.”

¹³⁴ Paano sa palagay ninyo makararating kailanman ang buhay na ito kung hindi ito nanggaling mula sa Panginoon, maging ito ay tama o mali? Sino ang nagpadala—sino ang nagpadala kay Judas Iscariote tungo sa mundo? Sabihin sa akin iyan. Sinabi ng Biblia na siya ay isinilang na “ang anak ng kapahamakan.” Itanong lamang sa kanila ang isang iyan; maging gaya ng isang uod sa isang limon, kita n’yo. Kita n’yo? Ngayon, kita n’yo, hindi nila maaaring—hindi maaari . . . Ito nga.

¹³⁵ Pansinin, kung gayon, kung gusto ninyong dalhin sila sa isang munti pang pamamaraan. Tingnan. Si Eva ang nagsalita rito, kung gusto ninyong kunin ito sa wika ito’y narito, na nasusulat kaya ito’y natago mula sa mata, ng matalino at pantas. Si Eva, rito, sa paraan na ito’y itinuro, na ang Diyos ang Siyang pinagmulan nitong anak na lalaki. At Siya’y isang Espiritu, at hindi magagawa ito. Kita n’yo? Ngayon masdan dito, kung nais ninyong mapansin iyan. “Nagkaanak ako ng isang—isang lalaki mula sa Panginoon.” Kita n’yo, hindi ninyo ito mapagmimistulang anuman . . . Ngunit kailangan nitong magkaroon ng tamang kapaliwanagan, kita n’yo. Opo, ginoo. Hindi, ginoo, kung iyan, kung gayon ang espiritu . . .

¹³⁶ At palagi nating sinusundan ang kalikasan ng ating mga magulang. Alam n’yo iyan. Tingnan ang isang sanggol, ang kalikasan. Buweno, kung gayon, si Adam ay isang anak na lalaki ng Diyos; si Eva ay isang anak na babae ng Diyos; tama, ang unang bagay ng paglikha ng Diyos, na hindi magkakaroon ng isang maliit na batik ng—ng kasamaan saan man tungkol dito. Ni ang kasamaan ay hindi alam.

¹³⁷ Kung gayon bakit si Cain ay isang sinungaling, isang mamamatay tao, at lahat ng iba pa? Saan iyan nanggaling?

Tanungin lamang ang inyong sarili ng katanungang iyan. Iyan ang binhi ng serpiyente. Kita n'yo? Hindi ba gayon ang sinabi ng Biblia? Subaybayan ang ang kaniyang binhi sa pagpapatuloy pababa. Diyan, siya ay naging . . .

¹³⁸ Kaninong pag-aari ang sanlibutan? Sa Diablo. Sino ang kumokontrol nito ngayon? Ang Diablo. Eksaktong tama. Kinokontrol ng Diablo ang sanlibutan. Sinabi niya kay Jesus, sabi, “Tingnan kung gaano ito kaganda, lahat ng kaluwalhatian? Ibibigay ko iyan sa Iyo kung sasambahin Mo ako.” Kita n'yo, siya ang taga-kontrol nito. Ngayon pag-aari niya ito.

¹³⁹ Ngayon masdan, ang mga anak niya ay matatalino; Mga anak ng Diablo. O, kunin ang mga anak ni Cain, kung gusto ninyo, at dalhin ito mismo pababa sa kabuuan ng mga talaangkanan, at matutuklasan n'yo na sila ay mga matatalinong tao, bawat isa sa kanila.

¹⁴⁰ Ngunit pagkatapos nang patayin niya si Abel; at ibinigay ng Diyos sa kaniya na kapalit si Seth, ay isang tipo ng matuwid, upang tumubos; bilang patay na, at ibinangon muli. At mula roon . . . Ngayon masdan. Hindi mula sa unang binhi, ng natural; sila'y nangamatay. Ngayon bukas ba ang inyong mga isipan? Kita n'yo? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Ang unang binhi, ng natural na binhi, ordinaryong mabuti lamang, itinipo nito ang modernong iglesya, si Abel. Upang ipreserba ang linyang iyan na dumating pababa, ang isang iyan ay namatay upang ang panibago ay makabangon, nakita n'yo. Kaya, kailangan nitong maipanganak muli, muli. Naunawaan ninyo ito? [“Amen.”] Mabuti, para talagang makuha ninyo ito, kita n'yo. Kita n'yo?

¹⁴¹ Hayan ka na, ang perpektong tipo. Kaya maging ang natural na tao, ipinanganak ni—ni Adam, na kaniyang ama, ay nagpapakita ng ganiyang natural na kalakaran. Hindi gagana; hindi napag-uunawa ng natural na tao ang mga bagay ng Diyos. Kaya mayroong isang Lalaking dumating na natural, at namatay, upang maibalik iyan muli; at nailarawan sa kamatayan ni—ni—ni Abel, at ang pagpapalit ni—ni Seth.

¹⁴² At masdan kung anong uri ng mga tao iyan noon, ngayon, ang espiritung iyan na lumabas mula sa kaniya; mapagpakumbaba, mga magsasaka, mga pastol ng tupa. Masdan kung anong dumating mula sa karunungan ito ng sanlibutan rito; matatalinong tao, mga tagapagtayo, at—at ng mga metal, at lahat ng uri ng matatalinong kaalaman at mga bagay. Tingnan kung saan sila humantong. Sila ay nasa dako roon, at pinuksa ng Diyos ang bawat isa sa kanila, bawat isa sa kanila, at iniligtas ang mapagpakumbaba. Hindi ba sinabi ni Jesus, sa Mateo 5, “Ang mga maaamo ay magmamana ng lupa?”

¹⁴³ Kaya, oo, huwag mag-alala. Wala sila ni isang paa upang makatayo. Kita n'yo? Hindi sila naniniwala na iya'y naging anak

na lalaki ni Cain. Ngunit mayroon tayong teyp hinggil diyan, kung nais ninyong marinig na iya'y ipinaliwanag ng detalyado. Kita n'yo? Hindi, ginoo.

¹⁴⁴ At nakita ko na mayroon silang isang bahagi sa pahayagan doon, kung saan patutunayan ngayon ng siyensya na si “Eva ay hindi kailanman kumain ng isang mansanas. Siya ay kumain ng isang apricot.” Kita n'yo? Nasa akin ang pahayagan doon sa tahanan ngayon, kita n'yo. “Iyon ay isang apricot.” Gaano—gaano kalayo magagawa ng mga taong . . . Iya'y isang karnal na pag-iisip, kita n'yo.

“Pagkatapos, sa totoo, hindi kailanman tinawid ni Moises ang tubig. Siya ay tumawid sa gitna ng isang dagat ng mga tambo; dinala ang Israel sa kabila sa mas mataas na hangganan ng Patay na Dagat. Mayroong bungkos ng mga tambo roon, isang buong dagat ng mga tambo, sadyang kung saan naroroon ang mga tubig minsan, na bumaba. At si Moises ay tumahak ng mas maikling daan at tumungo sa palibot ng daang iyan.” At tinanggap ito ng iglesyang Orthodox. Kita n'yo iyan. Tinanggap ito ng mga iglesyang Orthodox, na iyon ay totoo.

¹⁴⁵ Oh, tao, hindi n'yo ba makita ang binhing iyan ng serpiyente, ang anti-cristong iyan, at ang buong bagay na nakalatag mismo rian? Tiyak. Opo, ginoo.

Kapatid na Branham, pakiusap manalangin para sa aking munting . . . (Buweno, iya'y isang kahilingan sa panalangin; nakita ko ito.) Manalangin para sa aking munting apung lalaki, napaka grabe sa trangkaso. Siya ay nasa Riverview Hotel.

¹⁴⁶ Panginoong Jesus, itong abang tao rito ay hindi sumulat niyan ng walang kabuluhan lamang. Nakita Ka niya na sadyang kusang tinanggal maging ang reumatikong lagnat mula sa isang munting batang lalaki noong isang gabi. Alam niya na Ikaw ang dakilang Diyos, at iniaalay namin ang aming mga panalangin para sa munting batang lalaking iyon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y gumaling siya. Amen.

¹⁴⁷ Kapag ang sinuman ay sumulat ng anumang bagay, ito'y hindi sa walang-kabuluhan. Sila—sila—sila ay mayroong isang . . . Kahit na gaano man kasimpleng pakinggan ito sa atin, at gaano ito, ngunit—ngunit mayroong isang bagay sa likod nito, nakita n'yo; ang babaeng iyan, ang munting batang lalaking iyan, isang bagay.

10. Ang Elias ba, na darating upang mangaral sa mga Hudio, ang totoong tao na nabuhay sa lupa, o siya ba'y magiging ang Espiritu ni Elias sa iba pang tao?

Ngayon, iya'y, ako—natatakot akong sabihin. Hindi ko alam. Kita n'yo? Hayaan akong basahin iyan muli.

Ang Elias ba, na darating upang mangaral sa mga Hudyo (oh, oo), ang totoong tao na nabuhay sa lupa, o siya ba'y magiging ang Espiritu ni Elias sa iba pang tao?

¹⁴⁸ Ngayon, kung masasagot ko iyan ng tama, masasabi ko sa inyo ang tungkol kay Enoc, kita n'yo. Ngunit ako—hindi ko magagawa ito, kita n'yo. Tanging bagay na alam ko, lamang, sinasabi ng Kasulatan kung magiging ano ito. At ngayon maaring ito ay ang . . . Ngayon, ako—ako'y tipong nakakiling. . . Ngayon hayaan akong sabihin ito sa ganitong paraan. At ako'y umaasang ang teyp, ang mga kapatiran sa mga teyp, ay mauunawaan ito. Ako'y nakakiling sa paniniwala na ito ay magiging mga pinahirang mga tao, sa kanilang espiritu. Sapagka't, kita n'yo, sinasabi niya, “Hindi ba . . . kay Eliseo? Hindi ba ang espiritu ni Elias ay sumasa kay Eliseo?” Kita n'yo, “ang espiritu ni Elias.” At nakagawa siya ng sadyang tulad sa ginawa ni Elias, kita n'yo. Kaya, ako, kung ako . . . Ngunit hindi ko masasabing iya'y totoo. Ako—hindi ko alam, kita n'yo. Ako ay tapat sa inyo. Hindi ko alam.

11. Kapatid na Branham, pakiusap maari mo bang sagutin ang isang ito para sa akin, tungkol sa bautismo? Ang Mateo 28:19 ay nagtuturo, “ang Ama, Anak, at Espiritu Santo.” At si Pedro, sa Mga Gawa 2:38, “sa Pangalan ng Panginoong Jesus.” Kailan dumating ang pagbabagong ito tungkol sa Mga Gawa ng mga Apostol? Ngayon, ako ay naniniwala, “sa Panginoong Jesus.”

¹⁴⁹ Buweno, kapatid na lalaki o kapatid na babae, sinuman ang sumulat nito, walang—walang pagbabago na dumating, kita n'yo. Ito . . . At nagawa lang ng tamang-tama ni Pedro kung anong sinabi ni Jesus na gawin. Ngayon, kung ang sinuman ay dumating at magsabing, “Gamitin ang titulo ng Ama, Anak, at Espiritu Santo,” ginawa nila ang sinabi ni Pedro na huwag gagawin, kundi kung ano ang sinabi ng Diyos na huwag gagawin. Kita n'yo? Ngayon, sinabi ni Jesus na . . .

¹⁵⁰ Tayo'y sadyang—kumuha lamang ng kaunti pa. Tayo'y . . . Gusto kong lamang ipakita sa inyo ang isang bagay dito. Pansinin. Ngayon pansinin, kung ika'y naririto, ang tao. Maglalagay ako ng tatlong piraso ng materyal dito. Ngayon tingnan. [Nagposisyon ng tatlong bagay si Kapatid na Branham bilang paglalarawan—Pat.] *Ito* ang Ama, *ito* ang Anak, *ito* ang Espiritu Santo; tulad ng paniniwala sa mga ito ng mga taong trinitaryan, naniniwala na sila ay tatlong magkakahiwalay na mga indibidwal. Pinaniniwalaan nila iyan. Kita n'yo? Buweno, pagkatapos, ngayon hayaan ako . . .

¹⁵¹ At pagkatapos sa Mateo 28:19. Sabi ni Jesus, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Siya . . .” Hindi, hinihingi ko ang inyong paumanhin. Aking sinisipi ang Mga Gawa ngayon, o sa Mga Gawa 2,

ako'y naniniwala. Hindi, Lucas 24:49, sinisipi ko. Sabi Niya . . . Hayaang basahin ko ito, pagkatapos ay nakuha ko ito, kita n'yo, at pagkatapos . . . dahil noong isang araw sinabi ko iyan kung kailan hindi ko . . . Nais kong makatiyak na nakuha ko itong tama. Ako—alam ko ang titulo ng sinasabi mo rito, ngunit gusto kong kunin lamang kung ano ang sinabi Niya. Tayo ay magsimula sa ika-16 na talata, ng ika-29. “Pagkatapos habang ang labing isa ay nakaupo sa hapag kainan, ang . . .”

Datapuwa't nagsiparoon ang labingisang . . . sa Galilea, sa bundok na sa kanila'y itinuro ni Jesus.

At nang siya'y kanilang makita, ay kanilang sinamba siya; datapuwa't ang ilan ay nangag-alinlangan.

At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa . . . Lahat ng mga kapamahalaan ay naibigay na sa akin sa langit at sa lupa.

¹⁵² Ngayon nasaan ang kapamahalaan ng Diyos? Saan naroroon ang Diyos? Kung lahat ng kapamahalaan sa Langit, at lahat ng kapamahalaan na nasa lupa, ay naibigay na, ngayon saan naroroon ang Diyos? Hayan Siya, kita n'yo. Iya'y kung ano ang nangungusap sa inyo. O sige.

Magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

¹⁵³ Ngayon ang katayuan ng trinitaryan iyan, “Binabautismuhan kita sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, sa pangalan ng Espiritu Santo.” Iyan ay wala man lamang sa Banal na Kasulatan. Kita n'yo? Ang sabi Niya, “Bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng . . .” Wala sa . . . at naglagay ng isang pangalan sa unahan ng bawat isa. Isang Pangalan! Masdan dito. Hindi sinabing, “Bautismuhan sila sa mga pangalan.” P-a-n-g-a-l-a-n, isang Pangalan, “Sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Kita n'yo?

¹⁵⁴ Ngayon gusto kong tanungin kayo. Ang “Ama” ba ay isang pangalan? [Kongregasyon, “Hindi.”] Ang “Anak” ba ay isang pangalan? [“Hindi.”] Ilang mga ama ang naririto? Sino sa inyo ang may pangalang “Ama”? Ilang mga anak na lalaki ang naririto? Ilang mga tao ang naririto? Kita n'yo? Buweno, sino sa inyo ang may pangalang “Ama,” “Anak,” o “Tao”? Kita n'yo?

¹⁵⁵ Tulad ng sinabi ng isang babae minsan, sabi niya, “Kapatid na Branham, ang ‘Espiritu Santo’ ay isang pangalan. Ito'y isang Persona.”

¹⁵⁶ Sabi ko, “Opo, ginoo. Ako ay isang persona, ngunit ang pangalan ko ay hindi ‘Persona.’ Ako ay isang persona, kita mo.

Ang pangalan ko ay William Branham; ngunit ako ay isang persona.”

Ang Espiritu Santo ay isang Persona. Iyan nga kung ano Ito. Ito’y hindi isang pangalan; ito’y isang titulo ng Persona ng Diyos. Kita n’yo? Ito’y isang titulo sa personalidad ng Diyos, kung ano Siya. Ngayon—ngayon kung . . .

¹⁵⁷ Sabi Niya, “Dahil dito magsihayo kayo, at turuan ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, ng Espiritu Santo.” Hindi “sa pangalan ng Ama, pangalan ng Anak, pangalan ng Espiritu Santo.” O, hindi “sa *mga pangalan* ng Ama, at ng Anak, ng Espiritu Santo,” kundi, “Sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.” At kung ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay hindi pangalan, kung gayon ay ano naman ang tungkol dito?

¹⁵⁸ Sabihin kung ito’y “pangalan,” buweno, alin doon? Nais n’yong tawagin ang isa sa kanila na isang pangalan, aling pangalan ito? Kung gusto ninyong tawagin ang titulo na isang pangalan, kung gayon aling pangalan, aling titulo iyon na nais n’yong ibautismo, ang “Ama” o ang “Anak”? Ito’y pang-isahan, kita n’yo.

Ngayon bumaling tayo banda rito, at iya’y ang huling aklat ng Mateo.

¹⁵⁹ Tulad nang palagi kong pagpapaliwanag nito. Kung kayo ay nagbasa ng isang kasaysayan ng pag-ibig, at sinabing, “Si Juan at Maria ay namuhay ng masaya lagi pagkatapos.” Kita n’yo, iyan ay dahil hindi n’yo—hindi n’yo kilala kung sino si John at si Mary. Bumalik sa unahan ng inyong salaysay, tuklasin kung sino si Juan at si Maria. Kita n’yo?

¹⁶⁰ Ngayon iyan ang ginagawa ninyo rito sa Mateo. Binabasa n’yo lamang ang huling bahagi nito. Bumalik sa unahan ng Mateo at basahin kung ano ang salaysay. Iya’y ang huling kabanata ng Mateo, at ang huling mga talata.

¹⁶¹ Tulad ng ika’y pumulot ng isang aklat, at sinabing, “Si John at si Mary ay namuhay ng masaya kailanman pagkatapos. Iyan ay si John Jones at—at si Mary *Ganito-at-ganiyan?* Iyon ay. . .? Hindi, iyon ay si John. . .? Iyon ay si John Henry at iyan ay si *Kuwan-at-kuwan?* Ito ay si John *kung Sino at Kuwan-at-kuwan?*” Hindi, hindi n’yo pa alam, kita n’yo. Ang tanging bagay na dapat gawin, upang maging tiyak, ay bumalik sa aklat at basahin ito. Kita n’yo, hindi n’yo magagawang pumulot ng isang piraso *rito*. Kailangan n’yong ilagay ang buong bagay na magkasama, upang mabuo ang larawan.

¹⁶² Ngayon bumalik sa Mateo, ang Unang kabanata. At ito ay tumungo at ibinigay ang mga tala-angkanan, dumating pababa sa Unang kabanata. Pagkatapos ito ay bumaba sa ika-18 talata, at ang sabi, “Ngayon ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito.” Tama ba iyan? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

163 Ngayon gusto kong tanungin kayo ng ilang bagay. Ngayon makinig muli. Inyong, ang tawag ninyo rito. [Si Kapatid na Branham ay tumuro sa bawat isa sa tatlong mga bagay bilang halimbawa—Pat.] Sino *ito*? Ang Diyos. . . [Kongregasyon, “Ama.”] Ang Diyos. . . [“Anak.”] Ang Diyos. . . [“Espiritu Santo.”] Ngayon sino ang isang *ito*? [“Ama.”] Sino ang isang *ito*? [“Espiritu Santo.”] Sino ang isang *ito*? [“Anak.”] Anak. O sige. Ngayon nakuha na natin ito ngayon. Ngayon ano nga ba ang sabi n’yo *rito*; Ang Diyos na *sino*? [“Espiritu Santo.”] Ang Espiritu Santo. Tama. Ngayon, o sige.

Ngayon ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay magasawa kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang siya’y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng . . .

164 [Kongregasyon nagsabi ng, “Espiritu Santo.”—Pat.] Ngayon, akala ko ba’y ang sabi ninyo ang Diyos ang Kaniyang Ama. Ngayon mayroong bagay na mali rito; Hindi Siya maaring magkaroon ng dalawang Ama. Alam n’yo iyan. Kita n’yo? Ngayon mayroong bagay na mali. Ngayon alin sa mga Lalaking ito, kung sila ay tatlong Persona, alin ang Kanila ang Kaniyang Ama? Sinasabi ng Biblia rito, maliwanag, “Siya ay nasumpungang nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo,” walang kinalaman ang Diyos Ama hinggil dito. At sinabi ni Jesus na ang Diyos ang Kaniyang Ama, at alam natin na ang Diyos ang Kaniyang Ama. Kung gayon, Siya ay mayroong dalawang ama; ngayon Siya ay isang anak sa pagkakasala, tiyak na tiyak. Ngayon nakita kung saan ninyo nailagay ang inyong sarili? Ngayon:

At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa’y lalaking matuwid . . . at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.

Datapuwa’t samantalang pinag-iisip niya ito, . . .

165 Tandaan, siya ay isang mabuting lalaki, ngayon. At ang kamay ng Panginoon ay isang kamay tulad ngayon; sila na mga itinalaga ay mauunawaan ito. Kita n’yo?

Datapuwa’t samantalang pinag-iisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, . . .

Sumusunod ba kayo sa inyong Biblia? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

. . . na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba . . . sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka’t ang . . . kaniyang dinadalang-tao ay sa . . .

166 “Diyos Ama”? Nabasa ko ba iyan ng mali? [Kongregasyon ay nagsabi, “Oo.”—Pat.] Sigurado nga. “Iyang ipinagdadalang tao

niya,” ay walang kinalaman sa Diyos Ama, ito’y “ang Espiritu Santo.” At ngayon alam natin na ang Diyos ay ang Kaniyang Ama. Tama ba iyan? [“Amen.”] Kung gayon ano ito? Ang Espiritu Santo ay ang Espiritu ng Diyos, siyempre. Ngayon nakuha n’yo ito. Kita n’yo?

¹⁶⁷ Ang Diyos Ama at ang Espiritu Santo ay siya ring Persona, o Siya ay mayroong dalawang tatay. At pagkatapos ano—anong uri ng persona ang inyong sinasamba? Anong uri ng Diyos ang mayroon kayo ngayon? Kita n’yo? Kita n’yo? Ang Diyos na Espiritu Santo, at ang Diyos Ama, ay ang siya gayun ding mismong Espiritu.

At siya’y manganganak ng isang lalaki; . . . (ang Taong ito rito) . . . at ang pangalang itatawag mo sa kaniya’y . . .

Ano? [Kongregasyon nagsabi ng, “JESUS.”—Pat.] “Ang Kaniyang Pangalan!” [“JESUS.”] Ngayon tandaan.

. . . ang kaniyang pangalan ay JESUS: sapagka’t ililigtas niya ang kaniyang bayan sa . . . kanilang mga kasalanan.

Ngayon nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na siyang dinaratnan ng Salita ng Diyos, na nagsasabi,

Narito, isang dalaga’y magdadalang-tao, at manganganak ng isang lalaki, At ang pangalang itatawag nila . . . sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Diyos.

¹⁶⁸ Ano ang Pangalan ng Diyos? Ano ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo? [Kongregasyon nagsabi ng, “JESUS.”—Pat.] Sinabi ng Biblia na “JESUS” ang Kaniyang Pangalan.

Pagkatapos ang kaibigan dito ay nagsisikap ipakipag-debate ito minsan, dito sa tabernakulo, sabi, “Si Kapatid na Branham ay nakalusot sa lahat niyon, ngunit hindi na niya malulusutan ang isang ito.” Sabi, “Dito ito ay nagpapakita ng tatlong magkakaibang persona, tamang-tama, ganap na ganap.” Sabi, “Mateo, ika-3 kabanata! *Heto* si Juan na nakatayo, nangangaral; *heto* dumarating ang Anak, lumalakad palapit upang mabautismuhan. Siya ay nagtungo sa tubig, binautismuhan ni Juan; umahon pabalik mula sa tubig. At, ‘Narito,’ sabi, ‘ang kalangitan ay nabuksan sa Kaniya.’ At ang sabi, ‘Pababa mula sa Langit ay dumating ang Espiritu Santo, tulad sa isang kalapati na bumababa. At isang Tinig mula sa Langit, nagsasabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, sa siyang . . .” Tatlong magkakaibang persona, mismo sa isang pagkakataon.” Oh, naku!

169 Oo. Ito ay nagpapakita lamang na ang mga taong wala ang bautismo, at hindi tinawag sa tungkulin ng—ng isang—isang pagkaministro, ay walang karapatan upang mapasa pulpito. Iya'y tama.

Ako—ako—makukuha ko ang taong iyan, ngayon, sa tulong ng Diyos, at itali sila sa gayon na lamang buhol na lilituhin ang kanilang isip. Tingnan, walang anuman sa akin kung ano . . .

Hindi, hindi ko ibig sabihin “ako.” Iyan sa pandinig ay hindi tama. Patawarin ako. Hindi ganiyan ang ibig kong sabihin, Panginoon. Hindi ko, ngayon. Naramdaman kong itinuwid Niya ako riyan, kita n'yo, kaya hindi ko ibig sabihin ito sa ganiyang paraan. Ako'y—ako'y pagpaumanhinan. Ako ay naniniwala na maipapahayag ng Espiritu Santo sa taong iyan ang ilang lihim. Mas mainam iyan pakinggan.

170 Ito'y parang tulad sa pagtutono ng isang instrumento, kapag kayo ay nakagawa ng bagay na mali. At masasabi n'yo ito, bilang isang Cristiano, kayo ay may bagay na nasabing mali. Hindi Niya gusto iyan. Kita n'yo, iyan ay paglalagay sa akin doon. Kita n'yo? Ni wala ako sa larawan, sa anumang paraan. Ako lamang. . . ni hindi nais na mapasa sarili ko o anuman. Siya lamang, hayaan Siyang gumawa ng gawain. Siya ang gumagawa ng pagpapatunog. Ang trumpeta ay isang pipi; ang tinig sa likuran nito, na siyang nagbibigay ng tunog.

171 Ngayon, tumingin dito. Hindi tama ang pakahulugan ng tao sa Salita. Kita n'yo, Ito'y . . . Tandaan, “Ito'y naitago mula sa mga mata ng mga pantas at matalino; nahayag sa mga sanggol.”

Ngayon, *heto* ang isang Personang iyan, si Jesus Cristo, nakatayo sa lupa. Ngayon, kalangitan; siyempre, mayroong papawirin sa itaas. Ngayon masdan, “At si Juan ay nagpatotoo . . .”

172 Ngayon kailangang sabihin ng taong iyan na, “*Heto* ang Diyos Ama; at *heto* ang Diyos Espiritu Santo, tulad ng isang kalapati; *heto* ang Diyos Anak; ginagawang tatlong persona.” Iya'y mali.

173 Si Juan, nakatayo sa dako *rito*, nalaman na *ito* ay ang Cordero. Sabi ni Juan, “Aking pinatotohanan, nakikita ang Espiritu ng Diyos tulad sa isang Cordero . . .” *Hayun* ang Diyos na Espiritu, tulad sa isang kalapati, ang ibig kong sabihin. Ngayon hayan ang siya ring bagay na sinabi ko noong nakaraang gabi, kita n'yo; sa halip sa pitong daan, sa- . . . Kita n'yo? Ang Espiritu ng Diyos! Ito ay ang Cordero *rito*. At ang Espiritu ng Diyos, ang Kalapati, ay Diyos. “Ang Espiritu ng Diyos na bumababa mula sa Langit. At isang Tinig mula sa Langit, nagsasabing, ‘Ito ang sinisita Kong Anak, na Siyang Aking kinalalugdang panahanan.’”

“Lahat ng kapamahalaan sa Langit at sa lupa ay naibigay na sa Aking kamay.” Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Iya'y Siya.

Ngayon ano nga ba ang Kaniyang Pangalan? [Kongregasyon nagsabi ng, “JESUS.”—Pat.] Tiyak. Kita n’yo?

¹⁷⁴ Kaya, hangga’t ang kuro-kurong trinitaryan, ng pagiging tatlong magkakaibang Diyos, iya’y paganismo! Iyan kailanman ay hindi itinuro sa Biblia. Iyan ay hindi kailanman itinuro sa Mensaheng leon, ngunit iyan ay kinupkop sa sumunod, na siyang anti-cristo. Tanungin ang sinuman na gusto n’yo, sinumang teologo. Iyan kailanman ay hindi dumating kundi sa pamamagitan lamang ng Nicolaita. Hayan kung bakit ito lumabas kasama ni Martin Luther; iya’y kung bakit ito’y nagpatuloy kay John Wesley; at ibinuhos pababa tungo sa mga Pentekostal.

¹⁷⁵ Sa araw na ang Pentekostal ay lumabas, mayroon silang “Jesus Only” na grupo. Ngayon, iya’y mali, muli. Paanong si Jesus ay magiging ang Kaniyang Sariling Ama? Kita n’yo? Kaya pinatutumba nito iyan.

¹⁷⁶ Ngunit mayroong ipinagpalagay na isang panahon ng agila na darating. Kita n’yo? Iyan ang panahon na tutuwirin Nito ang lahat ng mga hiwagang iyon. Kita n’yo?

¹⁷⁷ “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay mga titulo ng Panginoong Jesus Cristo. Masdan, lahat silang tatlo! Sabi ni Mateo, “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Sabi ni Pedro, “Panginoong Jesus Cristo.” Sino ang Ama? “Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, ‘Maupo Ka sa Aking kanang kamay.’” Tama ba iyan? Ama; Anak, Jesus; Espiritu Santo, ang Logos na lumabas mula sa Diyos. “Ama, Anak, Espiritu Santo” ay walang-pasubaling tatlong titulo ng Persona ng Diyos na nahayag sa—sa—sa tatlong magkakaibang paraan, o tatlong katangian ng Kaniyang Sarili.

¹⁷⁸ At upang gawin itong malinaw, sa kaninuman na hindi makaunawa, ito’y parang tatlong katungkulan ng siya ring Diyos. Sa totoo, ito’y tatlong katangian ng siya ring Diyos. Diyos na gumaganap sa tatlo, magkakaiba; sa ilalim ng pagiging Ama, sa ilalim ng pagiging Anak, sa ilalim ng pamamahala ng Espiritu Santo. Ang Diyos ay perpekto sa tatlo. Natatandaan n’yo ba ang bilang ng anti-cristo, apat? Kita n’yo? Ang Diyos, “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” ay walang-pasubaling “ang Panginoong Jesus Cristo.”

¹⁷⁹ Kapag kayo ay nagbautismo, sa Pangalan ni “Jesus” lamang, iya’y mali. Sadyang, “Binabautismuhan ka sa Pangalan ni Jesus,” iya’y walang pasubaling mali. Ako nakakakilala ng maraming mga Jesus. Aba, ang mga bansang Latin ay puno niyaon, mga Jesus.

¹⁸⁰ Ngunit ito ay ang “Panginoong Jesus Cristo,” nagsasabi ng tamang-tama kung Sino Siya.

¹⁸¹ Mayroong maraming mga Branham, kung nais ninyong makipag-usap tungkol sa akin ng personal, ngunit ako’y—ako’y ang nag-iisang William Marrion Branham. Iyan—iya’y ako.

Ngunit mayroong maraming ibang mga William Branham, at kung anu-ano pa, sa palibot.

¹⁸² Ngunit ito ay maliwanag na pagtawag sa isang Persona, ang Panginoong Jesus Cristo, kita n'yo, ang Isang pinahiran. Mayroon lamang Isa sa kanila. Ngayon, iya'y tama.

Kaya kung mayroong anumang mas malayo pa niyan, sumulat kayo ng isang liham o anong bagay, o—o minsan kung ako ay nasa ibang mga katanungan. Nais kong subukang kunin ito, upang makita ko kung magagawa nating kunin ang ilan sa mga may karamdamang mga taong ito na naghahirap, na maipanalangin.

12. Kapatid na Branham, kung ang katanungang ito ay hindi—ay hindi angkop, hindi angkop sa . . . huwag sagutin. (Iya'y mainam. Pinasasalamatang ko ito.) **Anong mga anak—anong mga anak ang tutungo sa Pag-agaw, kung mayroon bang mumunti? Salamat sa iyo.**

Hindi sila naglagda ng anumang pangalan. Ngayon, kung hindi man kayo, hindi iyan mahalaga.

¹⁸³ Ngunit, tingnan. Kapag naglagay ang Diyos ng isang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan, walang anumang bagay sa mundo na makapagbubura nito, sapagka't ito'y nasulat sa pamamagitan ng tinta ng Dugo ni Cristo. Maging ito man ay *ganito* kalaki, *ganiyan* kalaki, o *ganiyon* kalaki, o anuman marahil ito, ito'y tumutungo ng sadyang pareho lamang. Kita n'yo? Lahat ng mga bata, lahat ng Iglesya, lahat ng bagay na mayroon, ay . . . Ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman.

¹⁸⁴ Ngayon, hindi natin alam. Sasabihin ninyo, “Kapatid na Branham, mapapatunayan mo ba na ikaw ay naroroon?” Hindi, ginoo. Hindi ko mapapatunayan ito. Magagamit ako ng Diyos bilang isang kasangkapan sa ibang bagay, at gamitin kayo sa gayun ding paraan. Ngunit ako ay naniniwala, at sa pamamagitan ng pananampalataya, ako'y ligtas. Hindi sa pamamagitan ng karunungan na ako'y ligtas; sa pamamagitan ng pananampalataya! Ganiyan ang paraan na kayo'y ligtas. Ganiyan ang paraan na lahat tayo'y naligtas.

¹⁸⁵ Ngunit, tandaan, ang Diyos ay walang hanggan. Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Walang Hanggan! Buweno, sa pagiging walang hanggan, iyan ang gumawa sa Kaniyang . . . At, kung gayon, Siya ay marunong sa lahat ng bagay. Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [“Amen.”] Ang *omnisyente* ay nangangahulugang “Alam Niya ang lahat ng bagay.” Hindi Siya maaaring—hindi Siya maaaring maging marunong sa lahat ng bagay na walang pagiging walang hanggan. Kita n'yo, hindi nagkaroon ng anumang bagay na hindi Niya kailanman alam. Alam Niya ang bawat niknik na mapapa sa lupa, at gaano karaming beses nito ikukurap ang

mga mata nito, at gaano karaming sebo ang gagawin nito, gaano karami ang magagawa nilang lahat sa kanila na sama-sama. Alam Niya ang bawat hininga na iyong ihihinga, at gaano kalalim ito tutungo sa inyong baga. Iya'y walang hanggan.

¹⁸⁶ Ngayon, kung Siya ay walang hanggan, iyan ang gumawa sa Kaniyang pagiging marunong sa lahat ng bagay. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] At kung Siya ay marunong sa lahat ng bagay, iyan ang gumawa sa Kaniyang mapasa lahat ng dako, sapagka't alam Niya ng sadyang tamang-tama ang minuto, oras, panahon, sa bawat iglap na paghihiwalay hanggang sa ika-limapu't limang libo ng isang segundo, hanggang kung kailan ito magaganap. Kita n'yo? Kuha n'yo ba ang ideya ngayon? ["Amen."] Kung gayon, alam Niya ang lahat ng mga bagay. At iyan ang dahilan na taglay Niya lahat ang mga kapangyarihan, alam ang lahat ng mga bagay, at magagawa ang lahat ng mga bagay.

¹⁸⁷ Ngayong tingnan natin. Ngayon, "At lahat ng mga anak na ang Diyos. . . Bawat isa na ang Diyos. . . Kapag sila. . ." Ngayon, tandaan, kailan si Jesus ay. . . Sinabi ng Biblia. . .

¹⁸⁸ Ngayon alam natin na si Jesus ay pinatay mga A.D. 30. Tama ba iyan? Mga, iyan ay halos mga kalagitnaan ng taon, sa palagay ko, A.D. 30

¹⁸⁹ Ngayon, ngunit sinabi ng Biblia na Siya ay pinatay bago pa nilikha ang mundo. At ang inyong pangalan, nang ang Aklat ng Cordero. . . Nang ang Cordero ay pinatay, upang tubusin ang Aklat na ito. . . Heto ang isang dakilang bagay ngayon. Maari itong maging sanhi ng kasiglahan. Tingnan. Nang ang—nang ang—nang ang Cordero. . . Ngayon tandaan, sinabi ng Biblia na ang Aklat ng Buhay ng Cordero ay naisulat bago itatag ang sanlibutan. At ang inyong pangalan ay inilagay roon, ay nasa Aklat na iyon nang ang Cordero ay pinatay bago itatag ang sanlibutan, upang tubusin ang bawat pangalan na nasulat sa Aklat na iyon. Kita n'yo? Nakuha n'yo na ito ngayon?

¹⁹⁰ Kita n'yo, walang anumang bagay na wala sa kaayusan. Ito'y nagaganap ng tamang-tama lamang na parang malaking orasan ng Diyos, kita n'yo, tulad ng isang relas na kumikilos mismo paikot. Ang inyong pangalan ay nailagay roon bago itatag ang sanlibutan, nang ang Cordero ay pinatay upang tubusin kung ano ang nasa aklat na iyon. At ngayon siya'y lumapit at kinuha ang Aklat na iyan, upang kunin ang Kaniyang tinubos.

Hindi ko gusto na makapag-umpisa diyan; hindi na tayo kailanman makasasagot ng panibagong katanungan sa araw na ito. O sige. Tanong:

13. Ang impiyerno ba, at ang dagat-dagatang nagliliyab sa apoy at asupre, ay siya rin?

¹⁹¹ Hindi. Ang Impiyerno, sa pagkakasalin sa Biblia, paniwala ko ay. . . Ngayon, mayroong mga iskolar na nakaupo rito, at

nais kong igalang iyan. Ang ating Kapatid na lalaking Iverson na nakaupo rito, at Kapatid na Vayle, at marami pa sa mga kapatirang ito na talagang mga teologo. Ang salitang naisalin, *hades*, ay nangangahulugang ang “libingan.” Tama ba iyan? Ang salitang Griego para sa libingan. Ngunit ang Dagat-dagatang Apoy ay ibang bagay pa. Sapagka’t, sa banda ng Apocalipsis, “Kapwa, ang *hades* at lahat, ay inihagis tungo sa Dagat-dagatang Apoy.” Kita n’yo? O, sige. Ngayon tingnan natin.

14. Kung hindi, ang Dagat-dagatang Apoy ba, at impiyerno, ay Walang Hanggan?

¹⁹² Hindi, ginoo. Hindi, ginoo. Anumang bagay na nilikha ay hindi magpasa-Walang Hanggan. Hindi. Anumang bagay na nilikha. . . Iyan ang dahilan na hindi maaaring magkaroon ng Walang Hanggang impiyerno. Kung sabihin sa inyo ng sinumang tao na kayo ay masusunog sa isang Walang Hanggang impiyerno, gusto ko ng Kasulatan para ryan. Kita n’yo? Walang gayong bagay tulad nyan.

¹⁹³ Ang impiyerno ay nilikha para sa Diablo at sa kaniyang mga anghel, para sa anti-cristo at sa kaniyang mga tao; iyan ay ang Diablo, nagsakatawang Diablo. Ito ay nilikha para diyan, upang puksain. At anumang bagay na mayroong. . . Anumang bagay. . .

¹⁹⁴ Mayroon lamang isang bagay, sa lahat, mula sa lahat ng bagay na mayroon, ang buong mundo at lahat ng iba pang bagay, mayroon lamang isang bagay na Walang Hanggan, at iya’y ang Diyos. Bago nagkaroon ng isang atomo, o mga elektron, o ni bago pa nagkaroon ng cosmic na liwanag, mga elektron o anuman, Siya ay Diyos na. Siya’y ang Manlilikha.

¹⁹⁵ At iyan lamang ang tanging paraan na ika’y maaaring maging Walang Hanggan, ay tanggapin ang Buhay na Walang Hanggan. Iyang salitang Griego diyan, palagay ko, ang *Zoe*. Hindi ba iya’y tama? *Zoe*. *Zoe*. At pagkatapos, iyang-iyang Buhay, ibinahagi sa iyo ng Diyos. Tulad ng sa ama, inyong ama, ay ibinahagi ang kaniyang buhay sa inyo, sa pamamagitan ng—ng panunumpa sa kasal sa nanay; at siya, sa pamamagitan nyan, ay ibinahagi, ang—ang kagalakan ng pagbabahagi, (naunawaan n’yo ako) ng pagbabahagi ng buhay para sa isang anak na lalaki. At ganyan ang paraan na ginagawa ng Diyos, kagalakan sa pagbabahagi ng Kaniyang Buhay sa isang anak na lalaki. Kita n’yo? At pagkatapos kayo’y naging bahagi Niya, na siyang *Zoe*, Sariling Buhay ng Diyos. “Binibigyan ko sila ng Buhay na Walang Hanggan.”

¹⁹⁶ “Bangunin sila, sa huling araw.” Iyan ang tanging bagay na—na. . . Makakakuha kayo ng Buhay na Walang Hanggan. At alam ng Buhay na Walang Hanggang iyan ang Kaniyang katawan, at kinakailangan itong lumabas. Na ito’y magagawang. . . Imposible para rito na manatili roon. Tulad ng Espiritu ni Cristo

na lumukob sa katawan, ang Espiritu ng Diyos kay Cristo, sa dakilang araw na yaon, alam nito na magbabangon itong muli; gayun din ang mga banal sa kanilang katawan.

¹⁹⁷ Ngayon alalahanin. Si Jesus, nang Siya'y mamatay, nagtungo Siya sa impiyerno. Dahil, kailangan Niyang magtungo roon; Siya ang harang sa kasalanan. "At Siya ay nangaral sa mga kaluluwa na nasa impiyerno, na hindi nagsipagsisi sa pagpapahinuhod, sa mga araw ni Noe." Tama ba iyan? Nagtungo Siya sa impiyerno at nangaral sa mga kaluluwa, ang mga nahawalay na mga kaluluwa mula sa Diyos. Ang *kamatayan* ay nangangahulugang "pagkahiwalay." At sila ay nangahiwalay mula sa Diyos, hindi na kailanman makababalik pa. At si Jesus ay nagtungo upang magpatotoo na Siya Yaong ipinangusap, ang—ang Binhi ng babae.

¹⁹⁸ Ang binhi ng serpiyente, nakita n'yo ba kung ano ang nagawa ng binhi ng serpiyente? Anti-cristo; humantong sa kamatayan, pagkahiwalay, ang mapulang kabayo. Ang Binhi ng babae, ang Buhay, ay nagtapos sa maputing kabayo, si Jesus Cristo. Kita n'yo? Ano ito? Isa laban sa isa pa; binhi ng serpiyente laban sa Binhi ng babae. Nakuha n'yo na ito ngayon? Oh, maari tayong manatili ng kaunting panahon diyan! Hindi ba iyan ay magiging mabuti? Ngunit tayo'y manatili rito.

15. Kapatid na Branham, ang unang mangangabayo ba, ng Unang Tatak, ang tumupad ng Ikalawang Mga Taga Tesalonica, "ang kapahayagan tungkol sa taong makasalananan"?

¹⁹⁹ Oo. Iya'y tama. Iyan ang gumanap. Iya'y madali. Iyan ang gumanap. Iyan ang taong makasalananan. Ang siya ring taong nagpatuloy, sa mga baitang, patuloy na nangangabayo hanggang siya'y makarating sa isang maputlang kabayo na tinatawag na "Kamatayan." Si Cristo ay dumating sa pagpapatuloy roon, pag-aaring ganap, pagpapaging-banal, tungo sa maputing kabayo, at iya'y ang buhay na iyan, kita n'yo

16. Anong nangyari sa mga ipinanganak-na-muling mga mananampalataya na nasa iba't-ibang mga denominasyon ngunit wala sa Nobya ni Cristo? Anong mangyayari sa kanila?

²⁰⁰ Buweno, sa palagay ko'y, ipinaliwanag na natin iyan, kani-kanina lang. Kita n'yo? Sila'y nagtungo papasok sa Kapighatian. Sila'y minartir sa Kapighatian. Babangon sa huli, makaraan ang Milenyum, para sa kanilang kahatulan. Kita n'yo? Dahil, sinabi ng Biblia na ang natitira sa mga nabubuhay. . . "Ang nalabi sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa magtapos ang Milenyum." Pagkatapos ay mayroong isang pagkabuhay na mag-uli, at pagkatapos lalabas kapwa, ang matuwid at di matuwid, at hinatulan ni Cristo at ng Nobya. Siya'y dumating sa lupa kasama

ang sampung libong makasampung libong ulit ng Kaniyang mga banal. Tama ba iyan? Ang Kaniyang Nobya.

²⁰¹ Ang paghuhukom ay inihanda. Ang mga Aklat ay nabuksan. Mga Aklat ay nabuksan. At iba pang Aklat ang nabuksan, na siyang Aklat ng Buhay. Kaniyang pinaghiwalay, mula roon, ang mga kambing mula sa tupa. Tama ba iyan? Iyan ay walang kinalaman sa Nobya. Siya ay nakatayo mismo roon sa paghuhukom, kasama ng kaniyang Reyna. . . ang Reyna at Hari, magkasama. “Siya’y dumating kasama ang Kaniyang mga banal; sampung libong makasampung libong ulit ang naglilingkod sa Kaniya,” Kaniyang kabiyak. Pagkatapos ang paghuhukom ay inihanda, at pagkatapos ang tupa ay ihiniwalay mula sa mga kambing. Natatandaan n’yo ba noong isang gabi, ako na naghahatid ng munting pagbubulay-bulay na iyon, upang inyong maunawaan ito, ang koboy na pagbubulay-bulay? Kita n’yo? Hayan na kayo.

²⁰² Hindi, sila, iya’y sila, ang—ang—ang iglesya, ang mga tao na nasa mga denominasyon, na mga—mga tunay na mga Cristiano, na tumanggap ng Mensahe at hindi nila kailanman makikita Ito. Iya’y kailan man hindi maipapangaral sa kanila. At yaong mga nasa isang halu-halong pangkat, na siyang pinangaralan Nito, Iya’y lalagpas sa mauunawa ng kanilang kaisipan, liban na ang mga pangalan nila ay nasa Aklat ng Buhay ng Cordero. Oo. Ngunit sila ay magiging mabubuting tao.

²⁰³ At sila’y bubuhayin muli at bibigyang paglilitis, at hahatulan ng mismong grupo na nangaral sa kanila. “Hindi n’yo ba alam na hahatulan ng mga banal ang mundo?” Sila’y pangangaralan, kita n’yo. Sila’y pangangaralan, ng mismong siya ring mga tao na nagbahagi sa kanila ng Mensahe, upang “Lumabas doon!” Kita n’yo? Sana ay naipaliwanag niyan ito. Mayroon akong napakarami rito, na . . .

17. Kapatid na Branham, ang ikapitong anghel ba, na taglay ang espiritu ni Elias, ay siya ring tao tulad ng Elias na isinugo sa sangdaan at apatnapu’t apat na libong mga Hudyo sa loob ng tatlo’t kalahating taon makaraan ang Pag-agaw? Ang ilan sa amin ay nalilito, rito.

²⁰⁴ Hindi. Hindi siya pareho. Kita n’yo, ito’y dalawang magkaibang tao. Ang Eliseo na dumating sa anyo ni Elias ay hindi si Elias. At ang espiritu ni Elias na dumating sa isang tao na tinatawag na Juan Bautista ay hindi si Elias. At ang lalaki ng ikapitong anghel na mensahero, sa katapusan ng Kapanahunanng Laodicea, ay hindi magiging literal na Elias. Siya ay magiging isang Gentil, sa kaniyang lahi.

²⁰⁵ Si Elias magiging, o ang espiritu ni Elias, pagkatapos, pagdating sa . . . at sa mga tao roon, siya ay magiging isang Hudyo, kita n’yo, dahil sila ay isinugo sa kanilang sariling lahi. Iyan ang aking kapahayagan. Ang dahilan na ako . . . Ni

Tommy Osborn, nang pinag-usapan namin iyan, sa panahong iyan, si Tommy at ako, hindi ko kailanman nalaman. Ako ay nananalangin lamang para sa may karamdaman.

²⁰⁶ At ako ay umakyat doon, at mayroong isang babae na bumaba mula sa Fort Wayne Gospel Tabernacle, isang misyonaryo sa banyagang lugar. Ang kaniyang dibdib ay *ganiyan* kalaki, ay sadyang kinain na ng kanser. At siya ay naroon mismo sa munting bahay kung saan kami dati nakatira, dito sa may eskinita. At ako ay nanalangin para sa minamahal na kapatid. At siya ay pinagaling, at bumalik sa larangan. At nang. . . Siya’y nanggaling sa Africa. At nag-iwan siya ng isang maliit na aklat doon, sa mga misyon.

²⁰⁷ Na—naisip ko, “Buveno, ang mga misyonaryo ay mainam.” At ako’y. . .Hindi ko kailanman masyadong pinag-isipan ang tungkol sa mga misyonaryo. At kaya naisip ko, “Buveno, sila’y isang katungkulan lamang ng Diyos sa labas doon. Kaya iya’y. . . Ito ang aking lugar mismo rito, sa Ikawalo at Kalyeng Penn.” Kaya ako’y magpapatuloy lamang sa abot ng aking magagawa.

²⁰⁸ Ngunit isang araw, nakaupo sa pag-aaral, pinulot ko ang aklat na iyan. At ito ay mayroong isang larawan ng—ng lahing Negro, isang nakatatanda’t may gulang na ama, at siya ay mayroon nitong munting maputing bahagi ng buhok niya. At sa ilalim ay nakasulat ng paganito, “Maputing tao, maputing tao, nasaan ang iyong ama? Kita mo, ako ngayon ay matanda at mahina na ang pag-iisip, at hindi ako masyadong nakakaunawa. Kung nakilala ko si Jesus noong ako ay isa batang lalaki pa, nadala ko sana Siya sa aking lahi.” Buveno, binasa ko iyan.

²⁰⁹ At May Bagay na patuloy lamang na nagsasabi, “Basahin iyan muli. Basahin iyan, uli.” Nanatili akong nagbabasa. Oh, nagkaroon kayo ng mga ganoong pagkakataon. “Basahin iyan muli at muli. Mayroong anong bagay diyen.”

²¹⁰ Tulad sa dako roon sa Green’s Mill nang araw na iyon, nang ako ay lumabas sa kuweba. Hindi ko maunawaan iyon, kung paanong ang mga tao’y makapagsasalita sa mga wika at sumigaw, at mayroong tunay na Espiritu Santo, at ito pa rin ay anti-cristo. Magsalita sa iba’t-ibang wika, ang tunay na Espiritu Santong pagsasalita sa iba’t-ibang wika, at to pa rin ay isang diablo. Iya’y tama. Mapapatunayan ko iyan sa inyo. Oo, talaga. At pagkatapos pansinin. . . nang sila’y tumayo roon.

²¹¹ Kaya, ang iba’t-ibang wika ay hindi ebidensiya ng Espiritu Santo. Ito’y isa sa mga kaloob ng Espiritu Santo. Kita n’yo? At magagawang gayahin ng Diablo ang lahat ng bagay na mayroon Siya, Banal na pagpapagaling at lahat ng iba pang bagay.

Sabi Niya, “Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon, at sasabihing, ‘Panginoon, hindi ba’t ako ay nagpalayas ng mga diablo? Hindi ba’t ako. . .’” Iya’y pangangaral ng Ebanghelyo. “Hindi ba’t ako’y nakagawa ng mga makapangyarihang gawa

sa Iyong Pangalan, at lahat ng mga bagay na ito roon?” Sasabihin Kong, ‘Lumayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan. Ni hindi ko kayo nakikilala.’”

212 Ang Biblia ay nagsabi, na, “Ang ulan ay pumapatak sa matuwid at di matuwid, kapuwa.” At siya ring halamang matinik, na nakatayo sa bukid ng trigo roon, ay maaaring maging kasing saya at sumigaw, na may tubig na bumabagsak sa kaniya, gaya ng kapuwa isinugo sa ulan. “Ngunit sa pamamagitan ng kanilang mga bunga makikilala n’yo sila.” Iyang munting matandang halamang matinik ay makatatayo roon, at sadyang kasing saya at sumisigaw sa kaniyang makakaya, sadyang kasing puno ng gayun ding ulan na mayroon ang trigo.

213 Hayan na kayo. Kaya magagawa nilang sumigaw, magsalita sa iba’t-ibang wika, at gayahin lahat ng bagay na gusto nila; sa araw na yaon, tatawaging, “Mga manggagawa ng katampalasanan.”

214 Tulad ng sinabi ko sa inyo, kani-kanina lang, makinig sa kung anong aking sasabihin! Makinig ng mabuti. Tumingin pabalik, suriin ang inyong sarili sa Salita at tingnan kung nasaan kayo.

215 Kayong mga kababaihan na mayroong maiikling buhok, hayaan siyang humaba. Kayo’y nagsisipagsuot ng mga short; alisin ang mga iyon. Kumilos na tulad sa isang binibini. Kayong mga kalalakihan na naninigarilyo, at pumupunta sa bulwagan ng mga bilyaran, itigil iyan. Walang anuman sa akin kahit gaano kayo magpahayag. Kung pinanghahawakan n’yo pa rin ang organisasyong iyan, at sinasabing, “*Ito* Iyon, at *ito* Iyon,” mas makabubuting tumigil kayo. Lumingon pabalik, suriin ito sa Salita. Tayo’y tumutungo deretso palabas ng . . .

216 Dapat nakapamuhay na tayo ng lagpas pa sa maikling buhok at lahat. Ang kapanahunang ito ngayon, tayo’y naibalik tungo sa Isang Bagay ngayon, na inihahayag ng Diyos ang mga natatagong hiwaga, na nailagay sa Aklat bago itatag ang sanlibutan. At yaong mga nagsisunod sa mga maliliit na bagay na ito, ay mauunawaan Iyan sa ibang mga bagay na ito. Kung ’di nila maunawaan, ito’y lalagpas lamang sa itaas ng kanilang mga ulo, na kasing layo tulad ng silangan mula sa kanluran. Ito’y sadyang . . .

217 Tulad ni Gideon, pinaghihiwalay ang kaniyang mga tao. Mayroong libu-libo at libu-libo. Sabi ng Diyos, “Iya’y masyadong marami. Paghiwalayin silang muli.” Binigyan niya sila ng panibagong pagsubok. At, “Paghiwalayin silang muli. Paghiwalayin silang muli.” At patuloy pababa, hanggang siya’y nagkaroon ng kakaunti. Sabi Niya, “Iyan ang grupo na gusto Kong gumawa ng trabaho.” Iyan eksakto kung anong naganap.

218 Pentekostal na mga kababaihan (tumutungong pabalik at papunta) nakaupo rian, nakikinig at nalalaman, sa pamamagitan ng Salita, iya'y mali. Sa palagay n'yo sila'y makakasunod Dito? Hindi, ginoo. Bawat taon, kapag ako'y dumaraan, mayroong higit na mas maraming mga maiikling buhok kaysa mayroon noong ako'y nagsimula.

219 Sabi, "Anong kinalaman niyan...Kailangan mo na..." Mayroong nagsabi, "Aba, Kapatid na Branham, itinuturing ka ng mga tao na isang propeta." Ngayon, hindi ko sinabi na ako ay isang propeta. Walang sinumang nakarinig sa akin na sinabi iyan. Ngunit sasabihin ko ito, na kung—kung talagang ginawa n'yo iyan, kung itinuring n'yo ito...Sabi, "Bakit hindi mo turuan ang mga tao kung paano tanggapin ang Espiritu Santo, at paano makuha *ito*, at paano makakuha ng dakilang espirituwal na mga kaloob at tulongan ang iglesya?"

Paano ko sila tuturuan ng algebra samantalang ni hindi sila nakikinig sa kanilang ABC? Iya'y tama. Gawin n'yo ang mga maliliit na bagay na ito. Bumaba rito sa ibaba at pagpagin ito paalis, at magsimula ng tama. Amen. O sige.

220 Tungkol sa ano ba ang aking ipinangusap, kahit paano? Tingnan natin. Hindi ko layunin na lumayo sa paksang iyan. Paumanhinan ako, kita n'yo. O sige. "Ilan sa mga... ilan sa atin ay nalilito. Ang Elias, ba ay pareho tulad sa..." Oo, uh-huh, iya'y tama.

Hindi. Ang Elias na ito na darating sa mga Gentil, ay magiging isang Gentil na pinahiran ng espiritung iyan, dahil ginamit ng Diyos iyang gayun ding espiritu upang ilabas ang Kaniyang mga tao mula sa kaguluhan bawat pagkakataon. At ito ay gumanap ayon sa Kaniyang layunin, kaya pararating Niya ito mismo pabalik muli. Dahil, kita n'yo...

Pagka't ngayon, kung Siya'y gumagamit ng isang matalino, edukado, iyan ang tipo na sasalo nito.

221 Nagdadala Siya ng isang tao na halos hindi alam ang kaniyang ABC, at hindi mabigkas ang kaniyang mga salita ng tama, at lahat ng bagay tulad niyan; isang anong bagay sa liblib na kagubatan bagay na mahilig sa anong bagay sa sa dako roon saan, at dadalhin Ito papasok at itutulak mismo pababa diyan sa mga taong may simpleng kaisipan. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan—Pat.] At nakukuha nila Ito, tulad niyan. Nakuha nila Ito, kita n'yo. Kung Ito'y dumating, at kuwelyo...

222 Tulad ng sabi ni Pablo, "Hindi ako dumating sa inyo na may katalinuhan ng isang edukasyon, ngunit ako'y dumating sa inyo sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli." Gumugol ang Diyos ng tatlo at kalahating taon, sa Arabia roon, upang alisin ito sa kaniya, ang kaniyang edukasyon. Gumugol-gumugol Siya

ng apatnapung taon upang alisin ito kay Moises. Kita n'yo? Kaya hayan na kayo. Iya'y . . .

Hindi ko sinasabing ang Diyos ay hindi . . . Hindi ko sinusuportahan ang kawalang pinag-aralan ngayon, ngunit ako'y—ako'y nagsisikap na sabihin sa inyo na hindi ito nangangailangan . . . Ang edukasyon ay hindi . . .

²²³ Ang karunungan ng mundong ito ay salungat. Ang edukasyon ang naging pinaka malaking balakid na natamo ng Ebanghelyo. Kung wala tayong edukasyon, hindi tayo magkakaroon nitong lahat na malalaking mga seminaryo at mga bagay na mayroon tayo ngayon. Ito'y mga tao, may simpleng kaisipan, na makikinig sa Salita. Ngunit sila ay labis na kalugod-lugod at nagkagulo-gulo, at nahigpitan sa dako roon, bagaman, silang mga organisasyon, hanggang sa sila'y nananatiling kasama nito. Iyan lang. Nakakuha nila ang espiritung iyan. Nakakuha na ba kayo ng isang mabuting babae, ipinakasal tungo sa isang mababang-moral na lalaki? Iyang mababang-moral na lalaki ay alin sa dalawa magiging isang—isang mabuting lalaki tulad ng babae, o ang babae ay magiging mababang-moral tulad niya. Kita n'yo? Iya'y tama.

²²⁴ Iyan ang dahilan na Kaniyang sinabi, “Magsilabas kayo mula sa kanila, habang ako'y naghahanda upang kunin iyang Pag-agaw.” Kailangan n'yong magkaroon ng isang uri ng pananampalataya na mag-aalis sa inyo mula rito.

18. Kailan ba ang kasunduan, ng Daniel 9:27, nakumpirma para sa isang sanlinggo?

²²⁵ Kalahati nito ay nakumpirma na, ang kasunduan, nang si Jesus Cristo ay nasa lupa na nangangaral sa mga Hudyo. Hindi siya kailanman nagtungo sa mga Gentil, sa anumang paraan. At sinabi Niya sa Kaniyang mga alagad, “Huwag tumungo sa mga Gentil.” Iyon ay sa mga Hudyo, lamang. Kita n'yo? At Siya ay nangaral sa loob ng tatlo at kalahating taon. Iya'y kalahati ng ikapitumpung sanglinggo, ngayon, tulad ng sinabi ni Daniel na Kaniyang gagawin.

²²⁶ Ngayon tandaan, Siya ay ganap na isang—pinagtibay sa mga Hudyo. Ngunit ang kanilang mga mata ay binulag, upang ipasok ang panahong ito sa Gentil. Hindi n'yo ba makita ang buong programa? Kita n'yo? At Kaniyang pinatunayan ang Kaniyang Sarili, isang propeta, nagawa ng sadyang tamang-tama kung anong gagawin ng propeta, pinakitaan sila ng isang tanda ng isang propeta. “Na, sinabi ng inyong sariling Salita, ‘Kung sinasabi ng isang tao na siya'y espirituwal, o isang propeta, bantayan kung anong kaniyang sinasabi; at kung ito'y maganap, patuloy lamang na nagaganap, kung anong kaniyang sinabi, tuloy-tuloy.’”

²²⁷ Tulad, tumingin kayo sa Biblia, sabi nito, “Kumatok, ito'y mabubuksan; humanap, matatagpuan; humingi, bibigyan.”

Ngayon, kung mapapansin n'yo, ito'y "kumakatok." Tuloy-tuloy lamang na pagkatok. [Si Kapatid na Branham ay nagpasimulang kumatok sa pulpito ng dalawampu't tatlong beses—Pat.] Manatili mismo diyan. Tulad ng di matuwid na hukom, ayaw sagutin ang babae; siya'y sadyang nanatiling kumakatok sa kaniyang pintuan. Nagsasabing, "Ako'y nasa Iyong kamay." [Si Kapatid na Branham ay tumigil sa pagkatok.] Hindi humanap, sabihing, "Panginoon, gusto kong makuha *ito*. Amen." Iya'y hindi ito. Manatili mismo diyan hanggang sa makuha mo iyon. Alam mo na ito'y darating. Kaya, ipinangako Niya ito, kaya sadyang manatili mismo diyan hanggang mahawakan mo ito. Kita n'yo?

Ngayon, ngayon, sa huling bahagi, ang ikapitumpung sanglinggo, ang huling bahagi niyon ay magiging sa takdang panahon ng Kapighatian, makaraan ang Pag-agaw ng Iglesia. Pagkatapos heto ang tatlo at kalahating taon dito, na ito'y makukumpirma sa kanila muli sa pamamagitan ng mga propeta, kita n'yo, si Moises at Elias, Apocalipsis 11. Ngayon tingnan natin kung ano ito:

- 19. Kung ikaw ay isa sa Kaniyang mga pinili, tutungo ka ba sa Nobya? (Opo. Uh-huh. Opo, ginoo. Iya'y madali.)**
- 20. Kapatid na Branham, ibig mo bang sabihin ay pitong libo ang hindi iniyukod ang kanilang tuhod kay Baalim, o pitong daan?**

²²⁸ Pitong libo, ang ibig kong sabihin. Patawarin n'yo ako para riyon, kita n'yo. Isa lamang. . . Ito'y isa lamang—isang gawi ng pangungusap. Ako lamang ay. . .

Tulad, ng nasabi kani-kanina lang. Napansin n'yo ba akong nakatayo rito, sabi ko, "At—at sila'y nagpatotoo, nakikita ang Cordero. . ."? Kita n'yo? Kita n'yo? Ang Cordero ay nasa lupa. Kita n'yo? "Nagpatotoo, nakikita ang Espiritu ng Diyos na bumababa sa Cordero."

²²⁹ Ngayon, doon, sabi nito, "Ito ang Aking sinisintang Anak, na Siyang Aking kinalulugdan." Nakita n'yo? Ngayon, iya'y naisulat sa isang aktuwal na anyo ng Griego, naglalagay ng pandiwa bago ang pang-abay. Ngunit inyong pansinin dito, sa katotohanan iyon ay magiging ganito. Ngayon kunin lamang ang Salita, kita n'yo. Sinasabi ng Biblia, sa pagkakasalin ng San Santiago rito, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siyang Aking kinalulugdang panahanan." Ngunit, sa totoo, kung sasabihin natin ito tulad ng sinasabi natin ngayon, "Ito ang sinisinta Kong Anak, sa Siyang kinalulugdan Kong panahanan." Babaliktarin n'yo iyon, kita n'yo. Kita n'yo? "Ito ang Aking sinisintang Anak, na Siyang Aking kinalulugdang panahanan." Kita n'yo? Ngayon, sasabihin natin ito ngayon, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siyang kinalulugdan Kong panahanan." Kita n'yo, pareho ring salita, inikot lamang ito. Kita n'yo?

230 Ngayon, oo, ang ibig kong sabihin...Patawarin ako, pakiusap. Ako...At—at, mga kapatid, kayo na nasa teyp doon, at mga kaibigan, makinig. Hindi ko ibig sabihin iyan ng paganiyan. Ako—Ako—Ako’y isang ministro ng Ebanghelyo. Ako, maraming beses na nang ipinangaral ko iyan, alam ko na iyan ay pitong libo. Nangyari lamang na nasabi kong pitong daan. Hindi ko ibig sabihing pitong daan lamang. Ang ibig kong sabihin kayo...Hindi ko lamang binasa ito mula sa Kasulatan. Ito ay dumating lamang sa aking isipan habang ako’y nagsasalita, at nasabi ko lamang na pitong daan sa halip na pitong libo. Nagagawa ko yaong mga pagkakamali sa lahat ng pagkakataon. Ako’y—ako’y talagang isang walang saysay, kaya patawarin n’yo ako. Kita n’yo? Hindi ko layunin na gawin iyan.

21. Ang Nobya ba ni Cristo, at ang Katawan ni Cristo, ay siya rin?

231 Opo, ginoo! Kita n’yo? Ngayon, heto, ngayon kita n’yo, ayokong makapag-umpisa dito, pagka’t ako ay kumuha ng isang se-...mangangaral ng isang sermon tungkol dito, kita n’yo. Ngunit hindi ko gagawin iyan. Ngunit gusto kong ipakita sa inyo. Nang ibigay ng Diyos kay Adam ang kaniyang nobya, mula sa kaniyang tadyang, sabi niya, “Siya ay laman ng aking laman, at buto ng aking buto.” Tama ba iyan?

232 Nang ibigay ng Diyos kay Cristo ang Kaniyang Nobya, ang Espiritu ang nagbigay ng laman sa Nobya, Siya ay sinuntok, sinibat sa tagiliran sa ibaba ng Kaniyang puso, at tubig, Dugo, at Espiritu, ay lumabas; iyan ay naging “laman ng Kaniyang laman, at buto ng Kaniyang buto.” Tayo ang laman at mga buto; ang Nobya ang magiging laman at mga buto ni Cristo, eksakto. Sila ay ang...Iyan ay Kaniyang Nobya.

22. Magkakaroon ba ang Nobya ni Cristo ng...Magkakaroon ba ang Nobya ni Cristo ng isang ministeryo bago ang Pag-agaw?

233 Tiyak. Iya’y kung anong nagaganap mismo ngayon, kita n’yo, ang Nobya ni Cristo. Walang alinlangan. Ito ay ang Mensahe ng kapanahunan, kita n’yo, ang Nobya ni Cristo. Tiyak. Siya ay binubuo ng mga apostol, mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, at mga pastor. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Iyan ang Nobya ni Cristo. Tiyak. Siya’y mayroong isang ministeryo, dakilang ministeryo, ang ministeryo ng kapanahunan. Ito’y magiging napaka mapagpakumbaba.

234 Ngayon tandaan. Gaano karami ang naririto, noong una, nang ako...Nakaraang Linggo, kita n’yo, naalala n’yo ba kung ano ang ipinangaral ko? Kababaang-loob. Oh, huwag kalilimutan iyan. Ako’y titigil sandali, upang ibabala iyan muli. Tandaan, kapag ang Diyos ay humula ng anumang dakilang bagay na magaganap, ang mga tao tumitingin ng napaka layo,

sa pamamagitan ng kanilang karunungan, hanggang sa di nila makita kung anong naganap. Kapag sinasabi ng Diyos ang anumang bagay na dakila, ang sanlibutan ay nagtatawa roon. “Iyang lupon ng mga taong ignorante!” Iya’y tama.

Ngunit kapag ang dakilang mundo, at ang dakilang mataas na iglesya, ay nagsabi, “Aba, iya’y maluwalhati!” Sinasabi ng Diyos, “Isang lupon ng mga taong ignorante!” Kaya, kita n’yo, kailangan n’yong magbantay. Hindi ko ibig sabihin iyan marahil na paganiyan, eksaktong ganiyang paraan, ngunit paganiyan nga ito.

²³⁵ Tingnan! Heto ay isang dakila, banal na Pangunahing iglesya, “Alam namin ang Salita. Mayroon kaming mga paaralan. Mayroon kaming mga seminaryo. Mayroon kaming mga taong talagang matatalino! Aba, sa loob ng mga daan-daang taon kami’y naging tapat kay Jehovah. Kami ang Iglesya. Kami’y ang Sanhedrin. Mayroon kaming Konseho ng mga Iglesya dito. Kapwa Pariseo at Saduseo, at lahat ng mga denominasyon, ay nagtipon-tipong magkasama,” tulad ng ginagawa natin. Kita n’yo? “Kaming lahat ay iisa, ang—ang Konseho ng iglesya. Kami ang mga bigatin dito. Alam namin ang Kasulatang iyan. Ano ang ilang, ignoranteng lalaki sa ibaba roon ng ilog, na may balbas na nakalaylay sa kaniyang buong mukha, at isang piraso ng balat ng tupa, sinasabi sa amin?” Tiyak, hindi sila makikinig Doon.

²³⁶ Ngunit sabi ng Biblia, sa Malakias ang ika-4 na kaba- . . . o ang ika-3 kabanata, “Aking isusugo ang Aking mensahero sa Aking unahan, upang ihanda ang daan para sa Akin.” Pitong daan at labing dalawang taon bago roon, si Juan. . . Oh, ang dakilang propeta ng Isaias ay nakatayo roon, at sabi, “Magkakaroon ng isang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, ‘Ihanda ang daan para sa Panginoon, at gawing tuwid ang Kaniyang daraanan.’” Iya’y tama. At ang sabi. . . at si Dav- . . . Oh, marami sa kanila! Sabi, “Bawat mataas na dako ay mabababa.”

²³⁷ Oh, sabi nila, “Magkakaroon ng isang. . . Kapag ang lalaking ito ay dumating, kaniyang ituturo ang kaniyang daliri, at kaniyang gagalawin ang mga bundok. Oh, at lahat ng mga mababang dako, ang mga hukay, ay itataas. Pagkatapos lahat, iyang lahat na mga magagaspang na dako, ay papatagin. Kapatid, tayo’y magtatanim ng mga mais sa bawat bukid sa palibot dito. At, oh, gagawa tayo ng mga dakilang bagay kapag ang taong ito ay dumating.” Kita n’yo?

²³⁸ Inaasahan nila ang Diyos na kunin ang pampaandar at pagaganahin ito, ibaba ang pasilyo, sabihing, “Halika na bumaba, ikaw na dakilang tagapagpauna ng Aking Mesiyas.” At pagkatapos kaagad-agad kapag siya ay nawala na, paaandarin nila ito pataas muli, at ang kaniyang ministeryo ay tapos na.

Niloko-loko nila iyon muli, at ilalagay iyon mismo pababa rito sa tabi ng seminaryo, at sabihing, “O sige, Aking sinisintang Anak, lumakad pababa at sabihin sa kanila.” Kita n’yo? Oh, naku!

²³⁹ Tingnan, nang siya ay dumating. Anumang naganap? Heto dumarating ang isang lalaki na di alam ang anumang sa kanilang mga paaralan. Ni walang isang tarheta ng pakikipagtipon. Oh! Walang mga kredensiyal. Wala. Walang sinumang nakaalam na siya’y nagtungo sa paaralan ni isang araw sa kaniyang buhay. Ni hindi ninyo masasabi iyon sa kaniyang pangungusap. Ni hindi siya nangusap sa mga termino ng isang. . . ng mga pansimbahan. Siya ay nangusap ng tungkol sa mga serpiyente, mga palakol, at ilang, at—at—at mga bagay na tulad niyan, kita n’yo, mga punong kahoy. Siya’y nangusap hindi sa mga termino ng pangsimbahang kaayusan ng araw, o sa araw na ito o anumang iba pang araw.

²⁴⁰ Siya ay dumating na “sassafras,” tulad ng tawag natin nito dito sa Indiana. Siya ay lumabas sa mga palumpong kung saan. Ni hindi man lamang nag-ahit, at ang buhok ay nakatayo sa ulo niya. Hindi ko maisip kung siya’y nakapaligo siya; ng minsan tuwing dalawa o tatlong buwan. Tama. Hindi siya kailanman nagsuot ng padyama sa gabi. Hindi pa siya kailanman nakasakay sa isang awtomobil. Hindi niya kailanman sinipilyo ang ngipin niya. Oh, naku! Ano ngang lalaki ito! Tiyak na hindi.

²⁴¹ Heto siya dumarating, lumalakad papadyak pababa patuloy sa ilang, tulad niyan, sabi, “Ako ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang. Ihanda ang daan para sa Panginoon, at gawing tuwid ang Kaniyang daanan!”

²⁴² Ang ilan sa mga tagapagturo ay tumayo at nagsabi, “Huh! Sabihin, kaibigan, dala mo ba ang iyong. . .Hindi kami maaring makipagtulungan sa iyo sa pangangampanyang ito. Heto, hindi namin magagawa ito. Buweno, nasaan ang iyong— nasaan ang iyong tarheta? Nasaan ang iyong pagkakakilanlan?” Binale wala lamang niya sila. Siya ay may mensahe, kaya siya ay nagpatuloy lamang doon, kita n’yo, nangangaral gaya ng dati.

²⁴³ Sabi nila, “Aba, hintay! Buweno, kung tayo ay tutungo roon, isasama natin ang obispo patungo, sa araw na ito, at tingnan kung anong kaniyang sasabihin tungkol doon. Tayo’y pupunta roon kung alam natin. Iya’y ang mga pangulo ng iglesya. At alam natin na kailangan niyang kilalanin iyan. Kung siya’y sa Diyos, kikilalanin niya ang ating mga obispo.”

²⁴⁴ Ilagay silang lahat sa baba roon sa isang hanay, at tumayo sa labas doon, ang mga dignitaryo.

²⁴⁵ Ang sabi niya, “Kayong lahi ng mga ulupong! Kayong mga ahas sa damuhan!” Mga nakabaliktad ang kuwelyo, at “banal na mga ama,” at kung anu-ano pa. “Sino ang nagbabala sa inyo upang tumakas mula sa galit na darating? Alam n’yo ang oras n’yo ay malapit na. Hindi n’yo ba naisip na. . .Sasabihin n’yong, ‘Buweno, kami ay nabibilang *dito*, *diyan*.’ Sasabihin ko

sa inyo, ang Diyos na aking pinaglilingkuran ay may kakayanang magbangon ng mga anak kay Abraham mula sa mga batong ito.” Oh, naku!

²⁴⁶ Ngayon kaniyang kukunin ang sa kaniya gayun din naman, mula sa pansimbahang pananalita. “Sinasabi ko ang palakol ay nakataga na sa ugat ng punong kahoy! Samakatuwid bawat punong kahoy na hindi namumunga ng mabuting bunga ay puputulin at ihahagis sa apoy! Oh, Sa katotohanan babautismuhan ko kayo sa tubig, tungo sa pagsisisi, ngunit Siya ay pumaparitong sumunod sa akin. Ang buwan ay magiging dugo! At, ay, naku, Kaniyang lubusang lilinisin ang Kaniyang mga giikan! At Kaniyang kukunin ang—ang dayami at susunugin iyon ng ‘di mapupugnaw na apoy, at titipunin Niya ang trigo sa bangan. Paghihiwalayin Niya ang mga panirang damo at ang trigo.” Oh, naku! Anong mensahe!

²⁴⁷ Sabi nila, “Ang taong ito? Huh! Ano’ng sabi niya, ano— ano— anong oras nga iyon? Oh, kaignorantehan! Nakuha natin ang tao mismo sa dako roon, Kapatid na Jones. Siya ang tao na gagawa niyon, kung mayroong sinuman sa kapanahunang ito. Obispo *Kuwan-at-kuwan* ay gagawin iyon; Banal na Amang *Kuwan-at-kuwan*.” Oh, naku! Kita n’yo?

Diyos sa kasimplehan, kita n’yo, kumikilos sa kasimplehan.

²⁴⁸ Pagkatapos, unang bagay alam n’yo, siya ay nakatayo roon isang araw, at ang sabi niya, “Oo, Siya ay nakatayo sa inyong kalagitnaan!” Siya ay talagang tiyak na siya yaong tagapagpauna. Alam niya kung sino nga siya. Iyan ang dahilang magagawa niyang yugyugin ang pagkukunwari mula sa kanila. Sabi, “Ngayon, huwag manginig, ngunit magpatuloy lamang at magpatuloy pa. Kayong mga kawal, sundin n’yo ang inyong mga panginoon. At kung kayo ay nakagawa ng anumang kasamaan, inyong kunin iyan. . . .”

²⁴⁹ “Anong gagawin natin? Titigil na ba tayo sa paggawa *nito*? Titigil na ba tayo sa paggawa *nito*?”

²⁵⁰ Sabi Niya, “Magpatuloy lamang tulad ng ginagawa ninyo. Magpatuloy. Magpatuloy. Sige lang. Kung kayo ay nagpapatubo ng mga patatas, patubuin sila. Kita n’yo? Kayong mga kawal, huwag gumawa ng karahasan. At—at gawin n’yo ito. At anuman ang gawin n’yo, sadyang magpatuloy tulad ng inyong ginagawa. Sundin ang inyong mga panginoon, at kung anu-ano pa.”

“Rabi, ano ang dapat naming gawin?”

²⁵¹ “Sadyang magpatuloy tulad ng inyong ginagawa, kita n’yo. Ngunit mayroong Isa sa inyong kalagitnaan, na hindi n’yo alam.” Alam niya iyan, ang oras ng kaniyang mensahe. Alam niya na dapat niyang ipakilala ang Personang iyon. Alam niyang Siya ay naroon. “Isa sa inyong kalagitnaan! Hindi n’yo Siya nakikita. Mga bagay ay nagaganap na, wala kayong nalalamang anuman.” At kaya, pagkatapos, “Mayroon— mayroong isang bagay na

magaganap,” sabi niya, “kita n’yo, at Siya’y mapaparito. At makikilala ko Siya.”

252 At sa wakas, isang araw, sabi niya, “Narito, hayun Siya! Hayun ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!” Sabi, “At ang oras ko ay tapos na ngayon. Naipakilala ko na kayo sa Kaniya. Kailangan ko nang bumaba ngayon. Kailangang umalis na ako sa eksena. Siya’y magpapatuloy mula rito.”

“Ang Milenyum ay darating na, kaagad mismo, kita n’yo, at ang—ang oras ay malapit na.” Pagkatapos kapag Siya ay dumating, kapag. . .

253 Maging si Juan ay nagsabi, “Siya’y tutungo upang, oh, Kaniyang aalisin ang talupak. Kaniyang—paghihiwalayin Niya ang trigo mula sa—mula sa dayami, at susunugin Niya ito. At Kaniyang lubusang lilinisin ang Kaniyang mga sahig, at ang Kaniyang pamaypay ay nasa Kaniyang kamay!” Ngunit ano nga Siya? Munting, maliit. . .

254 Ngayon, nakakintal na ito lahat sa kaisipan nila, “Oh, tao! Siya’y magkakaroon ng isang sibat na aabot ng isang milya ang layo. Siya’y tatayo lamang pabalik banda rito sa Palestino, tatayo lamang roon at sadyang. . . sa isa sa mga maputing ulap na iyon, at pupulutin ang lahat ng mga Romanong ito, tulad *nito*, at ihahagis sila tungo sa impiyerno. Tuloy-tuloy lamang na gagawin tulad *niyan*, kita n’yo, hanggang sa makuha Niya sila sa lahat ng dako.” Aba, ganiyan na ang nakatanim sa kanilang kaisipan.

At nang iyon ay naganap, isang munting Cordero ay dumating na kumikilos palabas mula sa kanila, maamo at magiliw, itinulak sa *gawing ito* at sa *gayong gawi*.

255 Maging si Juan ay nagsabi. Ngayon tumingin kay Juan, ang propeta; sabi niya, “Tumungo’t tanungin Siya. Siya nga ba talaga Iyon?” Napaka mapagpakumbaba, hanggang ang propetang iyon ay ‘di nakita iyon. Sabi, “Siya nga ba Iyon, o kami ba ay maghihintay pa ng iba?”

256 Ngayon, hindi Siya kailanman nagbigay ng isang aklat para sa mga alagad na iyon, sa—sa Mateo 11. Dumating at tinanong Siya, nang ang mga alagad ni Juan. . .

Si Juan ay nasa kulungan. Kaya siya ay naging labis na nag-alangan hanggang siya. . . Ako ay naniniwalang iyon ay si Pember na nagsabing, “Ang Kaniyang matang agila ay nakubabaan, sa dako roon,” kita n’yo. Magagawa niyang. . . Siya—siya ay nakababa na sa lupa; siya ay galing dati sa kaitaasan. Ngunit nang ang propesiya niya ay natapos, siya ay nahulog pabalik pababa sa lupa muli, kita n’yo, pagka’t, inilagay siya sa kulungan, kita n’yo. Wala na siyang paggagamitan pa para sa malalaking mga pakpak na iyon, kaya siya’y nahiga na

lamang sa baba roon. Ngunit siya ay lumipad ng mas mataas kaysa sinuman sa iba pa sa kanila.

²⁵⁷ Hayaan akong ipakita sa inyo ang isang bagay. Ginamit siya ng Diyos. At alam ni Jesus, kita n'yo, pagka't iyan ay ang—iyan ay ang nagkatawang-taong Diyos doon. Kita n'yo? Siya nga . . . Kaya, Kaniyang—sinabi Niya roon, Sabi Niya . . .

Ngayon, hindi Niya kailanman binigyan siya ng isang aklat kung paano ikilos ng wasto ang kaniyang sarili sa kulungan; Sinabi Niya, “Ngayon hintay sandali. Ako’y susulat ng isang sanaysay dito, at dalhin n’yo pabalik at sabihin kay Juan kung paanong ikilos ng wasto ang kaniyang sarili kapag siya’y nasa kulungan, para sa Aking kapakanan.” Kita n’yo? Hindi, hindi Niya kailanman sinabi iyan.

²⁵⁸ Hindi Niya sinabing, “Tumungo sabihin kay Juan na kailangan niyang magkaroon ng kaniyang Ph.D. na digri bago siya lumabas.” Kita n’yo? Kung gagawin niya, siya’y naging kasama sana ng iba sa kanila; siya sana’y naging isang mananakwil.

Si Juan ay tapat at itinanong ang katanungan.

²⁵⁹ At ang sabi Niya, “Maghintay lamang hanggang matapos ang pagtitipon, at pagkatapos ay tumungo’t ipakita kay Juan kung anong naganap, pagkatapos kaniyang malalaman. Kung sasabihin n’yo sa kaniya kung ano’ng nagaganap kung gayo’y malalaman niya.” Kita n’yo? Kita n’yo? “Tumungo lamang hayaan siyang . . . Sabihin sa kaniya. Sabihin sa kaniyang ito’y . . . Siya ay nasa kulungan at hindi magagawang pumarito. Ngunit—ngunit umupo kayo sa pagtitipon, at nakita n’yo kung anong naganap. Tumungo kayo sabihin sa kaniya.”

Kaya, pagkatapos, sinabi ng mga alagad, “Napaka inam, Panginoon.”

²⁶⁰ At sa kabila ng burol sila’y nagtungo. Si Jesus nakaupo sa batong ito, pinagmasdan lamang sila hanggang sila’y makatawid sa kabila at umakyat sa kabila ng burol.

²⁶¹ Siya ay bumaling sa kongregasyon, sabi, “Sino—sino ang nilabas ninyo upang makita, sa panahon ni Juan?” Kita n’yo? Sabi, “Ano’ng nilabasan ninyo upang makita? Lumabas ba kayo upang makakita ng isang lalaki na ang kaniyang kuwelyo ay nakabaliktad, at maiinam na kasuotan, at pinatalino ng husto at edukado. Iyan ba ang uri ng tao na inyong nilabasan upang makita?” Sabi, “Hindi. Alam ninyo kung anong uri ang mga ‘yon? Hinahagkan nila ang mga sanggol, at, alam n’yo, nagtratabaho sa mga palasyo ng mga hari. Sila, iyan—hindi tulad ng ganiyang tipo ni Juan.”

²⁶² “Buweno,” sabi, “kung gayon, bakit kayo pumunta? Upang tingnan ang isang tao na binigyan ng isang ministeryo at iuugnay ito mismo tungo sa isang organisasyon, o isang bagay tulad

niyan? Niyuyugyog ng bawat...Kung gayon, kung ang—ang Oneness ay hindi siya gusto, siya’y tutungo sa Trinity? At kung hindi siya gusto ng Trinity, siya’y tutungo sa iglesya ng Diyos, saan mang dako? Iyan ba ang uri ng tao na inyong nilabas upang makita, niyuyugyog ng anumang tambo? Oh, hindi. Hindi si Juan.”

263 Ang sabi niya, “Kung gayon ano ang inyong ipinunta upang makita? Isang propeta?” Sabi niya, “At sasabihin kong iya’y tama. Ngunit may sasabihin ako sa inyong isang bagay na hindi n’yo alam; siya ay higit pa sa isang propeta. Siya ay higit pa. Kung matatanggap n’yo ito, ito siya na noon isinulat, sa Biblia, kita n’yo, noon doon, ang Kasulatan. ‘Aking isusugo ang Aking mensahero sa unahan ng Aking mukha,’ Malakias 3, kita n’yo, ‘at kaniyang ihahanda ang daan sa unahan ko.’” Kita n’yo?

264 At hindi nila naunawaan. Maging ang mga alagad ay hindi nakuha iyon, kita n’yo. Iya’y tama. Oh, naku! Kasimplehan! Maging mapagpakumbaba, kita n’yo. Tumungo mismo pababa...Kapag ang Diyos ay nangako ng sang bagay na malaki, kita n’yo, iyon ay malaki sa Kaniyang paningin.

265 Ngayon, kung gusto ninyong palaging alalahanin ito sa inyong isipan, nais kong inyong...Panatilihin n’yo ito sa isipan. At kapag ito’y naganap, kung gayon ay inyong mababago ito. Kayo ay umabot at dumampot ng isa sa mga munting pantagsibol na mga bulaklak na darating sa taong ito, o kumuha ng isang pangkaraniwang dahon ng damo at hawakan ito sa inyong kamay, at sabihing, “Hahawakan ko ito ngayon, at tingnan iyang isang bagay, napaka simple, ang gumawa *nito*. At gusto kong makita ang utak, na makapagpapadala ng isang rocket sa buwan, gawin ang dahong ito ng damo.” Palagi n’yong makukuha iyan. Kayo ay may katiyakan diyan. Palagi n’yong makukuha iyan. Kita n’yo? Ang dahon ng damo ay mayroong buhay roon, kita n’yo. Ito’y napaka simple at mapagpakumbaba.

266 Kita n’yo, kung ang isang tao ay isang bigating tao, mabuti, ngunit kung siya’y sapat na bigatin at magagawa niyang maging simple, kita n’yo. Matatagpuan niya ang Diyos. Ngunit kung siya ay hindi magiging simple, hindi niya kailanman makikita Siya. Kaya kailangan n’yong maging simple. Ngayon talata... .

23. Sa Apocalipsis, talata 5:9, sino ang mga ito na natagpuang umawit—umaawit nang kunin ng Cordero ang Aklat mula sa—mula sa... kinuha ang Aklat? Ang—ang mga ito ba ay ang naagaw na mga banal?

267 Hindi. Apocalipsis 6...5:9, pala. Hindi. Kung inyong napansin, ang mga ito ay hindi ang mga banal. Sila ay may... . Hindi pa Niya inaangkin ang Kaniyang pag-aari. Kita n’yo? Ito ay hindi ang mga banal. Kung napansin ninyo, sila’y ang mga matatanda at mga Hayop, at sila’y umaawit.

268 Basahin natin ito, upang ang taong iyan. . . At pagkatapos ay sisikapin kong. . . Ako'y mayroong mga kalahating dosena pa dito, at palagay ko makukuha ko sila sa ilang minuto. Tingnan natin. Apocalipsis 5:9. Ngayon basahin pa natin ng kaunti sa unahan. Kaya, ang tao, ngayon, ay tapat tungkol dito, at gusto nilang malaman. Masdan.

At pagkakuha niya ng aklat,—pagkakuha ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawang pu't apat na matatanda ay nangagpatirapa, sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa. . . mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal.

At sila'y nangag-aawitan ng isang bagong awit, (kita n'yo, kita n'yo) na nagsasabi, Ikaw ang karapat-dapat na kumuha ng aklat, at magbukas Nito, (kita n'yo). . . iyong tinubos kami. . .

At. . . ginawa kaming mga saserdote at mga hari. . .

269 Iya'y ang Makalangit na grupo, hindi pa ang natubos. O sige, ngayon.

Kapatid na Branham, kung lahat ng. . .

Ngayon sandali lamang. [Si Kapatid na Branham ay tumigil panandali—Pat.] Palagay ko, ano. . . Pagpaumanhinan ako.

Kapatid na Branham, kung—kung lahat ng maka-Diyos, (Oo), maka-Diyos ay makuha pataas sa Pag-agaw, saan si Elias at ang. . . at si Moises magmumula?

270 Mayroong bagay na mali. Mayroong bagay na mali. Iya'y ang lahat na mayroon lamang dito. Doon—mayroong bagay na naganap. Kita n'yo? Mayroong anong bagay na naging mali kung saan. Lahat ba ay nakadarama ng maayos? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Doon walang. . . Walang walang karamdaman, o anuman?

[Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon nagsabi ng, “Basahin ang ika-9 na talata muli, sa Apocalipsis 5.”] Tingnan natin, Apocalipsis. . . Nasaan nga ito, kapatid? [“5.”] 5. [“5.”]

Oh, ang katanungan! Oh, ang katanungan na kasasagot ko pa lamang. Ngayon tingnan natin. “Ikaw. . .” Ang tamang dako:

At nang kaniyang buk-. . . ang aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawampu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal.

At silay nangag-aawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ay karapat-dapat na kumuha ng aklat,

at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw... ay pinatay, at...

Heto iyon! Heto iyon! Ako ay mali diyan. Kita n'yo?

...binili mo sa Dios ng iyong dugo...sa bawa't angkan...

²⁷¹ Iya'y tama. Ngayon, ano'ng palagay ninyo tungkol diyan? Oh, kung ang Presensiya ng Espiritu Santo ay wala rito, ano na? Hindi Niya hahayaang... Kita n'yo, binasa ko lamang ang unang bahagi ng talatang iyan. Kita n'yo, ito'y—ito'y sadyang isang tal-...o anong bagay na nasulat dito, at sinisikap ko na makapagtapos, sa pagtingin sa orasan. Ngunit nakita n'yo Siya na pinigil ako diyan? Kaluwalhatian! Kita n'yo, hindi ko binasa ang ibang bahagi niyan. Kita n'yo, napunta ako rito, "At..." Tingnan dito, "At sila—at sila'y umawit ng isang bagong awit," at ako'y tumigil, kita n'yo. Ngunit, tingnan dito, "Ang awitin kanilang inawit, na nagsasabi, 'Iyo kaming tinubos mula sa bawat angkan, wika, at bansa.'" Tiyak, iya'y sila. Naku! Oh, naku! Oh, naku! Kita n'yo ito? At, siya nga pala, mayroong panibagong katanungan sa baba rito, din.

24. Maaari mo bang (k-o-n-t-r-o-...) kontrolin yaong mga ibinigay... Buweno, kontrolin "yaong mga ibinigay na mapuputing balabal," ng Apocalipsis 6:11, kasama "ang mga iyon na nangaghugas ng kanilang mga balabal sa Dugo ng Cordero?"

²⁷² Ngayon tingnan natin, Apocalipsis 6. Sadyang hindi ako makapagmadali dito, mga kaibigan, tulad nito dito, kita n'yo, dahil ito'y magiging... Ako'y sasagot ng sangbagay na mali. Ngayon, hindi Niya gustong—hindi Niya gustong gawin ko iyan. Iya'y ang katotohanan, kaya tulungan ako. Ang Banal na Espiritu ng Diyos ay batid na iyan ang katotohanan. Kita n'yo? Ako'y sadyang... Mayroong isang bagay na sadyang... ako— ako ay tumingin lamang sa... Tumitingin sa orasan, ganap na labing isa at kalahati, at naisip ko, "Kung hindi ako magmamadali ngayon, hindi na ako makakapanalangin para sa may sakit." At sinisikap kong kunin iyan. Dahil ako... At ang aking isipan ay masyadong... Hindi ko magawang...

²⁷³ Tandaan n'yo, kailangan n'yo lamang unawain ngayon, ako— ako'y isang tao, kita n'yo. At ako—ako'y galing na roon na sa loob ng pitong araw, at aking... At mayroon pa akong bagay, sa hapong ito, na kailangan kong hanapin mula sa Diyos.

²⁷⁴ Ngunit, Siya ay napaka determinado na hindi ko magagawa ang pagkakamaling iyan, tinawag nila ako pabalik upang basahin ang natitira pa ng talatang iyan. Ako'y sadyang... Ito sa pakiramdam ay tila isang bagay lamang na sadyang dumaloy sa kabuuan ko, at ang sabi, "Bumalik! Bumalik!"

Naisip ko, “Bumalik? Ano? Tumigil mismo ngayon at magsimulang manalangin para sa may karamdaman? Ngunit ano—ano iyon? Ano ang nagawa ko?”

At sadyang nagsimula akong umabot para diyan, mayroong nagsabi, “Basahin ang talata muli.” At binasa ko iyon muli. At naroon, sa ibaba ng katanungang ito, naroon nga iyon, kita n’yo, “Apocalipsis 6.”

²⁷⁵ Kita n’yo, binasa ko ang una. Iyan sa pandinig ay parang iyon, ang una, kita n’yo, “At sila’y umawit ng isang bagong awit.”

Ngunit sa baba rito, nakita n’yo kung ano iyon? Ang sumunod, dumarating na pababa, “Tinubos tayo.” Tiyak, iyon ay ang Nobya, ang naagaw na mga banal. “Magagawa mo . . .” At heto, walang alinlangan, ang—taglay ng Cordero ang Aklat sa Kaniyang kamay. Kaniyang iniwan na ang Luklukan ng namamagitang biyaya. Kita n’yo? Nakita n’yo kung paanong binabantayan iyan ng Espiritu Santo? Pagkat, tamang-tama, iya’y siya ring bagay na sinabi ko noong nakaraang gabi.

²⁷⁶ Nang Siya ay nangusap sa akin sa silid, at ako ay bumaba rito at nangaral sa inyong lahat, na, “Nang iwan ng Cordero ang dako.” Oh, naku! Ngayon ako ay naniniwalang tayo’y sadyang kukuha ng isang teksto. Kita n’yo, “Iniwan na ng Cordero ang Kaniyang luklukan at lumabas,” kita n’yo, nang ako ay makarating sa taas doon nang Siya ay kasalukuyang naroon, ang Liwanag na iyon, na siyang si Cristo; nang Siya ay kasalukuyang naroon, sinabi iyon. Nang iwan ng Cordero iyang luklukan ng Trono, bilang isang Tagapamagitan, Siya ay naparito, at ang Araw ng Katubusan para sa Iglesya ay tapos na.

²⁷⁷ Ang sumunod na pagtutubos ay nabuksan, ito ay para sa mga Hudyo, ang saang-daan at apatnapu’t apat na libo. Tama ba iyan? Pagkat ipinangako Niyang puputulin Niya ang puno, alam n’yo.

²⁷⁸ Ngayon, dito, ngayon heto Siya’y lumabas, ang Cordero, at pagkatapos ang Araw ng Pagtutubos ay tapos na. At lahat na mga tutubusin, ay tinubos na at inilagay sa Aklat, at Siya ay nasa labas rito binubuksan ang Aklat. Tama!

²⁷⁹ Oh, salamat sa Iyo, Panginoon. Kita n’yo? Patawarin ang Iyong niyerbiyosong lingkod sa pagsisikap na malampan ang isang bagay.

Ngayon, magagawa mo bang payagan “yaong mga binigyan ng mapuputing balabal,” ng Apocalipsis 6:11 . . .

²⁸⁰ Ngayon tingnan natin, 6:11. O sige. Nasaan na tayo rito ngayon? “Maputing mga balabal,” oo, iya’y ang—ang ipinako, sa ilalim ng dambana. Ang—ang mga Hudyo, sa pagitan ng panahong iyan, “Sila ay binigyan ng maputing mga balabal.”

. . .kasama “yaong mga nangaghugas ng kanilang mga balabal sa Dugo ng Cordero,” ng Apocalipsis 7:14?

²⁸¹ Hindi. Ngayon, iyan ay iba, tiyak na tiyak. Pagkat, kita n’yo, dito, natuklasan natin *dito*, na “ang mga ito ay binigyan ng maputing mga balabal,” dako rito sa panahong ito. “Sila ay binigyan ng maputing mga balabal,” sila mismo, sa pamamagitan ng biyaya. Ang mga ito *rito*, “Ay nangaghugas ng kanilang mga balabal sa Dugo ng Cordero,” at sa dako ng Apocalipsis sa dako rito, ito ay iyang “lubhang karamihan na dumating sa harapan ng Diyos, na mula sa lahat ng lahi, mga wika, at mga bansa.” Ang *mga ito* ay direktang tamang-tama sa mga martir, ang Hudyo, kita n’yo. Ngayon, ngayon iyan ay tama, ngayon.

25. Kapatid na Branham, kung lahat ng maka-diyos ay madala pataas sa Pag-agaw, saan manggagaling ang Elias at Moises? Sila ba’y magiging mga Hudyo? O ang ating Elias, na ibinigay sa atin, mapapa—mapapasa kanila?

²⁸² Hindi. Ang—ang Gentil na mapapahiran ng espiritung ito, upang tawagin palabas ang mga Gentil, ay kukunin palayo. Pagka’t, kita n’yo, ang buong Iglesia, lahat, ay kinuha na paitaas. At itong dalawang propeta, ng—ng ika-11 kabanata, ibinaba. At ang araw ng biyaya ay tapos na sa Gentil, at nadala na sa mga Hudyo. Hindi, hindi iyon magiging gayun ding tao. Ngayon, ako’y—ako’y talagang tiyak diyan. Ngayon tandaan, at ang mga ito ay sa abot ng lamang ng aking pag-kaunawa.

Tingnan natin kung ano ito, sinasabi rito. Tanong, “Ang trigo ba at alak . . .” Oh, “Ang . . .” T-r-i-g-o. Hindi, ito palagay ko ang—ang ibig sabihin nito, “Ano ang . . .” Wala itong “ano” roon. Sinasabi lang:

26. Ang ano ba at alak, o ang trigo at alak, ano ang . . .ng Apocalipsis 6:6?

Tingnan natin kung ano ito, nang ako ay bumaba rito ngayon, ito rito.

At narinig ko ang isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay isang takal na sebada . . .at huwag mong ipahamak ang alak at . . . langis.

²⁸³ Palagay ko iya’y nangangahulugang “ang trigo at ang alak.” Ito ay isa, sa isa pa.

Manapa, ay isang simbolo, ang alak na ginamit sa mesa ng komunyon, ng Apoc- . . .ng Unang Mga Taga Corinto 11:24?

²⁸⁴ “Ang alak ba—ang alak . . .” Hindi. Isa sa kanila ay isang espirituwal na simbolo, kita n’yo. At ang isa pa ay sa totoo ang—ang kapahayagan ng Salita.

27. Maari kaya na ang dahilan na maraming may karamdaman, dahil hindi natin napagkilala ang katawan ng Panginoon? (Tama!)

...ngunit ngayon ay nahayag sa pagbubukas ng Ika-anim na Tatak?

²⁸⁵ Ngayon, tingnan natin. Hayaang tingnan ko lamang kung makukuha ko iyan ngayon. Ito'y hindi kayo; ito'y ako. Hindi n'yo. . . Isinulat ninyo ito ng maayos; ito'y ako lamang.

Maari kaya na ang dahilan na marami ang may karamdaman, dahil hindi natin napagkilala ang Katawan ng Panginoon? (Iya'y mayroong isang tanong pananda, ang dulo niyan.)

²⁸⁶ Buweno, sinasabi ng Kasulatan, na, "Marami ang may sakit at mahihina sa inyo, dahil sa pagkilala sa Katawan ng Panginoon." Iya'y eksaktong tama. Dahil, kita n'yo, ang Katawan ng Panginoon ay ang Nobya. At marami sa kanila ang lumilihis, at hindi sila sumusunod Rito. Iya'y totoo. Kita n'yo, hindi nila alam kung paanong kumilos ng wasto sa kanilang mga sarili. Mamuhay ng anumang uri ng pamumuhay; at makibahagi ng komunyong at mga bagay. Iya'y hindi tama. Kita n'yo? Kapag ang mga tao ay nakibahagi ng komunyong, na nagsisinungaling at nagnanakaw at naglalasing, at, iyan—iyan—iya'y terrible. Hindi n'yo dapat gawin iyan. Kita n'yo?

...ngunit ngayon ay nahayag sa pagbubukas ng Ikaanim na Tatak?

²⁸⁷ "Ang pagbubukas ng Ikaanim na Tatak." Tingnan natin ngayon. Hindi. Ngayon, natuklasan n'yo, ang Ikaanim na Tatak bumubukas rito, ay sa mga Hudyo. Kita n'yo, ang—ang Iglesya ay wala na. Ito ay ang Panahon ng Kapighatian, kaya hindi ito magiging pareho. Hindi. Hindi. Ito'y hindi.

²⁸⁸ Ang isa sa kanila ay isang espirituwal na alak, iya'y ang kapahayagan ng Salita, pagkatapos ang—ang mananampalataya ay sumisigla sa kapahayagan ng Salita. At ang isa pa ay isang simbolo ng Dugo ni Jesus, na ginaganap sa dulang ng Panginoon. Ngayon, iya'y sa abot ng aking pang-unawa nito.

28. Mayroon bang sinuman na hindi itinalaga na tatanggap sa Panginoon? Kung tatanggap sila, mawawalay ba sila?

Hindi kung sila'y itinalaga. Hindi. Kita n'yo, hindi nila magagawa.

29. Nasaan ang Kasulatan na nagpapakita na ang...ang Katolisismo ang daraya sa mga Hudyo at kukunin ang kanilang kayamanan?

²⁸⁹ Ngayon, "Sadyang saan ito sinasabi na—na—na ang hayop ay mandaraya para sa kayamanan?" Hindi nito sinabi iyan. Ngunit tayo'y nagpapalagay na iyan nga ay. . . Ngayon, noong isang gabi, natatandaan n'yo. Tingnan ninyo ang teyp ng mabuti.

Hinding-hindi ko sinabi na iyan ang gagawin nila. Sabi ko . . . Kita n'yo, ang mga Katoliko ang pinaka mayamang grupo sa mundo. Walang sinumang tulad nila. At kung anong wala sa kanila, taglay ng mga Hudyo ang iba.

²⁹⁰ Iya'y kung saan ang ekonomiya ng bansang ito ngayon . . . Tayo'y mismo ngayon ay nabubuhay sa salaping buwis, ayon sa *Lifeline*, iyang mula sa buwis (na nanggaling mismo mula sa Washington, D.C.) na mababayaran sa loob ng apatnapung taon mula ngayon. Iyan ang ating iginagastos ngayon. Iya'y kung gaano tayo kalayong napag-iiwanan na, nagbibigay ng mga bayarin, kita n'yo, sa mga buwis na mababayaran sa loob ng apatnapung taon mula ngayon. Ang bansa ay bangkarota. Siya ay tapos na.

²⁹¹ Ngayon, si Castro, ang tanging makatuwirang bagay na nagawa niya, ay nang pineke niya ang pananalapi at binayaran ang mga bayarin, mga bono, at sinunog sila, at—at binago ang pananalapi. Iyan lamang ang tanging bagay na magagawa niya.

At mayroon lamang isang bagay na natitira para sa Estados Unidos upang gawin. Ngayon tandaan, ito ay si William Branham, kita n'yo, na nagsasalita. Ito ay aking ideya. Ito'y pagpapalagay lamang, tumitingin lamang rito sa natural na pananaw, na maaring milyong milya ang layo. Ako ay naniniwala na mismo roon, sa salaping iyan . . . “Ang pag-ibig sa salapi ay ang ugat ng lahat ng kasamaan.” At ako ay naniniwala na ito'y magpapasimula sa bagay na magtuloy-tuloy.

²⁹² Ngayon, ang Katolikong iglesya noon doon, mula sa pagpapabayad ng misa, at kung anu-ano pa, ay hawak ang kayamanan ng sanlibutan. Tandaan n'yo, sinabi ng Biblia, “Siya ay mayaman,” at kung paano siya. At, tandaan, hindi lamang sadyang sa isang bansa. Siya ay mayaman sa bawat bansa na mayroon sa ilalim ng Langit. Siya ay lumaganap. Siya ay may salapi. Ngayon, kung anong wala sa kanila, mayroon ang Wall Street, na kung saa'y kontrolado ng mga Hudyo.

²⁹³ Ngayon, at tandaan n'yo, nakuha niya ang salapi ng si Jacob ay bumalik (kagabi natuklasan natin) at naging Israel. Talagang nasa kaniya ang salapi. Ngunit ang kanyang salapi ay walang mabibiling anuman para sa kaniya, kita n'yo, kay Esau. Mayroon si Esau niyon, din. Kita n'yo, iya'y gayunding anti, at—at ang isa . . . Kita ninyo, sadyang kasing perpekto.

²⁹⁴ Ngayon masdan dito. Sinabi ko na maaring gustuhin nila na magpisang magkasama sa salapi, at ang—ang kapangyarihang Romano ay kukunin ang kapangyarihan ng Hudyo, at sa salapi, sinisira ang kasunduan. Iyan ay maaring di maging totoo. Kita n'yo, alam kong sisirain nila iyon, ngunit ako—hindi ko alam kung anong dahilan, pagka't ito'y hindi nahayag sa akin ang tungkol sa kung anong gagawin nila.

²⁹⁵ Ngunit tingnan. Ngayon, kung sa araw na ito, ngayon ano kung sa araw na ito, ang tanging bagay na magagawa natin, upang gawin? Kung tayo ay kumukuha ng mga buwis (kung ang pahayag na iyon ay tama) mula sa pananalapi, mula sa buwis ng salapi ng apatnapung taon mula ngayon, kita n'yo, ang ginto natin ay . . . Nagastos na nating lahat iyon. Tayo'y bangkarota na. Wala na tayong anumang salapi. At tayo'y nabubuhay lamang mula sa isang nakalipas na reputasyon.

²⁹⁶ Iyan ang ginagawa ng iglesia sa ngayon, ang iglesia, hindi ang Nobya. Ang iglesia ay nabubuhay mula sa isang nakalipas na reputasyon na nakuha nito pabalik doon sa ilalim ng ministerio ng leong kapanahunan. "Tayo ang Iglesia! Tayo ang inang Iglesia! Tayo ay nagpasimula . . ." Iya'y tama. Kita n'yo? Ito'y nabubuhay mula sa reputasyon!

²⁹⁷ Ang Metodista ay nabubuhay mula sa kanilang reputasyon. Ang Baptist ay nabubuhay mula sa kanilang reputasyon. At ang Pestekostes ay nabubuhay mula sa kanila. "Kapurihan sa Diyos! Mahabang taon ang nakalipas, nang ang mga banal ay dating nagsasayaw sa Espiritu, at paano sila . . . Nagawa ng Panginoon *ito at iyon.*" Iyan, iya'y sang bagay na nakaraan. "Lahat tayo ngayon ay lumaki na, kapatid." Oh, naku! Kita n'yo? Lahat ay nagdaang reputasyon!

²⁹⁸ Ang bansang ito ay nabubuhay—nabubuhay mula sa isang nagdaang reputasyon ng kung ano ang mga sinaunang ama noon, kita n'yo, at iyan ang dahilan na iniisip nating tayo'y maliligtas. Hindi nirespeto ng Diyos ang Israel kung ano sila noon, sa kung ano sila dati; kundi kung ano sila pagkatapos! Pansinin.

²⁹⁹ Ngunit, ngayon, heto ang iniisip ko, ang aking—palagay ko ay magaganap. Ngayon, maaring hindi ito maging gayon. Ako ay naniniwala na ang oras ay darating kung kailan tayo'y pipiliting gumawa ng usapin. At kung kailan magiging, na, sa halip na ating baguhin ang pananalapi . . . Anong magagawa niyan sa Philip Morris? Anong magagawa niyan sa—sa mga kumpanya ng alak? Ano ang magagawa niyan sa industriya ng bakal? Ano ang magagawa niyan sa lahat ng komersiyo? Ano ang gagawin niyan? Sisirain niyan sila. Mababangkarota sila. Ngunit, kung, "Mahihiram natin ang salaping iyan." Nakita n'yo kung gaano siya katalino?

³⁰⁰ Pagkatapos ang bansa ay mabebenta sa iglesia. At pagkatapos ang iglesia at estado ay magkakaisa muli, at hayan siya ay dumarating. Kita n'yo? Iyan na nga. Pansinin. O sige. Ngayon, dito:

30. Kung ang isa ay nasa isang asosasyong organisasyon ng ating gobyerno, at maipangusap ang dikta ng sarili niyang puso, o sa Katotohanan ng huling-araw, matatawag ba siya bilang isa sa mga "patotot"?

301 Tingnan natin. “Kung isa sa asosasyong organisasyon ay . . .” Buweno, kita n’yo, ang asosasyong organisasyon; ang— ang organisasyon, ito’y binigyan ng mga karapatan ng gobyerno, upang magsalita. Kita n’yo, iyan ay walang anumang bagay na kinalaman sa kaniyang puso. Kita n’yo? Ngayon, kung siya ay isang tunay na mananampalataya, at ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, sa isang panahon o iba pa siya ay maitutuwid. Kita n’yo? Ito ay di maaring magiging napaka linaw at pagkatapos hindi niya makita ito.

302 Ngayon, nais ko kayong . . . Kita n’yo, gusto mong alalahanin ito, kaibigan, na ang Diyos—ay hindi kailanman ginawa ito ng Diyos, o ginawa sa anumang pagkakataon, tulad ng magagawa kong alalahanin, kita n’yo, ngunit ano . . .

303 Tingnan, si Jesus ay ang—ang pangunahing tampok ng lahat ng iyon, pagka’t Siya ay Diyos, Emmanuel, nagkatawang tao. Ngayon, tingnan itong—itong Lalaking, si Jesus. Nang . . . Alam n’yo ba, nang Siya ay dumating sa lupa, wala man lang, palagay ko, ikasampung bahagi ng mundo ang nakaalam na Siya ay narito?

Alam n’yo ba, nang ang tagapagpaunang iyon ay dumating, nang lahat “ng mga bundok,” at mga bagay ay magaganap, ni isang ikasangdaang bahagi ng populasyon ng Israel, palagay ko, ang nakaalam nito? Hindi ba iya’y kakatwa?

304 Bakit, mayroong mga Hudyo at mga bagay, at mga tao sa lahat ng panig ng mundo. Ngayon, tandaan, si Jesus ay dumating upang maging isang saksi, bilang isang Tagapagligtas ng sanlibutan. Tama ba iyan? Bakit, mayroon lamang mga tao, makaraan ang mga tao, makaraan ang mga tao, makaraan ang mga lahi, makaraan ang mga tao, na ni hindi kailanman nakaalam ng anumang bagay tungkol doon. Nagpatuloy lamang, sadyang tulad ng ang mundo ay walang nalamang anuman tungkol doon; ngunit, sa lahat ng pagkakataon, iyan ay nangyayari sa mundo. Kita n’yo?

305 Bakit hindi Niya hinayaang malaman nila? Siya ay dumating, at yaong siyang mga itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan ay yaong mga tumanggap sa Kaniya. Walang idudulot na mabuti ang magsabi pa ng anuman bagay sa iba sa kanila, dahil hindi rin naman Niya sila maaaring tubusin, dahil ni hindi man lamang sila katubos-tubos. Bakit iyan, nang ang mga saserdoteng iyon ay nakatayo roon? Nang, Siya ay dumating sa dakong iyon dahil ang mga itinalaga ay nakabalangkas na roon, sa lahat ng palibot, kaya kailangan Niyang mangaral sa kanila bilang isang grupo.

306 At ang dakilang mga iskolar na dapat sana ay nakakilala sa Kaniya, sabi, “Ang Lalaking ito ay Beelzebub. Hindi kami papayag na ang Lalaking ito ay mamuno sa namin, at kung ano ano pa, kita n’yo. Hindi namin gagawin ito.”

Ngunit isang munting matandang patotot, na taglay ang Buhay sa kaniya, itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, at ang kaniyang pangalan ay magpasawalang hanggang nasa Salita ng Diyos dito. Lumakad doon, at, sa unang pagkakataon ng tamaan ng Liwanag na iyan ang munting binhing iyon, kaagad-agad nakilala niya ito. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya ng minsan—Pat.]

³⁰⁷ Tingnan, isang matandang mangingisda ang dumating doon. Heto Siya ay nakatayo roon, gumagawa ng mga tanda at makapangyarihang mga gawa, at—at sinasabi sa iba't-ibang mga tao ang mga lihim ng kanilang mga puso, at inihahayag ang Kaniyang Sarili.

At, naku, mayroong mga Pariseo nakatayo roon, at ang sabi, “Ang Lalaking ito ay Beelzebub.” Kailangan nilang managot sa kanilang kongregasyon.

³⁰⁸ Lahat sa kanila nakatayo sa palibot, “Dr. Jones, bababa ka ba at makikinig sa Lalaking ito? Siya—Siya ay tila alam Niya kung ano sinasabi Niya. Hindi Siya nangungusap tulad ng ordinaryong mga tao.”

³⁰⁹ “Pakikinggan ko Siya.” Lumakad pababa roon, kita n’yo. Oo, ang Diyos—Diyos ay hindi makapasok sa kaniya.

At doon Siya ay nakatayo sa baba roon, at ang sabi Niya . . .

Sabi nila, “Ngayon tingnan doon. Tingnan doon. Mayroong dumarating na isang lalaki roon. Naroon ang isa sa Kaniyang mga alagad. Hayun dumarating ang isang lalaki ngayon. Ngayon, ang pangalan ng lalaking iyan, iya’y si Andrew. Natatandaan n’yo. Oh, natatandaan n’yo ang matandang—ang matatandang mangingisda sa banda rito? Iya’y sila. Oo, hayun—hayun si Simon, ang kaniyang kapatid. Kita n’yo? At iya’y—iya’y mga anak ni matandang Jonas. Ngayon doon sila . . . Tingnan, siya—siya’y nagdadala ng isang tao patungo sa Kaniya. Sino iyon? Oo, tingnan kung anong gagawin Niya ngayon. Siya’y—siya’y ang susunod sa taas doon.” At siya ay lumakad.

At ang sabi Niya, “Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ang anak na lalaki ni Jonas.”

³¹⁰ “Ang Lalaking Ito ay Beelzebub! Kita n’yo, Siya’y mayroong anong uri ng isang espiritu sa Kaniya. Siya’y isang kakatwang Lalaki. Kita n’yo? Deretso lang palapit, lahat kayo ay huwag makinig sa walang kuwentang bagay tulad niyan, kita n’yo. Lumayo mula roon. Hindi na ako dadalo pa sa anumang mga pagtitipon na ito, sa anumang paraan, kita n’yo. Sadyang kaagad-agad kapag ang bagay na ito ay natapos, tayo’y lalabas na rito. Tayo’y hindi na darako pa, sa palibot dito muli.” Kita n’yo? Bakit? Ngayon, iyan ang inisip niya, at gayun pa ma’y ipinagpalagay bilang ang isa nga. Tingnan, ang siya rin mismo na pinuntahan Niya ay ang siyang mga nagpapako sa Kaniya mismo. Kita n’yo?

311 Ngunit mayroong isang munting patotot na pinalayas ng lahat! Hindi ko sinang-ayunan ang prostitusyon. Hindi, tiyak! Ngunit ipinapakita ko lamang sa inyo ang itinalagang Binhi.

312 Tumingin sa lalaking ito dito, itong matandang mangingisda, hindi ba siya . . . Sinabi ng Biblia na siya ay walang pinag-aralan. Tama ba iyan? Hindi lamang iyan, ngunit siya ay ignorante. Ngayon, tama ba iyan o mali? Oh, kung magagawa lamang natin na maging ignorante sa maraming mga bagay na ito na iniisip natin na alam na natin. Kita n'yo? O sige. Kita n'yo, siya ay kapwa ignorante at walang pinag-aralan. At pagkatapos siya ay lumakad paakyat doon sa Presensiya ng Panginoong Jesus, at sinabi Niya sa kaniya kung sino siya. Doon mismo iyon ang nag-ayos nito.

313 Ngayon, ano'ng argumento ng isang lalaking ito laban diyan? "Buweno, tingnan, pinaniwalaan niya iyon. Tingnan kung sino iyon. Alam ninyo kung sino iyon. Buweno, ang taong iyan ay hindi kailanman . . . Aba—aba, siya'y isang mangingisda. Aba, hindi niya alam ang ABC niya. Bumili ako ng isda mula sa kaniya; ni hindi niya ako magawan ng isang resibo. Iyan, kita n'yo, iyan ang uri ng isang bagay! Iya'y ang uri ng mga tao na nakikinig sa isang bagay tulad Niyan." Salamat sa Panginoon. Amen. Kita n'yo? "Aba—aba, siya ay hindi . . . Tingnan ang tatay niya; siya ay ignorante. Ni hindi man lang niya ipinadala sila sa paaralan." Ngunit siya ang isang isinugo Niya sa paaralan; nagturo sa paraan na nais Niya sa kanya.

314 Hindi ko sinusupportahan ang hindi pagtungo sa paaralan, ngayon. Sana ay nauunawaan n'yo. Ngunit mayroon lamang isang tipo, kita n'yo, kung anong nakuha n'yo diyan. Iyan ang uri, at dahilan na ito ay lumagpas sa pang-unawa nila.

315 At alam n'yo kung ano? Walang isang . . . Aking, sasabihing walang ikatatlong bahagi ng lahat ng mga Hudyo sa lupain ang nakaalam ng anumang bagay tungkol sa Kaniya na darating. At—at, pagkatapos, ika—ikalimang bahagi ng ikatatlong bahagi ang nakinig sa Kaniya. At, pagkatapos, ikasandaang bahagi ng ikalimang bahagi ang tumanggap Niyon. Alam ninyo kung gaano karamo mayroon Siya. Mayroon siyang labing dalawang nakatayo sa krus, mula sa buong lupon. Nasaan ang iba sa kanila? Kita n'yo? Ang pitumpu ay lumayo.

316 Ngayon, habang pinapagaling Niya ang may karamdaman, at nagpapatuloy lamang, hindi nagsasabi ng anuman tungkol sa Kaniyang Doktrina; Siya ay nagpatuloy lamang pasulong, pinapagaling ang may sakit at lahat na. Oh, naku! Iyan, iyan ay Espiritu ng Diyos sa Kaniya. Sinampalatayanan n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Nang pinapagaling Niya ang may sakit, kamangha-mangha! "Iya'y isang dakilang Rabi. Sabihin, kayong lahat na mga kapatiran, lahat kayo ay kailangang makamtan ninyo Siya sa inyong iglesia. Aba, pag-

usapan ninyo ang tungkol sa kapangyarihan, ang Lalaking Iyan ay talagang makapagpapagalang ng may karamdaman! Kailangan n'yong makita. Mayroong Siyang isang kaloob ng pagpapagalang."

³¹⁷ Buweno, siyempre, magkakaroon sila ng ilang mga panggagaya roon. Heto sila ay dumarating, pagka't bawat grupo ay kailangang magkaroon ng sarili nilang tao.

Heto Siya dumarating. At pagkatapos, ang unang bagay alam n'yo, isang araw Siya ay umupo.

"Oh, tiyak, Rabi, kami'y sasama sa Iyo."

³¹⁸ "O sige, maupo. Tayo na." O sige, isinugo palabas ang pitumpu, at iba pa.

Pagkatapos isang araw, makaraan ang isang dakilang himala ang nagawa, Siya ay umupo at nagpasimulang sabihin sa kanila ang Salita, kita n'yo. "Sa pasimula ng pagtunog ng. . ." O sige. Sinimulan Niyang sabihin sa kanila ang Salita, ang Katotohanan.

Sabi nila, "Ah, ngayon, sandali lamang! Hum! Hindi ko alam ang tungkol *Dito*." Ito'y salungat sa doktrina nila. Sabihing, "Buweno, alam kong iniwan namin ang sinagoga at lahat ng bagay tulad niyan, ngunit marahil kami—kami ay mali, mga kapatid. Mas makabubuting kami ay bumalik, pagka't ang Taong iyan ay nangungusap sa mga bugtong. Siya'y uri ng isang kakatwang Lalaki. Hindi ko maunawaan *Iyan*." Kita n'yo? Ano iyon? Ang binhi ay hindi itinalaga mula sa pasimula.

³¹⁹ Pagkatapos, ang unang bagay alam n'yo, Siya ay mayroong isang munting grupo ng mga ministro, at nangungusap sa mga ministro. Ang sabi nila, "Ah! Hum! Mas makabubuting tayo ay bumalik, din, at bumalik at pumasok sa organisasyon, kunin ang mga papel natin muli, kita n'yo. Pagkat, ang Lalaking ito, aba, sinong makakaunawa sa isang Taong tulad niyan? Sinasabi Niya ito *rito*, at sinasabi Niya ito banda *rito*. Ah!"

³²⁰ Yaong mga iba ay hindi maunawaan Iyon tulad niyan. Siya ay nagpapakita ng mga palaisipan sa ilan sa kanila, ngunit hindi sa iba.

Kaya sila ay lumakad palayo. Pagkatapos Siya ay bumaling paikot at tumingin sa labing dalawang nakatayo roon. Sabi, "Gusto n'yong umalis, din?" Kita n'yo?

³²¹ Ngayon masdan. Sabi ni Pedro, "Alam Mo kung ano? Dinaluhan ko na ang lumang dakong iyon sa baba roon palagi. Saang dako pa sa mundo ako tutungo? Saan ako tutungo? Saan—saan ako makakatungo? Makaraan na magawa ko rito ang isang gawaing. . . At hindi na ako makababalik sa basurahang latang iyan muli, kung saan lahat ng uri ng maruming tubig ng sanlibutan ay nakalagay sa loob niyon. Kita n'yo? Ako—Ako. . . Saan ako tutungo? Ako—sadyang hindi ko magagawa iyon."

³²² Ang sabi niya, “Kung gayon, o sige, halina, sumama kayo.” Ngayon, hayan na kayo. Kita n’yo? Paano iyon, kung gayon? Labing dalawa mula sa mga dalawa at kalahating milyon. At ang Tagapagligtas ng sanlibutan, mula sa mga bilyun-bilyon, gayun pa ma’y mapagpakumbaba, kita n’yo. Manatiling mapagpakumbaba lamang. Masdan.

Ngayon, sa kanilang lahat na mga Pariseo; at iyang munting patotot na dumating doon. Ang sabi niya, “Sabi, Ikaw tiyak ay isang propeta! Ngayon, alam namin na ang Mesiyas ay darating, at kapag Siya ay dumating gagawin Niya iyan.”

Ang sabi Niya, “Ako Siya.”

³²³ Ang sabi niya, “Iyan na ito,” at palayo siya’y tumungo. Subukin ninyong pigilin siya ng minsan? Hindi n’yo magagawa ito.

31. Kapatid na Branham, mga pagbati sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Paki-paliwanag kung sino ang tao, sa Mateo 22:11, ang tao na walang suot na isang kasuotang pangkasal, kasuotang pangkasal na nakasuot. Alam kong ang taong ito ay maari—hindi maaaring makarating sa Langit kung hindi suot ang kasuotang pangkasal. Ito ay isang panauhin, alam ko, hindi ang Nobya.

³²⁴ Oo, iya’y tama. Siya ay magiging isang... Oo, siya ay pumuslit lamang papasok. Kita n’yo? Ngayon tingnan. Ngayon, ako... Makakakuha ito ng isang buong sermon diyan.

Ngayon ako ay mayroong sampung minuto, para manalangin sa may karamdaman at tapusin ito. At nakuha ko nang matapos ang kalahati sa mga iyon, palagay ko. Pansinin. Ngunit ako’y—ako’y magmamadali, kaagad-agad, talagang tiyak, makaraan ang isang ito. Kita n’yo?

³²⁵ Heto kung anong naganap, kung alam ninyo ang silanganing mga kaugalian. Kita n’yo? Kapag ang isang nobyong lalaki ay namahagi ng mga imbitasyon para sa kaniyang kasal, siya ay namamahagi lamang ng napaka raming mga imbitasyon. At para sa bawat imbitasyon na ipinadala niya, siya ay mayroong isang bantay na nakatayo sa pintuan, upang maglagay ng isang kasuotan sa kaniya. Kahit na siya siya ay mahirap, o anuman siya, siya ay mayroong... kung siya ay mayaman o mahirap, anuman iyan, siya, lahat, ay kailangang isuot ang kasuotang pangkasal na ito.

³²⁶ Kapag sila ay tumayo sa pinto, isinusuot nila ito sa kaniya, tinatakpan nito kung anong naging panlabas niya. Siya ay inimbatahan, kahit na siya’y isang milyonaryo o kahit na siya’y isang pulubi, kahit na siya’y isang magsasaka, tagahukay ng kanal, o anuman siya, o isang maimpluwensiyang tao, siya’y—siya’y narito na may kasuotan ngayon. Dahil, ang kasuotan ay isinuot sa kaniya sa may pinto, kapag siya ay pumasok sa pinto.

³²⁷ Ngayon, kunin ang San Juan 10, ako'y naniniwalang iyan nga, sabi Niya, "Ako ang pintuan." Kita n'yo? "Ako ang pintuan na pinapasukan . . . na pinapasukan ninyo." Ngayon doon siya ay nakatayo sa may pinto, at heto ang isang Tao na magsusuot sa kaniya ng kasuotan, ang Banal na Espiritu, upang bigyan siya ng kasuotan ng katuwiran kapag siya ay pumasok.

³²⁸ Ngayon, ang taong ito ay dumating sa pamamagitan ng ilang oraganisasyon, sa likuran sa bintana banda rito, isang pasukang butas. At siya ay pumunta sa may mesa at umupo. At pagkatapos nang ang Kasintahang Lalaki ay dumating at tumingin sa palibot, siya ay isang. . . siya. . . *Ang mga ito* ay dating mga kakatwang mga bibe, noong una, ngayon *siya* ay ang kakatwang bibe. Kita n'yo? "Ano'ng ginawa mo rito tulad niyan, nawala ang bautismo ng Espiritu Santo at lahat ng mga bagay na ito? Paano ka nakapasok rito?" Buweno, siya ay pumasok kung saan liban sa pinto. At siya ay dumating na walang maayos na paanyaya. Kita n'yo? Siya ay dumating sa pamamagitan ng ilang edukasyonal na sistema, kita n'yo, o isang bagay tulad niyan. Siya ay nakapasok.

³²⁹ At ang sabi Niya sa kanila, "Talian siya, kamay at paa; itapon siya palabas mula rito, sa labas ng kadiliman, kung saan magkakaroon ng pagtangis, at panaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin." Kita n'yo? Siya ay nagtungo sa panahon ng Kapighatian. Kita n'yo? Hindi siya pumasok sa pamamagitan ng pinto. Kaya, o sig. Tanong:

32. Ang Elias ba ng Malakias 4 ay magiging siya ring Elias na binanggit sa Apocalipsis 11:3? At ang iba pa bang mga saksi ay hiw- . . . Ang dalawa pa bang saksi ay magiging magkahiwalay na mga indibidwal, magkahiwalay?

³³⁰ Oo. Ang Elias ng Malakias 4 ay hindi magiging ang Elias ng Malakias 3. Tayo ay nanggaling na diyan, kagabi. "At ang isa pa bang saksi ay nakahiwalay, dalawa sa kanila?" Opo, ginoo, si Moises at Elias; sa ating kapahayagan. Ngayon, ayokong pagtagalin pa kayo ng masyado rito.

33. Unang Mga Hari 19, Kapatid na Branham, ako ay naniniwala na ang bilang ng mga hindi nangagsipagluhod ng kanilang mga tuhod ay pit- . . .

³³¹ Oo, iya'y tama. Pitong daan sa halip na . . . Salamat sa iyo. Iya'y talagang tama. Iyon ay pitong daan sa halip na pitong libo . . . "Kapatid na Branham . . ." Pitong libo sa halip na pitong daan. Ngayon, kita n'yo iyan?

³³² Alam n'yo, talaga, kapag ang isang tao ay nagiging tulad nito, upang—upang mangaral. . . May gusto akong itanong sa inyo, ngayon, para maunawaan ninyo.

Nang ang Elias ay dumating mula sa ilang, siya ay mayroong isang mensahe. Siya ay lumakad papadyak mismo palabas mula sa ilang na iyon, at dumating mismo roon at sinabi sa haring

iyon, “Ang hamog ay ni hindi papatak mula sa langit hanggang sa tumawag ako para roon.” Iya’y ang mga salitang mayroon siya. At siya ay umalis mismo pabalik, at walang sinabing anumang sa kanino man. Kita n’yo?

³³³ Kapag siya ay may panibagong mensahe, siya’y darating na lamang at sasabihin ang mensaheng ito. At babaling mismo pabalik ulit, babalik sa ilang. Kita n’yo?

³³⁴ Ngayon, kung kayo’y magmamasid, nang ilagay ko ang panulukang bato sa ilalim ng tabernakulong iyan, ang sabi Niya, “Gawin ang gawain ng isang ebanghelista.” At ngayon ang oras ay dumarating kung kailan ang gawaing iyan ay humihiwalay. Mayroong ilang bagay pa na nagaganap. Pagkatapos ako’y talagang. . . Kita n’yo, ako ay pumunta rito at sinikap na gawin ang pag-ebanghelista at ilang bagay pa, at nakita n’yo kung saan kayo naroron? Kita n’yo? Kayo’y. . . Oh, ako—ako’y umaasa sa iglesya na maging espirituwal upang makaunawa.

34. Kapatid na Branham, nauunawaan ko na si Elias ay kailangang dumating ng tatlong beses. Sinabi mo sa amin na siya ay dumating ng dalawang beses na, at darating muli. Ngayon, ang tao ba, na daratnan ng espiritu ni Elias, ay mapapasa sa dalawang saksi rin ba na si Moises at Elias banda roon?

³³⁵ Hindi. Hindi. Siya ay magiging isang Gentil, kita n’yo, sa Gentil na Iglesya. Ang Diyos ay nagsusugo, palagi, sa kaniyang sariling bayan, kita n’yo. “Siya ay dumating sa Sariling Kaniya; ang Sariling Kaniya ay hindi Siya tinanggap.” Palagi Niyang isinusugo ang Kaniyang, ang Mensahe ng kapanahunan.

³³⁶ Kapag ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa mga Hudyo, walang sinumang Gentil na mga propetang dumating. Kapag ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa mga Gentil, walang Hudyong mga propeta. Kapag ibinaling pabalik ng Diyos ang mga Hudyo, hindi magkakaroon ng Gentil na mga propeta. Kita n’yo? Kita n’yo kung anong ibig kong sabihin? O sige.

Makaraan na ang Pag-agaw ay maganap. . .

³³⁷ Ngayon, magkakaroon ng isang pagpapatuloy sa kabila na panahon, siyempre, isang Mensaheng tumutuloy sa isa pa. Ito ay kailangang dumating mismo papasok tulad *nito*, kita n’yo, tulad ng pagkapaliwanag ko niyan, kita n’yo; tulad ni Pablo sa mga Gentil, at iba pa. O sige.

35. Makaraan na ang Pag-agaw ay maganap, mayroon bang sinuman sa mga iglesya na maliligtas pa sa katapusan, na hindi nakuha sa Pag-agaw?

³³⁸ Wala. Huh-uh. Pagkat, ang Dugo ay umalis na. Kita n’yo, walang nang mga pamamagitan. Ang Gentil na kapanahunan ay tapos na. Wala nang maliligtas pa pagkaraan ng Pag-agaw, o wala sa iglesya, huh-uh, ang iglesya. “Hayaan siyang marumi, na

manatiling marumi; siya na banal, na maging manatiling banal.” Kita n’yo? Iyan ay hindi magaganap, kita n’yo, hindi makaraan na ang Iglesya ay mawala.

36. Kapatid na Branham, napansin kita, ikaw ay tumutukoy sa Pitumpung sanlinggo ni Daniel sa Mensahe ng Unang Tatak. naunawaan ko, sa Daniel, sa teyp na Daniel, kapag ang Ebanghelyo ay bumalik sa mga Hudyo, ang pitumpung sanlinggo ay magsisimula. Mayroon bang isang ‘sang pitumpu . . . isang sanlinggo, pitong taon na, natitira para sa mga Hudyo? O, gayun pa man, mayroon na lang isang kalahating sanlinggo, isang tatlo-at-kalahating taon na natitira para sa kanila?

³³⁹ Isang kalahating sanlinggo lamang. Inihula ni Jesus, ang unang kalahating sanlinggo, tulad ng naihula. Tanging isang kalahating sanlinggo ang natitira para sa kanila.

Kapatid na Branham, yamang hindi ka nanalangin para sa may karamdaman sa loob ng sanlinggo, maari mo bang . . . ? (Iya’y isang kahilingan lamang para riyen.)

Kapatid na Branham, maari mo ba akong makita makaraan ang gaw- . . . ? (Iya’y isang kahilingan, kita n’yo, doon.)

37. Pakiusap maari mo bang ipaliwanag ang tungkol kay Satanas na tinalian sa loob ng sanlibong tao, at pinakawalan para sa paglalaban ng—paglalaban ng Apocalipsis 20:8? Anong relasyon mayroon ito sa Labanan ng Armageddon tulad ng nabanggit sa Ikaapat na Tatak? Ang Gog at Magog ba ay titipunin mula sa mga tao ng bagong mundo?

³⁴⁰ Buweno, ito ay isang may kahabaan, at ako—kailangan ko lang tumbukin ang punto nito, kita n’yo. Ngayon, ang unang bagay, “Maari . . .” Ngayon, marahil ay hindi ko magagawang maipapaliwanag ito. Gagawin ko ang aking makakaya.

Pakiusap maari mo bang ipaliwanag kung paanong si Satanas ay tinalian ng sanlibong tao, pinakawalan muli para sa labanan ng Apocalipsis 20:8?

³⁴¹ Iyan ay hindi ang Labanan ng Armageddon. Ang Labanan ng Armageddon ay magaganap sa bahaging ito, kita n’yo, o sige, kapag ang panahon ng Kapighatian ay nagtapos.

Ngayon, anong relasyon mayroon ito sa Labanan ng Gog at Magog?

³⁴² Wala. Ang isa ay itong sanlibong tao, at ang isa naman ay sa katapusan ng—katapusan ng sanlibong tao.

. . . tulad ng nabanggit sa Ikaapat na Tatak? Ang Gog at—ang Gog at Magog ba ay titipunin mula sa mga tao sa bagong mundo?

³⁴³ Si Satanas ay pinakawalan mula sa kulungan niya, at tumungo upang tipunin ang lahat ng mga tao, ang masasama,

para dalhin sila sa dakong ito. At ang Diyos ay nagpaulan ng mga apoy at asupre mula sa langit, at sila ay tinupok, kita n'yo. Dalawang labanan, sa kabuuan. Tanong:

38. Tungkol sa animnapu't walong milyon na pinatay ng Romano Katolikong iglesya, sa anong panahon ng kasaysayan ito naganap? At gaano katagal ang haba ng panahon na ito ay naganap?

³⁴⁴ Kunin ang *Maluwalhating Repormasyon* ni Schmucker. Palagay ko ilan sa mga iksolar dito ay mayroon niyan. At ito'y ang kasaysayan ng iglesya. At nakalimutan ko na ngayon kung anong pahina ito nakalagay, ngunit ito ay naganap mula sa panahon ng—ng. . . ang bagay ay ginawa, o ibinigay sa iglesya, ni San Augustine ng Hippo, Africa. Iyon ay A.D. 354. At iyon ay nagtagal hanggang 1850, ang pagmasaker sa Ireland, kita n'yo. Kaya ang panahong iyan ay mula sa A.D. 33 o A.D. 30. . . 354. Hayaan akong gawin iyang tama, ngayon, kita n'yo. Mula A.D. 3-5-4 hanggang—hanggang A.D. 1-8-5-0, 1850, batay sa kasaysayan, mayroong animnapu't walong milyong Protestante ang pinatay, nakatala sa talaan ng mga martir ng Romano, dahil sa di-pagsang-ayon sa papa ng Roma. Iya'y kasaysayan. Kung gusto ninyong sabihing iya'y mali, buweno, kung gayon, marahil si George Washington ay wala rito, o si Lincoln. Alam n'yo, walang sinuman sa atin ang nabuhay noon para makita ito. Ngunit ako ay naniniwalang sila ay narito, kahit paano. Nakakita ako ng mga tanda na sila ay narito.

39. Kapatid na Branham, ang ika-19 na kabanata ng. . . at ang 18 talata, “Gayun pa ma’y naglaan ako sa Akin ng pitong libo ng Israel, pitong libo sa Israel, lahat ay hindi nangagluhod ng kanilang. . . lumuhod kay Baalim, at bawat bibig. . . o—o lumuhod kay Baal, at bawat. . . na hindi humalik sa kaniya, bibig na hindi humalik sa kaniya.” Paki-paliwanag ito para sa akin, tungkol sa— tungkol sa pitong daan.

³⁴⁵ Iyon ay pitong libo. Kita n'yo? At iyan, “paghalik kay Baal,” hindi n'yo ba alam. . . Gaano karami rito ang dating mga Katoliko? Tiyak. Kita n'yo? Humahalik kayo sa mga imahen. Kita n'yo?

³⁴⁶ At, alalahanin, sa panahon ng Babilonia at Nebuchadnezzar, nang ang Gentil na kaharian ay pumasok, kita n'yo; nang ang Gentil na kaharian ay pumasok, ito ay pumasok sa pamamagitan ng pagsamba sa isang tao. Si Nebuchadnezzar ay gumawa ng isang estatwa ng isang tao. At kung kayo ay mayroong isang espirituwal na kaisipan, ngayon makinig sa kapahayagang ito. Ang espiritu ng iyan, ang taong iyan na ginawan niya ng isang kapahayagan ng, o siya ay gumawa ng isang imahen ng, sa pamamagitan ng kaniyang kapahayagan, ay si Daniel, isang relihiyosong tao na sinasamba. Kita n'yo ito? Dahil,

pinangalanang Beltsasar, hindi nga ba? O, Beltsasar, na siyang pangalan ng kaniyang diyos. At siya ay gumawa ng isang imahen ng diyos na iyan, na isang imahen ni Daniel. At si Daniel ay tumanggap yumukod sa sarili niyang imahen. Kita n'yo? Kita n'yo?

³⁴⁷ At heto ito muli, kita n'yo. Ngayon tingnan mabuti. Ang Gentil na kaharian ay pumasok, sa mga araw ng Babilonia, ni Haring Nebuchadnezzar; isang Gentil na hari, inilalagay ang iglesya at pamahalaan na magkasama, sa pamamagitan ng pagkuha ng isang banal na im- . . . o isang imahen ng isang banal na tao, at nagpipilit ng pagsamba roon. Ang Gentil na kaharian ay nagtapos sa paa, kasama ang sulat-kamay sa pader, sa pamamagitan ng isang pulitikal na kapangyarihan na nag-ugnay sa iglesya at estado na magkasama; upang ipilit ang paghalik sa mga imahen muli, kita n'yo, gayun ding bagay, imahen ng isang banal na tao. Tiyak.

40. Kapatid na Branham, kapag ang Pag-agaw na ito ay naganap—kapag ang Pag-agaw ay naganap, ang mga anak ba na bata pa na hindi alam ang tama at mali ay sasama sa Pag-agaw?

Kung ang kanilang mga pangalan ay nasa Aklat. Oo. Iya'y tama. Kita n'yo? O sige.

41. Kapatid na Branham, sinabi mo kagabi na ang...na mayroong pitong daang mga tao na maliligtas, na maliligtas sa ilalim ng pangangaral ni Elias. Ang ibig mo bang sabihin ay pitong libo- . . . ?

³⁴⁸ Oo. Iya'y tama. Pakiusap patawarin ako para riyon, kita n'yo. Iya'y ayos lang, kita n'yo, nagawa ko.

Kapatid na Branham, maari mo bang ipaliwanag... Makaraan na buksan mo . . . Kapatid na Branham, ang— ang (d-i-s-p-e- . . .) dispensasyon . . .

Pagpaumanhinan ako. “Ang dispen- . . .” Ngayon, ito'y hindi kayo. Ito'y ako, kita n'yo.

42. Ang dispensasyon ba ng biyaya ay matatapos na, makaraan na buksan mo ang Ikapitong Tatak?

³⁴⁹ Umaasa akong hindi. Hindi. Hindi. Mga kaibigan, huwag ilagay iyan sa kaisipan ninyo ngayon, kita n'yo. Kayo ay sadyang magpatuloy lamang. Hukayin ang mga patatas, at pumunta sa simbahan, at magpatuloy. Kung ito ay maganap sa umaga, kayo ay matagpuang gumagawa ng sadyang tamang-tama kung ano'ng dapat ninyong gawin. Huwag—huwag magsimula . . .

³⁵⁰ Kita n'yo, kapag ginawa n'yo, binabaluktot ninyo ang mismong bagay palayo mula sa—sa layunin na ito'y inilaan. Kayo ay nakakakuha ng maliliit na kaibang mga kaisipan, at nakakakuha kayo ng sarili ninyong mga ideya tungkol sa mga bagay. Huwag kunin ang sarili ninyong ideya. Sadyang kapag

kayo ay umupo at nakinig sa mga bagay tulad niyan, sabihing, “Salamat sa iyo, Panginoon. Ako’y sadyang lalakad ng mas malapit pa ng kaunti sa Iyo.” Kita n’yo? “Ako’y lalakad. . .” Huwag tumigil sa trabaho at sabihing, “Ibebenta ko ang lahat ng bagay.”

³⁵¹ Isang tao ang tumakbo papasok dito, noong isang araw, mula sa North Carolina, sadyang bago kami umalis. At ang sabi niya, “Luwalhati sa Diyos! Masasabi mo ba sa akin kung saan mayroong ilang dakilang *kung sino*?”

At ang sabi ko, “Hindi.”

³⁵² “Oh, opo, ginoo,” sabi, “ang lalaking ito may taglay ng. . .” Sabi, “Ang lalaking ito ang presidente ng Audio Mission.”

Sabi ko, “Ang ano?”

Sabi, “Audio Mission.”

Sabi ko, “Hindi ko maunawaan.”

At ang sabi niya, “Oh,” sabi, “ang lalaking ito ang presidente.”

Sabi ko, “Anong sinabi mong pangalan nga niya?”

³⁵³ Ang sabi niya, “Branham, paniwala ko. Isang bagay tulad niyan, Brown o Branham.”

Sabi ko, “Buweno, ang pangalan ko ay Branham.”

Ang sabi niya, “Ikaw ba ay presidente ng Audio Mission?”

Sabi ko, “Hindi, ginoo.”

Ang sabi niya, “Buweno, saan naroon ang Milenyum?”

Sabi ko, “Hindi ko alam.”

³⁵⁴ Ang sabi niya, “Bakit, ika’y isang. . .Iyong—ibig mong sabihin na ito—ito—ito’y magiging mismo rito, at hindi mo alam ito?”

Sabi ko, “Hindi, ginoo, hindi ko alam.”

³⁵⁵ Ang sabi niya, “Buweno, luwalhati sa Diyos!” Sabi, “Ako ay mayroong ilang—ilang mga kaibigan na dumating sinabi sa akin,” at sabi, “Ako ay tumigil nang magtrabaho.” Nakasuot pa rin nang pantrabaho niyang damit. Sabi, “Kapatid, gusto ko ang Milenyum.”

³⁵⁶ At ang sabi ko, “Buweno, ako—ako ay naniniwala ika’y medyo nalito lang ng kaunti, hindi ba, kapatid?”

³⁵⁷ Nang mga oras na iyon isang kotse ang dumating, isang sasakyang taxi. Ang sabi niya, “Sandali lang! Sandali lang! Sandali lang!” Isang munting babae ang dumating doon, sabi, “Ngayon ika’y mananalangin para sa asawa kong lalaki.”

Sabi ko, “Opo, ginang. Ano—ano ang tungkol dito?”

358 Sabi niya, “Buweno, naunawaan ko na kailangan mong magbihintay ng sang buwan sa isang pakikipagpanayam, kita mo, upang maipanalangin.”

At ang sabi ko, “Ano?”

359 At ang sabi niya, “Opo, ginoo.” Sabi, “Ngunit ako’y desperada. Kailangan mong manalangin para sa asawa kong lalaki.”

Sabi ko, “Oo. Nasaan siya? Dalhin siya.”

360 Ang lalaking ito nakatayo roon, napatingin, sabi, “Nananalangin ka ba para sa may karamdaman, din?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

361 Sabi, “Ano ang sinabi mong pangalan mo, Branham?” Sabi ko. . . “At wala kang alam na anumang bagay tungkol sa Milenyum?”

362 Sabi ko, “Buweno, ako. . . Hindi, hindi ko alam.” Sabi ko, “Ako—hindi ko naunawaan ito. Mismo sa Biblia lamang.”

363 Sabi niya, “Hindi, ito’y mismo ngayon. Ang mga tao ay dumating mula sa lahat ng dako.”

Sabi ko, “Saan iyon?”

Sabi niya, “Jeffersonville, Indiana, mismo sa ilalim ng tulay.”

364 “Ginoo, napapamangha, mo ako.” At ang sabi ko, “Wala akong alam na anuman tungkol doon.” Sabi ko, “Tayo’y pumasok at umupo. Marahil ay mapag-uusapan nating ang bagay na ito.” Pinag-usapan namin, kita n’yo.

365 Huwag, huwag, kita n’yo, mga kaibigan, huwag ninyong kailanman nasahin ang isang ministeryo. Alam ninyo ang ibig kong sabihin. Kita n’yo? Kayo ay magiging mas masaya lamang kung nasaan kayo. Kita n’yo? Kayo ay magpatuloy lamang.

43. Makaraan ang Pag-agaw ng Nobya, kailan ang iglesya, na kailangang dumaan sa panahon ng Kapighatian, tatayo sa paghuhukom? (Hindi ito tatayo sa paghuhukom. . .) Ito ba ay bago o pagkatapos ng Milenyum?

Para “sa iglesya.” Oh, hinihingi ko ang paumanhin n’yo. Pagpaumanhinan ako, sinuman ang sumulat nito. “Kailan ba ang iglesya na. . . ?

Makaraan ang Pag-agaw ng Nobya, kailan ang iglesya, na kailangan dumaan sa panahon ng Kapighatian, tatayo sa paghuhukom? Ito ba ay pagkatapos o bago. . . ?

366 Makaraan! “Ang nalalabi sa patay ay hindi nangabuhay hanggang ang sanlibong taon,” na hindi nakasama sa Nobya. Tingnan natin:

44. Nasabi mo ng maraming beses na ang komunismo ay itinayo ng Diyos, upang gamitin sa Kaniyang layunin, tulad ni Haring Nebuchadnezzar. Ngayon saan umangkop ang

komunismo sa larawan na magiging . . . ito sa wakas . . . sa wakas ay gaganap? Paano ito humantong? Maraming mga iskolar ang naniniwala na sa kaharian ng norte, ang Gog at Magog na binanggit sa mga Kasulatan, ay bababa laban sa Israel sa—sa . . . (Sadyang hindi ko makuha kung ano iyan. Oo. Oo.) Ako ay naniniwala, sa . . . ang ilan sa mga teyp na nakuha, sabi, sinabi mo na sa wakas ito ay maghuhulog ng isang . . . na ang komunismo sa wakas ay wawasakin ang Katolisismo, o ang Vatican, sa pamamagitan ng isang pagsabog. Iyan ba’y tama?

³⁶⁷ Oo. Apocalipsis 16, matatagpuan n’yo ito, at Apocalipsis 18:8 at 12. Kung ang tao ay narito, gustong kunin ang pirasong ito ng papael, diyan, matitingnan mo ito mismo. Oo. Tingnan, “Sa aba, sa aba ang dakilang siyudad na iyan! Dahil’ sa isang oras siya ay dumating sa kaniyang wakas.” Kita n’yo, ang mga mangangalakal, at lahat ng iba pa, na nagdala ng kaniyang kalakal. Ito’y magiging gayon. Iya’y tama. At huwag . . .

³⁶⁸ Sadyang tigilan, kalimutan na lamang ang tungkol sa komunismo. Kita n’yo? Ito’y bale wala sa sanlibutan kundi isang pangkat ng—ng mga tao na walang anuman kundi mga barbaro na—na di maka-diyos. Ito’y isang sistema. Hayaan akong ipakita sa inyo ang isang bagay, ipakita lamang sa inyo kung gaano ito kasimple. Aba, mayroon lamang isang porsiyento sa buong Russia na komunismo. Kailangan nila ng isang mensahero. Kita n’yo? Isang porsiyento; pagkatapos, siyamnapu’t-siyam na porsiyento sa kanila ay nasa Cristianong bahagi pa rin. Isang porsiyento, at paanong makokontrol ng isang porsiyento ang siyamnapu’t-siyam na porsiyento? Iyan ay marapat na ipaliwanag iyan sa inyo, mismo diyan. Kung hindi ito ipahihintulot ng Diyos, aba, buweno, sila’y matagal na panahon na sana silang naitapon. Kita n’yo? Tiyak.

45. Kapatid na Branham, sinabi mo na kukunin ng Roma ang gobyerno ng mga Hudyo sa huling tatlo at kalahating taon. Iyan ba ay tutungo sa—sa unang tatlo at kalahating taon ng Kapighatian, o ito ba ay magiging ang huling tatlo at kalahating taon? Tama ba ito?

³⁶⁹ Ito ay magiging ang huling tatlo at kalahating taon. Iya’y tama. Hindi ang una, pagka’t ito’y lumipas na.

Mayroon pang isa makaraan ang isang ito:

46. Mahal kong kapatid, ang Elias ba ng Malakias 4:5 ay tutungo sa ilang, tulad ng sinasabi sa atin ng Unang Mga Hari 17 na ginawa ng isa pang Elias?

³⁷⁰ Buweno, hindi ko eksaktong sasabihin na gagawin niya, na siya nga ay pupunta sa ilang. Ngunit siya ay magiging ito, siya noon . . . Eliseo at Elias, napansin n’yo ba? Halos lahat sa mga kalalakhian tulad niyan ay mga kalalakhian na malayo; sila, sila

ay nananatiling malayo mula sa mga tao. Sila'y napaka kakatwa. Hindi sila nakikihalubilo ng masyado sa mga tao.

³⁷¹ Napansin ninyo kung paano si Eliseo noon, at si Elias, at si Juan Bautista, at ang kalikasan ng espiritung iyan, kita n'yo. At sila ay hindi. . . Siya—siya, naniniwala ako na ang tao ay magiging isang maibigin ng ilang, at marahil ay manatili sa ilang. Ngunit, ngayon, upang sabihin lamang na siya ay magiging isang hermitanyo at mamuhay sa ilang, hindi ko alam ang tungkol diyan. Kung minsan sila nga. Si Eliseo ay hindi, ngunit Elias ay nanirahan. At pagkatapos, si Juan, siya— siya ay namuhay sa ilang.

³⁷² At, mahirap sabihin, ang ibang mga propetang ito, nang sila ay lumabas sa Judaea roon, hindi ko alam kung saan sila mananatili. Sila ay maaring magkampo sa burol kung saan. O— o, ano'ng kanilang gagawin sa mga araw ng panghuhula nila, ako—hindi ko alam kung anong gagawin nila.

Ngunit kayo. . . Ang sinisikap kong sabihin ay ito. “Sila, sila ba, sila ba ay magiging isang—isang—isang. . .” Sinisikap nilang tanungin, “Sila ba ay magiging mga tagapanahan lamang ng ilang?”

³⁷³ Buweno, kailangan nilang tumungo sa hilagang British Columbia upang makakuha ng sapat na ilang na panahanan ngayon, kung saan, kita n'yo. Kaya ito'y magiging sang tao. . . Ang ilang ay wala nang lahat. Kita n'yo? Wala nang gaanong ilang na natitira. Kita n'yo? Kaya, ang tanging bagay, sila—sila ay maaring maging isang maibigin sa ilang, kita n'yo, at manatili marahil ng maraming pagkakataon sa ilang, at sila'y magiging. . . Mapapansin ninyo ang kalikasan nila, ay iyang dinakikipagkompromiso, kita n'yo, at inyong— malalaman n'yo ito kapag ito ay dumating. Kita n'yo? Makikita n'yo ito; kayo'y—kayo'y gising na gising.

³⁷⁴ Ngayon, heto ang isa, hindi ko alam kung paano ipaliliwanag ito. At mayroon pa akong isa pa sadyang bago ito, at pagkatapos hihilingin ko sa kanila na ihinto ang teyp sandali.

47. Kung ang Diyos ay isang personalidad, bakit o paano Siya makikipag-usap sa Kaniyang Sarili sa Bundok ng Pagbabagong-anyo?

³⁷⁵ Buweno, kapapaliwanag ko pa lamang niyan, kita n'yo. Kita n'yo? Gusto kong itanong sa inyo ito. Ako'y tutungo upang. . . Nang si Jesus ay nanalangin sa Ama, kita n'yo.

[Si Kapatid na Branham ay nagpasimulang mangusap sa isang kapatid na lalaki sa kongregasyon—Pat.] Naniniwala ako na mayroon ka ng bautismo ng Espiritu Santo. Hindi ba, kapatid? Maari ka bang tumayo sandali lamang. Inaangkin mo na mayroon kang bautismo ng Espiritu Santo? [Sinabi ng kapatid na lalaki na, “Opo, ginoo.”] Mayroon ako, din. Kung gayon, ano iyan? Pagkatapos ay hindi ko inaangkin na ako ay

mayroong—ako ay mayroong mga kapangyarihan sa aking sarili para ihayag ang mga hiwagang ito. Wala akong kapangyarihan na pagalingin ang may karamdaman. Ito’y Diyos.

³⁷⁶ [Si Kapatid na Branham ay nagpatuloy sa pakikipag-usap sa kapatid na lalaki sa kongregasyon—Pat.] Ako ay naniniwala na ikaw ay isang ministro. Kung hindi ako nagkakamali, ika’y mula Arkansas. O sige, ngayon. At sa iyo, mayroon ka, ay—ay upang ipangaral ang Ebanghelyo. Sa karaniwang pangyayari, ikaw ay pinalaki sa isang bukid at ang kapaligiran tulad niyan. Ikaw ay sadyang walang alam tungkol dito; ngunit Isang Bagay ang dumating sa kalooban mo, upang ipangaral ang Ebanghelyo. Hindi mo inaangkin iyan bilang ikaw mismo, hindi nga. Iya’y panibagong Persona, tinatawag na Espiritu Santo. Tama ba iyan? [“Opo, ginoo.”] Okay.

³⁷⁷ [Si Kapatid na Branham ay nagpatuloy sa pakikipag-usap sa kapatid na lalaki sa kongregasyon—Pat.] Ngayon gusto kitang tanungin. Ang . . . Ang Espiritu Santong iyan ay nananahan sa loob mo. Tama ba iyan? [Sinabi ng kapatid na, “Iya’y tama.”] Nakikipag-usap ka ba sa Kaniya? [“Opo, ginoo.”] Nangungusap sa Kaniya? Dumadalangin sa Kaniya? O sige. Iyan lamang ang nais ko. Salamat sa iyo, nang marami.

Kita n’yo? Ngayon nakuha n’yo ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

³⁷⁸ Tatanungin ko kayo ng isa. Paano ito dumating na nang . . . Si Jesus, sa San Juan 3, sabi Niya, “Kapag ang Anak ng tao ay dumating, na ngayon ay nasa Langit.” Kita n’yo? “Ngayon ay nasa Langit; ay ba- . . . dumating sa lupa.” Kita n’yo? “Ang Anak ng tao na ngayon ay nasa Langit,” at dito Siya ay nakatayo mismo dito nakikipag-usap sa persona. Ngayon sagutin n’yo sa akin ang isang iyan. Si Jesus at ang Ama ay ang gayun ding-mismong Persona.

³⁷⁹ Tulad lamang ng Banal na Espiritu sa akin; kayo’y tumitingin sa akin na nangangaral, ngunit ito’y hindi ako.

Ito’y hindi ako na kayang mangusap ng isang salita na makapagdadala, tulad ng alam n’yo, isang hayop; umupo roon at tumingin doon, at patayin ang hayop at kainin. Iya’y mapanglikhang kapangyarihan. Iyan ay wala sa isang tao.

³⁸⁰ Ito’y hindi ako na kayang kumuha ng isang munting batang lalaki rito, nakahiga . . . Inihihiga siya ng mga doktor, mayroong problema sa puso, ngayong gabi. At sabihing, “Ganito ang sabi ni William Branham?” Hindi. “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ito’y tapos na.” At dalhin siya roon sa doktor, nang sumunod na araw, at ito’y lahat wala na.

³⁸¹ Isang bata na may leukemia, hanggang ang mga mata nito ay lumuwa na, at naninilaw sa kabuuan, ang tiyan; hanggang dinadala nila ito sa ospital, upang bigyan ito ng dugo at mga bagay, upang maidala man lang ito rito. At sa loob ng limang

minuto, humingi ng isang hamburger! At dalhin ito pabalik sa doktor, nang sumunod na araw, at ni hindi makasumpung ng isang bakas nito. Iya'y "Ganito ang sabi ni William Branham"? Iya'y "GANITO ANG SABI NG PANGINOON!" Gayun pa man, Siya ay isang indibidwal na kaiba sa akin, ngunit ang tanging paraan na Siya ay nahayag sa pamamagitan ko. Kita n'yo?

³⁸² Iya'y kung paano nga si Jesus at ang Ama noon. Sabi ni Jesus, "Ito'y hindi Ako na gumagawa ng mga gawa; ito'y ang Aking Ama na nananahan sa Akin."

Ngayon, "Ang Anak ng tao ay aakyat mula sa Langit, na ngayon ay nasa Langit." Kita n'yo? Ano nga ito? Siya ay sumasa lahat ng dako dahil Siya ay Diyos.

³⁸³ Ngayon, ang isa pang ito, Ako . . . [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya ng minsan—Pat.] Gusto kong sabihin ang mga salitang ito.

Ipaliwang kung ano ang sinasabi mo tungkol . . .

[Blankong bahagi sa teyp. Isang kapatid na lalaki ang nangusap sa kongregasyon.]

Salamat sa Iyo, Amang Diyos. Pinasasalamatan Ka namin para sa Espiritu, ng Iyong katauhang narito. At kami ay nasabihan, Ama, na minsang pagkakataon, nang ang—ang kaaway ay pumapasok, at ang Espiritu ay bumaba tungo sa isang tao at nanghula sa kaniya, at sinabi sa kaniya. Inilalagay nito ang bagay sa kaayusan, kung saan nalaman nila kung paano tumungo at gapiin ang kaaway, at kung saan masusumpungan ang kaaway.

³⁸⁴ At pinasasalamatan Kita, Ama, na Ikaw ay nanatiling ang gayun pa ring Diyos kailanman na tulad Mo mula noon. Ikaw ay sadyang gayun pa rin. Kami ay nagbabago, at ang mga kapanahunan ay nagbabago, at ang mga oras ay nagbabago, at ang mga tao. Ngunit Ikaw ay hindi kailan man nagbago. Ang mga sistema Mo ay siya rin. Ang biyaya Mo ay siya rin. Ang mga gawa Mo ay siya rin, dahil sila ay kamangha-mangha, at isang daang lampas sa anumang karunungan ng tao na maunawaan kailanman.

³⁸⁵ Kaya kami ay lubos na nagpapasalamat, Panginoon, na ang Iyong mga lihim ay naitago sa loob ng mga puso ng Iyong mga lingkod. At kami'y napakasaya dahil dito, Panginoon. At nawa kami ay tumungo bilang nagniningning na mga Liwanag, sa . . . mula sa isang dako tungo sa isa pang dako, at sinisikap, na may pag-ibig, na—na dalhin ang iba papasok; na amin nawang malambatan ang bawat munting sulok, at ihagis ang lambat papasok, para maging tiyak na nakuha namin ang lahat ng isda na para sa Iyo. At pagkatapos kukunin nang Cordero ang Kaniyang Nobya, upang magpasawalanghangan ay mapasa Kaniyang tabi. Kami'y naghihintay para sa panahong iyan, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

386 Gaano karaming may sakit ang naririto, tingnan natin ang inyong mga kamay. Buweno, ito ay mukhang mga halos. . . Itaas muli ang mga kamay ninyo. Mga isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, labingisa, labing dalawa, labing tatlo, labing apat, labing lima, labing anim, labing pito, labing walo, labing siyam, dalawampu. . . [Si Kapatid na Branham at isa pang tao ay nagpatuloy na tahimik na binilang ang mga nakataas na kamay—Pat.] Apatnapu't pito, mga apatnapu't pito. O sige.

387 Ganap na ikalabing isa at kalahati na. Makakapanalangin tayo para sa may sakit mismo ngayon; ilagay ngayong gabi sa—sa. . . Inyo bang, gagawin n'yo ba iyan? [Kongregasyong nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

388 Naniniwala ako na ngayon ay magiging mabuting panahon upang gawin ito. Sasabihin sa inyo kung bakit: ang Banal na Espiritu, nakatayo mismo rito, ay nagpapahid. Ngayon, hangga't sa abot ng ating pagkilos palapit tungo sa Espiritung iyan ngayon, kita n'yo, at nakita n'yo iyang Isang Bagay, alam ninyo iyang Isang Bagay—Isang Bagay ay kasalukuyang narito, kita n'yo. At kung magagawa ninyong manampalataya, kailangan ninyong panampalatayan ito mismo ngayon. Kita n'yo? Kung kayo'y maniniwala, ngayon na.

389 Ngayon, gusto namin na kayo ay lumapit ng talagang tahimik lang. At hayaan yaong mga nasa may pasilyo *roon*, na itinaas ang kanilang mga kamay, pumunta sa pasilyong *ito*, at pagkatapos ay bumaba sa daang *ito*. At pagkatapos kukunin natin sila, pasilyo bawat pasilyo. At apatnapu't lima lamang—apatnapu't lima, apatnapu't pito sa kanila; hindi ito gaanong magtatagal.

390 Hihilingin ko si Kapatid na Neville kung siya'y lalapit, bumaba mismo rito kasama ko, at tayo'y mananalangin para sa kanila.

391 Una, sila na pumupunta ngayon sa pasilyo, tumayo lamang sandali ngayon, para kami ay makapanalangin para sa inyo rito at magpatong ng kamay sa lahat. Ngayon, iya'y tama, sadyang lahat na pupunta sa linya ng panalangin, kita n'yo, sila na pupunta sa linya ng panalangin. Kita n'yo? Ngayon—ngayon, kita n'yo, pagkasyahin ang oras, upang makatiyak tayo na makuha ito, tayo'y mananalangin para sa inyo ngayon.

392 Tingnan, mga kaibigan. Ngayon hayaan akong ipaliwanag ito sa inyo. Sinabi ni Jesus Cristo ito, “Ang mga tandang ito ay lalakup sa kanila na sasampalataya.” Ngayon masdan. Hindi Niya kailanman sinabi, “Kung sila ay manalangin para sa kanila.” “Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may sakit, sila ay gagaling!” At kung ang Diyos ay kumuha ng isang di nabigong kaso ng leukemia, at isang munting batang babae na hindi magagawang magkaroon ng pananampalataya

para sa kaniyang sarili, at ang gawin ang bagay na iyan na ganap na ganap na magaling; kung magagawa Niyang kunin ang sumunod na kaso, isang munting mahinang batang lalaki, at lubusang pagalingin siya hanggang sa ang mga doktor ay ni hindi makasumpong ng reumatikong lagnat sa kaniyang dugo o anupamang ibang bagay; anong magagawa Niya para sa inyo? Ngayon, silang munting maliliit na mga kaibigan, hindi nila nauunawan kung magiging ano ang panalangin. Ngunit ipinatong lamang ang mga kamay sa kanila, at ginawa nito iyon. Mauunawaan natin ito.

Ngayon, habang kayo ay nakatayo, upang manalangin ngayon.

³⁹³ Makalangit na Ama, sa Iyong dakilang Presensiya na naririto, ang dakilang Banal na Espiritu, Yaong nasa amin ang larawan, Yaong nababasa namin sa Biblia, Siya ay kasalukuyang narito mismo rito ngayon. Inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng makataong laman.

³⁹⁴ Kung paanong nakita namin Siya na di nabigo ni minsan, sa lahat ng mga taon, na magagawang ihayag ang mga kaisipan ang puso ng tao, upang ihayag ang kasalanan na ginawa nila, sabihin sa kanila ng eksakto kung anong naganap at anong magaganap, na ni minsan ay hindi nabigo! Kung gayon, alam namin na ang Diyos ni Abraham, Isaac at ng Israel, ay nananatili pa ring Diyos, sa Persona ni Jesus Cristo.

³⁹⁵ At ngayon sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu na bumababa mula sa Langit, sa ilalaim ng Dugo na nabubo sa Kalbaryo, bumaba sa gitna ng mga tao, upang gawin ang Sarili Niyang hayag sa pagkataong laman sadyang bago ang pagsusunog sa sanlibutan; ang dakilang Banal na Espiritu kumakatawan sa pagkataong laman. Yaong mga pinaka mamahal na mga tao na tinanggap ang Dugong pantubos, at ang Banal na Espiritu ay pumasok sa katauhan nila; ang Diyos, kumakatawan sa pagkataong laman.

³⁹⁶ Kung gayon, ito ay hindi magiging pagkataong laman, tanging sa pagsasagawa lamang ng gawa, tulad sa bautismo o iba pa, taglay ang isang komisyon, na, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya." Sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa may sakit, titiyakin ng Banal na Espiritu na sila ay gagaling, kung sila ay sasampalataya. Ngayon, Ama, alam namin na ang mga bagay na ito ay totoo.

³⁹⁷ Ang mga taong itong nangakatayo rito, ay daraan sa ilalim ng mga kamay ng mga ministro na nakatanggap ng Banal na Espiritu, at sila ay handa, Panginoon, upang magpatong ng mga kamay sa may sakit. At alam namin, Ama, na kung ang mga taong ito ay mananampalataya lamang! Sadyang sa bawat Salita na ipinangako Mo, kailangan itong maganap, kaya nga... At hindi ito maaaring mangyari na walang pananampalataya, dahil

imposible na palugurin ang Diyos ng walang pananampalataya. Sadyang hindi namin magagawa ito.

³⁹⁸ At ngayon taglay ang pananampalataya, naniniwala, kalakip ang mga pangakong ito na nakalapag sa harapan namin, kasama ang mga Tatak ng Biblia na nabuksan sa amin, na tutuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita! Nawa ang mga minamahal na mga taong ito, na may karamdaman, Panginoon, . . . at ang nadarama ko para sa kanila, bilang isang tao sa isang mortal na katawan tulad ng sa kanila. At ngayon ang kanilang . . . gayun ding Banal na Espiritu na nananahan sa amin, Panginoon, nananahan sa kanila. At nakadarama kami ng pangkalungkot para sa bawat isa. At alam ang bagong Kasunduan sa bagong Dugo . . . Kung ang lumang iyon ay nag-aalok ng kagalingan, gaano pa kaya ang magagawa ng “bago at higit na mabuting” magagawa? Ama, mangyari nawa ito, na ang mga taong ito ay hindi mabigo, ngunit tatanggapin ang kagalingan nila kapag sila’y dumaan sa mga kamay ng Iyong mga lingkod, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³⁹⁹ Ngayon—ngayon, tayo’y, ang bahaging *ito* ay makakaupo, habang ang bahaging *ito* ay lumalapit. At pagkatapos ang panig na *ito* ay babalik, at ang isa pang panig. . . Ngayon, ang ilan sa inyong mga kapatiran dito, na tatayo. Naniniwala akong kayo ay mga ministro na nasa banda rito, lahat sa inyo banda rian.

Nasaan si Doktor, Kapatid na Ned? Sasama ka ba sa linya ng panalangin, Kapatid na Ned? [Si Kapatid na Ned Iverson ay nagsabing, “Oo. Ako’y tatayo para sa isang tao.”—Pat.] O sige, Kapatid na Ned. Mabuti. Kaagad-agad kapag ikaw ay napanalanginan, sumama ka mismo sa linya.

⁴⁰⁰ Ngayon hayaan ang mga ito sa bahaging ito banda *rito*, umupo lamang sandali, at kukunin ko ang siyang mga mula sa bahaging *ito*. Pagkatapos, pagkatapos tayo’y bababa at kukunin ang gitnang pasilyo, at pabalikin sila sa direksiyong *ito*. Pagkatapos kunin ang pasilyong *ito*, at pabalikin buhat sa pasilyong *ito*, at tayo’y mananalangin para sa lahat.

⁴⁰¹ Hihilingin ko si Kapatid na Teddy. . . Nasaan siya? [Sinabi ni Kapatid na Teddy Arnold na, “Banda rito.”—Pat.] O sige. Gusto kong tumugtog ka roon, “Ang dakilang Manggagamot ngayon ay malapit.” At ang pianista, kung nasaan man sila, kompanyahan siya, kung maari.

⁴⁰² Makinig, natatandaan n’yo ba ang pagkakataon kung saan iyan ay tinutugtog, at isang munting batang lalaki ay dinala sa entablado? Ang munting Amish na babae ang tumutugtog, “Ang dakilang Manggagamot ngayon ay malapit.” Siya ay mayroong mahabang, maitim na buhok, o—o olandesang buhok, pala, isang Mennonite o isang Amish na babae, isa, nakalugay sa likuran ng kaniyang ulo.

403 At nahagip ng Banal na Espiritu ang munting batang lalaki, sa pagpapatong lamang ng kamay; na lumpo sa kaniyang mga paa. At siya ay tumalon mula sa aking mga bisig, at tumakbo pababa sa entablado. Ang ina niya ay tumayo, at natumba patalikod; isang Mennonite, paniwala ko, sa pasimula.

404 At nahagip ng Espiritu ng Diyos ang munting babaeng Mennonite na ito, o Amish, anuman siya. Ang kaniyang ama at sila nakaupo roon, kasama ang . . . nakasuot ng kanilang mga damit, bilang mga Mennonite, o anuman nga iyon. At siya ay tumalon mula sa piano, na ang kaniyang mga kamay nakataas sa hangin. At ang maganda niyang buhok lumugay; siya ay mukhang isang Anghel. Nagpasimulang umawit sa Espiritu; at habang ginagawa niya iyan, ang piano ay tuloy-tuloy na tumugtog, “Ang dakilang Manggagamot ngayon ay malapit, ang mapagsimpatiyang Jesus.”

405 Lahat ng tao nakatayo roon, libu-libo, tumitingin sa mga tipang iyon na gumagalaw taas-at-baba, “Ang dakilang Manggagamot ngayon ay malapit, ang mapagsimpatiyang Jesus.” Ang mga tao ay tumayo mula sa mga upuang de-gulong, mula sa mga tiheras, mga istretser, tumungo sa paglalakad.

406 Iyang siya ring Panginoong Jesus ay narito mismo, sa umagang ito, sadyang Siya rin noong panahong iyon. Manampalataya lamang ngayon.

Tugtugin ang awiting iyan, kung maari, *Ang dakilang Manggagamot*.

Ngayon hayaang manalangin ang lahat.

Hayaan silang lumakad mismo sa silid, bumaba deretso sa daang *ito*, at papunta sa upuan ninyo o kung saan man ninyo gustong pumunta, habang kayo ay naglalakad. Narinig n’yo ba ito ng malinaw sa likod diyan? Mabuti. Kaya, pumunta deretso sa isang upuan, pagkatapos tayo’y tatayo.

407 Ngayon pakinggan. Habang ang mga ito ay pinapanalanginan, kayo ay manalangin para sa kanila. Pagkatapos kapag kayo ay pinanalanginan, sila’y mananalangin para sa inyo.

Ngayon, kayong mga ministro sa tabi rito, tumayo. At nais ko kayong magpatong ng mga kamay sa mga ito habang sila’y dumaraan.

408 Ngayon, lahat, yukod ang ulo, at panatilihing nakayukod ang mga ulo n’yo. Manatiling nanalangin. At kapag kayo ay dumaan, pagkatapos magpatong. . . mga kamay nakapatong sa inyo. Tandaan, ito ay isang pangako ng Diyos na naghayag ng mga lihim ng Kaniyang Aklat, ang mga lihim ng puso ng tao. Siya ay ang Diyos na magkukumpirma niyan, kung paniniwalaan n’yo ito. Kita n’yo? Ngayon lahat dumalangin.

Ngayon kayong mga ministrong mga kapatid tumayo rito, kung marapatin n'yo.

Mabuti, iyukod natin ang ating mga ulo.

⁴⁰⁹ Ngayon, Panginoong Jesus, habang ang mga taong ito ay lumalapit, nawa ang Kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos ay agad bigyang buhay ang kanilang pananampalataya habang sila'y nagdaraan, lahat sa Pangalan ni Jesus.

⁴¹⁰ Ngayon, o sige, hayaang ang linya ay magsimula sa direksiyong *ito*. Tanungin ang bawat isa, magpatong ng mga kamay sa kanila, kayong mga ministro, habang sila'y nagdaraan.

⁴¹¹ [Si Kapatid na Branham at ang mga ministro ay nagsimulang manalangin at magpatong ng kanilang mga kamay sa bawat tao na pumupunta sa linya ng panalangin, habang ang organista ay tuloy-tuloy na tumutugtog ng *Ang Dakilang Manggamot*—Pat.]

Sa Pangalan ng Panginoon Jesus!

Ipinapatong ko ang aking mga kamay, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, aking kapatid na lalaki.

Sa Pangalan ng Panginoong Jesus!

Diyos, ipagkaloob ito sa aking kapatid na babae, Rosella, sa Pangalan ni Jesus.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

⁴¹² [Si Kapatid na Branham ay nangusap sa isang tao, “Manatili ka, bantayan iyan hanggang sa ang linyang iyan ay matapos.”—Pat.]

Sa Pangalan ng Panginoong Jesus! . . . ? . . .

Tandaan, Siya ay mapagpakumbaba. Mapagpakumbabang lumapit.

⁴¹³ [Ang mga salita rito ni Kapatid na Branham ay bahagi lamang ang naririnig, at hindi sapat upang isa-titik ang kumpletong kaisipang ipinahahayag. Ang linya ng panalangin ay nagpatuloy rito sa loob ng anim na minuto at dalawampu't limang segundo—Pat.]

⁴¹⁴ [Blankong bahagi sa teyp. Si Kapatid na Billy Paul Branham ay tumungo sa mikropono at nagsabi, “Maari bang kayong mga kaibigan ay umurong sa likuran, pakiusap? Maari bang kayong mga kaibigan na nakatayo sa pasilyong *iyang*, umalis sa pasilyo at bumalik sa likuran? Manatiling pumupunta sa likuran, pakiusap. Salamat sa inyo. Kayong mga kaibigan sa gitnang pasilyo, maari ba kayong umikot, din?”—Pat.]

⁴¹⁵ [Ang mga salita rito ni Kapatid na Branham ay bahagi lamang ang naririnig, at hindi sapat upang isa-titik ang kumpletong kaisipang ipinahahayag. Ang linya ng panalangin

ay nagpatuloy rito sa loob ng dalawang minuto at dalawampung segundo—Pat.]

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, Kapatid na lalaking Mitchell.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, aking kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan, aking kapatid na lalaki.

Tanggapin ang iyong kagalingan mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babae.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, aking kapatid na babae.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na lalaki.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babaeng...?...

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babaeng...?...

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki.

Tanggapin ang iyong kagalingan.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaking...?...

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babaeng...?...

Tanggapin ang iyong kagalingan mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babaeng...?..., mula kay Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan.

Tumanggap ng kagalingang...?...

Tumanggap ng kagalingan, aking kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babaeng...?...

Tanggapin ang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Tanggapin ang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Tumanggap ng kagalingan.

Tumanggap ng kagalingan.

Tanggapin ang iyong kagalingan.

Tanggapin ang iyong kagalingan.

Tanggapin ang iyong kagalingan mula kay Jesus Cristo.

⁴¹⁶ [Si Kapatid na Billy Paul ay pumunta sa mikropono at nagsabing, “Mayroon pa bang ibang nais pumunta sa linya ng panalangin? Maari ba kayong luminya, pakiusap. Kung mayroon pang ibang nais sumama sa linya ng panalangin, maari ba kayong pumasok, pakiusap.”—Pat.]

Tanggapin ang iyong kagalingan, aking kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

⁴¹⁷ Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babaeng Woods, mula sa kamay ni Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan . . . ? . . .

Tumanggap ng kagalingan . . . ? . . .

⁴¹⁸ Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babaeng Roberson, sa pamamagitan ng kamay ni Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan, aking kapatid na lalaki, sa pamamagitan ng kamay ni Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babaeng . . . ? . . . , mula sa kamay ni Jesus Cristo.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin ang iyong kagalingan. Pagalinginn siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Tumanggap ng kagalingan, kapatid na babaeng . . . ? . . .

Tanggapin ang iyong kagalingan, anak na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae, mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Kapatid na lalaking Weerts, tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaki, mula kay Jesus Cristo.

Kapatid na babae, tanggapin ang iyong kagalingan mula kay Jesus Cristo.

Tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na lalaking . . . ? . . .

Kapatid na lalaki, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo na ating Panginoon, tanggapin ang iyong kagalingan.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin ang iyong kagalingan, aking kapatid na lalaki.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin ang iyong kagalingan, kapatid na babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo . . . ? . . .

419 [Si Kapatid na Billy Paul Branham ay humakbang sa may mikropono at sinabi, “Iyan lang ba ang lahat na nais na maipanalangin para sa ngayon?”—Pat.]

420 [Si Kapatid na Lee Vayle ay nakipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Ipagkaloob nawa ng kamay ng Panginoong Jesus sa iyo, Kapatid na Vayle, ang kahilingang ito para sa iyong minamahal, sa Pangalan ni Jesus.

421 [Si Kapatid na Billy Paul Branham ay nakipagusap sa Kapatid na Branham—Pat.] Billy Paul, kasing dami ng mga tarhetang iyong ipinamahagi, ngayon tanggapin ang iyong kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ang dakilang Manggagamot ngayon ay
malapit,
Ang mapagsimpatiyang si Jesus,
Siya’y nangungusap sa nanlulupaypay na puso
upang sumaya,
Oh, dinggin ang tinig ni Jesus.

Sabay-sabay:

Pinaka matamis na Ngalan sa awitin ng
anghel,
Pinaka matamis na Ngalan sa dila ng mortal,
Pinaka matamis na awiting naawit kailanman,

422 Diyos, tungo rito sa napakarilag na mag-asawa na dinala, sa mundo, isa sa . . . ? . . . Matanggap nawa nila ang kanilang kahilingan, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo.


423 . . . ? . . . ni Jesus Cristo, ang persona nawa ng aming kapatid na babae na mayroon siya sa kaniyang kaisipan mismo ngayon, sumama nawa ang kapangyarihan ng Diyos sa kahilingang iyan. Siya nawa’y mapalaya. Ipagkaloob ito, Panginoon. Amen.

424 Panginoong Diyos, sa Pangalan ni Jesus, ipagkaloob ang kahilingan ng lalaking ito. Ako’y dumadalangin para sa kaniya, Panginoon, kasama ang aking dalangin. Amen.

425 Oh, hindi ba ito’y kamangha-mangha! [Kongregasyon ay nagsaya at nagsabing, “Amen.”—Pat.] Ako ay naniniwala na kung ang bawat tao na dumating dito, sa umagang ito, sa ilalim ng kamangha-manghang pagpapahid na ito, ako—ako’y naniniwalang kung kayo lamang. . . Ngayon huwag tumingin pataas para sa ilang dakilang anong bagay. Tandaan lamang

ang simpleng bagay ng paniniwala sa kung anong Kaniyang ipinangako.

⁴²⁶ Ngayon sabihin nating lahat ito ng sama-sama. Kami [Kongregasyon nagsabi ng, “Kami”] ay hindi tumitingin [“ay hindi tumitingin”] para sa anong bagay na malaki. [“para sa anong bagay na malaki.”] Ngunit, sa Pangalan ni Jesus, [“Ngunit, sa Pangalan ni Jesus,”] tinanggap namin ang Kaniyang pangako. [“tinanggap namin ang Kaniyang pangako.”]

⁴²⁷ Iyan ang umayos nito. Iyan ang tumapos nito lahat. [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen,” at nagpuring malakas—Pat.] Amen! Pagpalain kayo ng Diyos! 

ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangangilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org